


# *SAKDAL NA KAPANGYARIHAN*

## *SA PAMAMAGITAN NG*

### *SAKDAL NA KAHINAAN*

 Magandang umaga, mga kaibigan. Napakainam pa rin na makaparito ako muli ngayong umaga gayong maulan, tapos sinabayan pa, ng pag-ulan ng niyebe. Alam kong marami sa inyo ang medyo nahirapang magmaneho, galing pa sa malayo. At mayroon nga tayong ilang . . . mga minamahal na kaibigang galing pang Chicago at Alabama at Georgia at Tennessee at Illinois at sa lahat ng dako, sa ganitong lagay ng panahon, kaya kami'y . . . nananalig na ipagkakaloob sa inyo ng Diyos ang Kanyang pag-iingat sa inyong paglalakbay. At dalangin namin na ingatan Niya kayo sa mga daan, dito sa mga mapanganib na daan dahil may kadulasan ang mga ito sa panahon ng taglamig. At grabe nga sa lalawigang ito sa panahon ng taglamig. Pero pinakamagandang lalawigan naman sa tagsibol o sa taglagas, ngunit sa panahon talaga ng taglamig at sa panahon ng tag-init napakagrabe talaga rito.

<sup>2</sup> Ngayon, sa tingin ko'y hindi pa naman nila ito nirerekord. Kaya nais kong maglahad ng pahayag patungkol sa nakaraang Linggo, sa mensahe. Ang dahilan kung bakit ko—ko pinigilang maipalabas 'yung teyp at di ko sila pinahintulutang ipamahagi ang teyp, ilabas 'yun, hayan nga't, dahil kailangan ko munang tingnan 'yun. Madalas kasi, ang paraan, ng pagsasabi ko ng mga bagay-bagay sa iglesyang ito rito ay hindi katulad ng paglalalatag ko sa publiko, hayan nga't magiging katitisan pa 'yun minsan. At kung minsan pinagmumulan pa 'yun ng mga agam-agam sa mga kasamahan natin dito sa tabernakulo. Hayan nga't . . .

<sup>3</sup> Hindi ko po sinasabi ito (sinasabi ang mga gayong bagay) para lang maiba, pero kung minsan sa ilalim ng pahid may mga bagay ka sa sarili mo . . . na hindi ka mangangahas na sabihin sa mga tao. Subalit kung minsan sa ilalim nga ng pahid ay masasabi mo pa rin, kita n'yo, at hindi mo 'yun mapapansin. At isa sa mga bagay na naniniwala akong nasabi (nung nakaraang Linggo) na maaaring pagmulan pa ng . . . ay nung nabanggit ko ngang hindi ako naniniwala kailanman sa pagtatawag para sa pagdulog sa altar. Kita n'yo?

<sup>4</sup> Nais kong sabihin 'yun at linawin 'yun upang maunawaan n'yo. Hindi kailanman nagtawag para sa pagdulog sa altar sa buong Biblia. Walang ganoong bagay sa Kasulatan. Walang

ganoon sa pagdaan ng mga kapanahunan hanggang dumating ang panahon ng Methodist, mga dalawang daang taon na ang nakalilipas, kita n'yo.

<sup>5</sup> Yun kasing pagtatawag nila sa altar hayan nga't kanilang palalapitin 'yung mga tao at sisikapin silang hikayatin talaga at pilitin ang mga tao, "Halika rito, John. Alam mo ba, sila. . . ang nanay mo'y namatay, sa kapapanalangin sa iyo. Halika na, John." Hindi mo kasi mapagtatanto ang iyong kasalanan sa ganoon, mga kaibigan. Hindi nga. Kapag ganoon—ganoon kasi, hayan nga't. . . bihira ka lang makababalita na may nararating ang isa man sa kanila. At, tuloy, nagkakalabo-labo na. Yun ang dahilan kung bakit wala sa ayos ang iglesya gaya ng kalagayan nila ngayon, ay dahil nga sa ganoong mga bagay.

<sup>6</sup> Para mapagtanto mo ang iyong kasalanan, hindi mo na nga kailangan pang magsalita ng kagaya nun, kapatid, nariyan po ang Diyos at tapos na ngang ganapin ang gawa. "Samantalang nagsasalita si Pedro ng mga Salitang ito ay bumaba ang Espiritu Santo sa kanila na mga nakikinig ng Salita." Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? Walang pagtatawag sa altar, kita n'yo, walang ganoong bagay.

<sup>7</sup> Ngayon, ang altar ay dako kung saan mananalangin unang-una sa lahat ang sinumang tao pagpasok na pagpasok niya sa simbahan, luluhod sa altar, tahimik na mananalangin sa Diyos at dudulog ng panalangin ng kahilingan na—na ukol sa mga mahal nila sa buhay, at magpapasalamat sa Diyos para sa kung anumang ginawa nila para sa kanila, at pagkatapos babalik na sa kanilang kinauupuan.

<sup>8</sup> Gayundin ang simbahan ay ang dako kung saan ang Salita ng Diyos. . . "At nagsisimula ang paghuhukom sa Bahay ng Diyos," kung saan pinaairal ang paghuhukom ng Salita. Yun nga lang. . . Talagang binago na natin 'yan ngayon.

<sup>9</sup> Ngayon, uulitin ko wala akong anumang laban sa kanino mang nagtatawag sa altar, kita n'yo. Siyanga. . . At kahit ako nga mismo nagtawag na rin, at magtatawag pa marahil ako ng marami nun sa pag-usad ko. Ngunit sa akin lang naman. . . Kita n'yo, masyado kayong—kayong—kayong naglulumagi rito. At wala namang kaso 'yun, walang masama dun. Mainam 'yun. Kita n'yo?

<sup>10</sup> Hayan nga't, makinig, sabi ni Jesus, "Walang makalalapit sa Akin maliban na ilapit muna siya ng Aking Ama. At lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin." Siyanga. Kung ganoon naman pala, kita n'yo, 'yung kanilang. . . Wala palang kinalaman 'yung pagtatawag sa altar kung ganoon. Kita n'yo? Kita n'yo po? "Ang *lahat* ng ibinigay ng Ama. . ." Ang inyong. . .

<sup>11</sup> Ang pinagagawa sa atin—sa atin ay "ipangaral ang Salita." Ang sabi roon ng Biblia, "Ang lahat ng nagsisampalataya ay

nangabautismuhan.” “Mangagsisi kayo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad, kapatawaran ng mga kasalanan.” Ano? “Mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, kita n’yo, at tatanggapin ninyo ang kaloob na Espiritu Santo.”

<sup>12</sup> Ngunit minsan hinihikayat at pinipilit at tinatakot n’yo ang mga tao, at hinihimok ang mga tao na ganun ang gawin . . . Ang dapat sana’y lalapit ang mga tao na may malinaw na pag-iisip, mahinahon, nasa ilalim ng kumbiksiyon, na tanggapin si Cristo. At pagkatapos ang unang-unang bagay na gagawin nila pagkatanggap nila kay Cristo habang nakaupo sila sa kanilang mga upuan, ang kasunod nga’y mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan ’yun na napagtanto nilang nagkamali sila. Ganoon sila mapapatawad sa kanilang mga pagkakasala, kita n’yo. Sa dahilang nangagsisi sila; nabautismuhan bilang patotoo sa mga tao, na, “Tinanggap ko na si Cristo bilang sarili kong Tagapagligtas”; pagkatapos karapat-dapat ka na para sa Banal na Espiritu.

<sup>13</sup> At, ngayon, maraming tao ang ganoon pa rin ang ginagawa, nanghihikayat at nagtatawag sa altar, at parang ganoon, na ayos lang naman. Ayos lang naman ’yun, walang kaso ’yun sa palagay ko, kung mayroon diyan na gustong gawin ’yan. Pero, sa akin, hindi kasi ito nakabatay sa Kasulatan, kita n’yo, kaya kung ako lang—ako lang talaga mas gusto ko pang manatili na lang sa Kasulatan.

<sup>14</sup> At kaya po pinigilan kong maipalabas ang teyp dahil kung ilalabas n’yo ’yun ay tiyak na makatatanggap tayo ng limang daang liham bawat linggo para sagutin. Bawat . . . may kanya-kanya kasing tradisyon ang bawat isa na kapag natapakan mo, at kahit ’yun naman ang dapat gawin, patuloy pa rin naman nilang gagawin.

<sup>15</sup> At sa palagay ko, sa maraming pagkakataon, medyo may pagka mapanuri ako sa mga bagay-bagay na tulad n’yan. At hindi ko naman ninanais na maging ganoon ako, ngunit kung minsan talagang tawag ’yun ng mga katungkulang nakaatang sa akin, kita n’yo, sadyang—sadyang ganoon ka dapat. At kaya sa palagay ko nama’y mauunawaan ’yun ng mga tao.

<sup>16</sup> Ngayon, lubos tayong nagpapasalamat na mayroon pa rin tayong isang mabait na Makalangit na Ama na Siyang—Siyang tumitingin lampas sa mga kamalian natin at hindi na ibibilang ang mga ’yun laban sa atin.

<sup>17</sup> Kanina’y nagbabasa ako roon sa Aklat ng—ng Mga Taga-Roma, sa ika-4 na kabanata, kung saan may isinulat si Pablo roon na—na Banal na komentaryo sa buhay ni Abraham. Ngayon, alam natin na si Abraham sa maraming pagkakataon ay naliligalig din gaya natin. Ngunit noong . . . maisulat na ang

komentaryo patungkol sa kanya, walang anumang pagkaligalig ang nabanggit dun, kita n'yo, hindi man lang nabanggit. Sabi:

*Si Abraham sa pagtingin niya sa pangako ng Dios ay hindi nagalinlangan sa pamamagitan ng di pananampalataya; kundi lumakas ng lumakas...na pinupuri ang Dios;*

<sup>18</sup> Kita n'yo, at umaasa akong ganyan din nawa ang maisulat patungkol sa akin Doon, hindi ang mga mali ko at kung anu-ano pa, kundi kung ano 'yung pinagsusumikapan kong gawin, 'yung hangad ng puso ko na gumawa para sa mga hinirang ng Diyos.

<sup>19</sup> At ngayon nagsama-sama tayo sa umagang ito para—para pagsaluhan ang isang maikling mensahe na inihain sa atin ng Panginoon para maihatid nawa sa mga tao. At umaasa akong makabubuti ito sa inyo at makabubuti rin sa akin, 'pagkat nagsama-sama tayo at nabubuhay sa isang matinding panahon, at huling mga araw. Kaya bago lamang tayo manalangin, nais kong bumasa sa ilang mga dako sa Salita; isa bago manalangin, at isa uli pagkatapos nating manalangin. At bago ang lahat, sa pagbubukas ng gawain natin dito sa bahaging ito Rito, nais ko munang bumasa mula dun sa Aklat ng Mga Hebreo. Sa ika-11 kabanata ng Mga Hebreo, at sa ikatatlumpu-...ika-32 talata, ang simula, nangungusap tungkol sa *pananampalataya*.

*At ano pa ang aking sasabihin? dahil kukulangin ako ng panahon kung sasaysayin ko ang tungkol kay Gideon,...kay Barac,...Samson,...Jefte;... David,... Samuel, at sa mga propeta:*

*Na ang mga ito sa pamamagitan ng pananampalataya'y nagsilupig ng mga kaharian, nagsigawa ng katuwiran, nangagtamo ng pangako, nangagtikom ng bibig ng mga leon,*

*Nagsipatay ng bisa ng apoy, nangakatanan sa talim ng tabak, at sa kahinaan...nagsilakas, naging mga makapangyarihan sa pakikipagbaka, nangagpaurong ng taga ibang lupa, ng mga hukbong taga ibang lupa.*

*Tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay sa pamamagitan ng pagkabuhay...at ang iba'y nangamatay sa hampas, na hindi tinanggap ang kanilang katubusan; upang kamtin nila ang lalong mabuting pagkabuhay na maguli:*

*At ang iba'y nangagkaroon ng mga pagsubok... pagkalibak...pagkahampas, oo, bukod dito'y sa mga tanikala...at bilanguan naman:*

*Sila'y pinagbabato, pinaglagari, pinagtutukso sila,... pinagpapatay sa tabak:...nagsilakad na paroo't parito na may balat ng mga tupa't kambing; na mga salat,... at tinatampalasan;*

20 Masdan n'yo ang mga nakalagay na panaklong:

*(Na sa mga yaon ay hindi karapatdapat ang sanglibutan.) na nangaliligaw sa mga ilang, at sa mga kabundukan, at sa mga yungib at sa mga lungga ng lupa.*

*. . . ang lahat ng mga ito, nang sila'y mapatotohanan na dahil sa kanilang pananampalataya, ay hindi kinamtan ang pangako:*

*Na ipinaghanda ng Dios ng lalong mabuting bagay tungkol sa atin, upang sila'y huwag maging sakdal ng bukod sa atin.*

21 Kapag binabasa-basa ko ang mga kuwentong 'yan ng mga magigiting na sundalo, naisip ko kung saan kaya maihahanay ang munting patotoo natin kasama ng mga tao na 'yan sa Araw na 'yun.

22 Bago lamang tayo manalangin, mayroon ba ritong nais na maisama sa panalangin sa Diyos? Itaas lamang n'yo ang inyong kamay, at anuman ang pangangailangan n'yo ay makita nawa Niya at pakinggan at ipagkaloob ito sa inyo ngayon habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

23 Mapagbiyaya at mapagmahal naming Ama, dumudulog kami sa Iyong Luklukan nang may buong pagpapakumbaba ngayong umaga sa Pangalan ni Jesus, na Iyong Anak, upang maghandog ng panalangin para sa aming mga sarili at para sa iba. Iyo nawa unang-una sa lahat, Panginoon, ipagpatawad sa amin ang lahat ng aming pagsalangsang at aming kasamaan. At nang sa gayon maipanalangin namin ang iba, Panginoon, na sila rin naman ay mapatawad.

24 At dahil diyan mas mapapalapit ang Iyong Iglesya sa Iyo. Sapagkat tunay nga, Panginoon, sa puso namin ay naniniwala kaming nakahanda Ka nang gumawa ng isang gawa sa Iyong Iglesya, nakahanda nang agawin Ito mula roon sa sanlibutan at mailipat sa Kaharian ng Diyos. Subalit, Panginoon, tulungan Mo kami na maihanda ang aming mga sarili para sa oras na 'yan. Ang umagang ito nawa ang maging panahon, Panginoon, na mula sa pinaka indibiduwal hanggang sa lahat-lahat kami ay "Itabing walang liwag ang bawat pasan at ang kasalanang pumipigil sa amin, upang aming takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan namin."

25 At idinadalangin ko, Makalangit na Ama, sa oras na ito, na pagalingin Mo po ang mga maysakit at ang mga nagdurusa. Maraming nagdurusa sa buong bansa, at maraming salot, at mga "virus" gaya ng tawag dito ng mga doktor. Dinadalangin ko pong ang Iyong kapangyarihang magpagaling, Panginoon, ay malagay sa mga tao na 'yun.

<sup>26</sup> Hayan nga't marami sa kanila ang dumayo rito sa munti naming pagtitipon ngayong umaga. Maraming bumiyahe nang daan-daang milya, mula pa kagabi at sa buong magdamag at hanggang sa mag-umaga, ngayong araw, at marahil nahirapan sa pagmamaneho para makarating lang dito sa tabernakulo. At umuulan pa ng niyebe at madulas ang daan. Diyos, dalangin naming higit Mo po silang pagpalain. Tunay ngang marami sa kanila ang kailangang isakripisyo ang malaking bahagi ng kita nila na para sa pagkain sana nila sa sanglinggo, o para sa iba sanang bagay, o para sa iba sana nilang gastusin, pero ginamit nila para sa gasolina at iba pang bagay, para makadalo.

<sup>27</sup> Diyos, ang sinumang lumalapit sa Iyo na walang laman ay hahayong punung-puno. Ipinangako Mo iyon. At idinadalangin kong pupunuin Mo ang kanilang mga puso at mga sisidlan (ng kanilang mga kaluluwa) hanggang sa mapuno ng mabubuting bagay ng Diyos upang humayo sila na nag-uumapaw sa "galak na di-masayod at puspos ng Kaluwalhatian." Nawa'y sadyang mag-umapaw ang mga kopa ng mga katangi-tanging taong ito, ng espirituwal at mabubuting bagay na buhat sa Diyos.

<sup>28</sup> Pagpalain Mo po ang bawat kamay, talastas Mo ang bawat pangangailangan sa likod ng mga kamay na narito, Panginoon. Hinihiling kong lalo Mo pa silang pagpalain. Nakita Ka namin noong nakaraang linggo kung papaanong mahimala Mo ngang tinugon ang panalangin sa loob ng ilang saglit, sa panahon ng matinding pangangailangan at karamdaman at mga problema. Ikaw nga ang Diyos, na palaging nariyan, nakatayo sa tabi ng Kanyang mga lingkod. Idinadalangin ko, Diyos, na tumayo Ka po sa tabi ng mga narito ngayong umaga. Ipagkaloob sa kanila ang minimithi, Panginoon, ng kanilang puso. Naniniwala po akong hindi sila humihiling dahil sa makasariling bagay, dahil may anumang—anumang masamang balak sa likod nun. Akin pong dinadalangin na pagpapalain Mo sila.

<sup>29</sup> At ngayon, Ama, alalahanin Mo ako ngayon, at maisantabi ko po nawang lubos ang sarili ko... Lahat kami, magmula sa pastor hanggang sa—sa pinaka bata, mailagay nawa namin ang aming mga sarili sa altar ng Diyos at mabuksan ang mga puso namin at mapakinggan namin ang Espiritu Santo habang nangungusap Siya sa amin. Maiposisyon nawa ang aming mga sisidlan ng Iyong pagpapala-... upang masalinan ng Iyong mga pagpapala, habang nakatayo sa tamang pagkatayo. Pagkatapos ay ibuhos Mo po ang kapangyarihan ng Langis na pamahid sa kanila. At pagkalooban Mo kami ng kalakasan, Panginoon, na kakailanganin namin para sa mga araw na aming kakaharapin. Ipagkaloob Mo po ang pagpapalang ito. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>30</sup> [Kausap ni Kapatid na Branham ang isang may sinasabi sa kanya patungkol sa isang tawag sa telepono—Pat.] Hindi ko pa alam. Kunin mo na lang siguro ang numero niya at sabihin mo

sa kanya na tatawagan ko na lang siya pagkatapos ng gawain. Hindi ko pa alam.

<sup>31</sup> Ipanalangin n'yo ako. Si Kapatid na Jack Moore 'yun sa telepono, at hinihikayat pa rin niya akong pumaroon ngayong linggong ito. Kita n'yo? Sadyang sa tingin ko'y parang hindi . . . pa ngayon tamang pumunta roon, kita n'yo, at kaya hindi ko pa alam kung anong gagawin ko. Mahal ko si Kapatid na Jack. At may malaking pagpupulong na gaganapin doon at nilaktawan niya ang ilang tao, gaya ni Booth-Clibborn at ang iba pa, na puwede niya sanang anyayahan dun. Samantalang di naman ako sigurado, pero nagpalagay na siya ng mga anunsyo, nilagay na pupunta raw talaga ako. Kaya para bang obligado na akong—akong pumunta, kita n'yo. At ako . . .

<sup>32</sup> At, ngayon, muli po natin ngayong buklatin sa Ikalawang Mga Taga-Corinto, at simulan natin dun sa ika-12 talata ng Ikalawang Mga Taga-Corinto, at bumasa tayo ng isang talata ng Kasulatan para gawing teksto, kung loobin ng Diyos. Unang Mga Taga-Corinto, sa . . . O Ikalawang Mga Taga-Corinto, pala, sa ika-12 kabanata at sa ika-9 na talata. Nais kong basahin ang unang bahagi . . . O ang ikalawang bahagi ng ika-9 na talata, kaunting bahagi nito:

*At siya'y nagsabi sa akin, Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagka't ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan . . .*

<sup>33</sup> Hayaan n'yong basahin ko Itong muli ngayon para makuha n'yo nang husto ang teksto:

*At siya'y nagsabi sa akin, (ang Diyos 'yan na nakikipag-usap kay Pablo), Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagka't ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan . . .*

<sup>34</sup> At kung bibigyan natin ng pamagat itong teksto ko rito ngayon, nais kong gamitin 'yung, kapangyarihan . . . *Sakdal Na Kapangyarihan Sa Pamamagitan Ng Sakdal Na Kahinaan*. Sa kahinaan natin ay may kapangyarihan tayo. Isa nga itong di-pangkaraniwang teksto para sa . . . sa isang Pentecostal na pagpupulong, ang kunin . . . talakayin ang isang teksto tungkol sa *kahinaan*, dahil lagi nating pinatototoong “ang lakas-lakas natin.”

<sup>35</sup> At gaya nga ng sinasabi ko kanina, na, itong bagay na ito'y ipinapanalangin ko lamang sa buong sanglinggo para mabatid ko kung ano ba ang nararapat sa akin na dalhin sa harapan ng kongregasyon. Kung paparito lang ako para mapakinggan n'yo ako, mas nanaisin ko pang pakinggan na lang ang iba ngayong umaga na tumayo rito.

<sup>36</sup> Sa katunayan po, mga dalawang araw na ang nakalilipas, nasa Kentucky ako kasama ng mga kamag-anak ni Kapatid na Gabehart doon. Paalis na ako roon sa lugar nila, ng kalugod-

lugod na kapatid na ito at ng kanyang maybahay at pamilya at lahat sila, noong sumagi ito sa isip ko.

<sup>37</sup> Bumisita ako sa isang tahanan bago ako tumuloy sa kanila. Nakatayo ako sa labas, at nagpasabi kasi 'yung ginang, "Gusto ko po sanang makausap ang ministrong 'yun." At tumuloy ako sa munting tahanan nila. At nandun siya . . . Sabi niya, "Kayo po pala si Kapatid na Branham?"

At sabi ko, "Opo madam."

<sup>38</sup> Sabi niya, "Pasensya na po sa hitsura ng bahay ko," at sabi niya, "nahihiya nga po akong anyayahan kayo sa loob." Bigla na lang siyang umiyak. Sabi niya, "Subalit may—may malaki akong pangangailangan at may buong kompiyansa ako sa iyo."

<sup>39</sup> At mangyaring sa ating Kapatid na babaing Cox pala 'yung tinuluyan namin sa—sa dakong 'yun, isang—isang munting lola na dala-dala ang isang teyp rekorder at bumibisi-bisita sa mga kapitbahay at ipinaparinig 'yung mga teyp. Ganoon nga! Doon nga nila ako nakilala! Kita n'yo?

<sup>40</sup> Tumingin-tingin ako sa paligid ng tahananang 'yun, munting hamak na tahanan, parang ganun lang sa kinalakhan ko, pero ang dingding nama'y punung-puno ng mga larawan ni Cristo. Sa mesa ay may nakapatong na Biblia. Sabi ko, "Hindi pa ako nabibigyan ng ganitong kagandang pribilehiyo sa buong buhay ko, ganitong-ganito kasi 'yung klase ng tahanan na gustong-gusto kong puntahan." Humiling siya ng isang kahilingan para sa isang tao. At limang oras mula nang sandaling manalangin kaming magkasama, kami ng munting lolang 'yun at ako ay magkasamang nanalangin, tumugon agad ang Diyos.

<sup>41</sup> Pagkatapos nanalangin uli kami, at si Nanay Cox at ako at pati sila na mga nakapalibot sa mesa noong umagang 'yun, ay yumuko at humiling sa Diyos na bigyan kami ng oportunidad para makagawa ng isang bagay buhat sa pagsisikap na nagawa niya. At, pagkatapos naming hilingin 'yun, nagbukas ang Diyos ng isang oportunidad. Nakita n'yo na? Diyos nga Siya!

<sup>42</sup> Pilit nating ginagamit na dahilan ang mga kahinaan natin. Ang gusto nating masabi ay 'yung kung gaano ba tayo kalaki, kung gaano tayo kagaling. Sa palagay ko'y isa 'yan sa dahilan kung bakit . . . ibinigay sa akin ng Diyos ang tekstong ito, para pawiin 'yan sa isip natin. Kita n'yo?

<sup>43</sup> May mga maliliit na bagay tayong nagagawa. At 'yan ang rason kung bakit tayo nagsisimba, ang malaman kung nasaan ang mga pagkakamaling 'yan, at ang mga bagay na maaari pa nating maisaayos sa mga sarili natin. Kung nagsisimba tayo para sa iba pang layunin maliban diyan, ikinalulungkot kong sabihin na wala tayong gaanong nakukuhang pakinabang sa pagdalo sa simbahan. Pumaparito tayo para alamin ang mga kahinaan natin, alamin kung saan-saang banda tayo mahina at ang . . . hayan nga't . . . makita kung gaano tayong kahina, para mailagak



natin ang ating tiwala sa Isa na makapangyarihan. Subalit sa ating mga kahinaan . . .

44 Marami sa atin ang gustung-gustong sinasabi-sabi o iniisip na kapos tayo at, kaya, ginagamit 'yan na dahilan, "Wala akong pinag-aralan, wala akong kakayahan, hindi ko kayang gawin *ito*." At kung patuloy n'yong gagawin 'yan at gawin 'yan lagi, patuloy n'yong gagawin 'yan, wala kayong kahihinatnan. Subalit 'yang mismong mga bagay na 'yan na ginagawa nating dahilan, sa pamamagitan ng ating mga kahinaan, gagamitin ng Diyos ang mismong mga bagay na 'yan para harapin natin ang pinagagawa sa pamamagitan nun. Kita n'yo? Hinihintay Niya tayong humantong sa ganoong kalagayan upang magamit Niya tayo. Siguro'y gagawa tayo—tayo ng kung anu-anong dahilan at sasabihin, "Buweno, hindi ko—ko—ko—ko kayang gawin *ito*, kapos ako. Hindi ko—ko kayang gawin *ito*." Pero gagamitin ng Diyos ang mismong bagay na 'yan para gawin ang pinagagawa sa pamamagitan nun. Siyanga.

45 Yan ang dahilan kung bakit Kanyang—Kanyang pinili tayo, sapagkat nasa ganoon tayong kalagayan. Ngayon, para bang kakaiba naman 'yun, pero sa ilang minuto ay dadako tayo kung bakit ganun, kung loloobin ng Diyos.

46 Ating—ating nalaman, gaya ng nababasa natin, na ang mga kahinaan at ang maitakwil . . . at nalaman nga natin dun na ang mga taong gaya nun na pinakamahihina at ang mga itinatakwil ng sanlibutan sa labas, ay siya palang mga bayani ng Diyos, na nasa unahan ng pakikipagbaka't nananagumpay, ginagamit sila na—na . . . sa pakiramdam nila'y hindi sila karapat-dapat.

47 May isang kapatid na lalaking Methodist, tatlo silang dumadalo sa isang simbahan dito sa Ohio, sa hilagang Indiana. Sabi nila sa akin di pa gaanong katagalan, sabi, "Kapatid na Branham," sabi, "natanggap na namin ang Banal na Espiritu, hahanapin na ba namin ngayon ang mga kaloob para sa aming pagmi-ministeryo?"

Sabi ko, "Huwag n'yong gawin 'yun! Hayaan n'yo lang."

48 At bumaling siya at tiningnan ako, sabi, "Kababasa ko lang sa isang aklat ng isang kapatid na ang sabi niya dun sa amin ay kapag natanggap na namin ang Banal na Espiritu ay 'dapat na naming hanapin ang mga kaloob namin,' para gamitin 'yun ng Espiritu Santo."

Sabi ko, "at pagkatapos ano magiging hambog!" Kita n'yo?

49 Kung mapapansin n'yo sa Biblia, palaging 'yung mga pilit na tumatakas dito, ang siyang ginagamit ng Diyos. Hangga't ang isang tao'y . . . atat na atat na gumawa ng isang bagay at nag-aakalang may sapat siyang kakayahan na magagawa niya ang isang katungkulan, hindi kailanman magagamit ng Diyos ang tao na 'yun. Tingnan n'yo si Moises, tumakas; tingnan n'yo si Pablo, tumakas; at ang iba pa sa kanila, tumatakas talaga.

50 Sabi ko, “Huwag kayong maghanap ng kung ano. Kung may bagay na talagang para sa inyo galing sa Diyos, Kanyang ipagkakaloob talaga ito sa inyo.” Kita n’yo? “Basta’t ipaubaya n’yo na lang sa Kanya at Siya na ang bahala roon.” Sabi ko, “Hayan tuloy at dumating tayo sa panahong ito, gaya ngayon, na atat na atat ang lahat na gawin ang *ganito* at gawin ang *ganoon* at maging isang tinatanyag na tao. Tingnan n’yo kung ano tuloy ang kinahinatnan natin dahil diyan, kita n’yo.”

51 Imbis na pinipilit na matanyag dapat sana’y nagsusumikap—nagsusumikap tayong malaman kung gaano ba tayo talagang kababa. Kita n’yo? At pagkatapos ay maaari na tayong gamitin ng Diyos. May ilan po ako ritong mga Kasulatang nakalista na gusto kong isa-isahin, sana, pero ako’y . . . tayo’y . . . baka wala na akong oras para gawin pa ’yun. Ngunit tayo’y . . .

52 Pansinin n’yo na dapat pala’y mga—mga pinakamahihina at mga itinakwil, hayan nga’t halos bawat bayani ng Diyos na pinadadala sa unahan ng pakikipagbaka ay gayong uri ng tao. Isang tao na itinakwil, isang tao na iniisip na kapos siya, isang tao na wala talagang kakayahan, at pagkatapos ay masasabing ang tao na ito’y ang naaangkop talaga para gamitin ng Diyos. Siyanga. Yun bang nakakaramdam sila na parang hindi naman nila kaya, na wala silang anumang kayang gawin, doon nga sila mahahawakan ng Diyos at magagamit para sa isang bagay. Kita n’yo? Hayan nga’t . . . Subalit kapag iniisip nating kaya natin itong gawin, hindi tayo magagamit ng Diyos dahil gusto natin itong gawin sa ganang atin.

53 At, hayan nga’t, kahit ganoon, nakakadama tayo ng ganyan at iniisip natin tuloy na kapos tayo, at ayaw nating gawin ito; ngunit kung makikinig lamang tayo sa pagtawag ng Diyos, ’yan na ’yan mismo ang katayuan na ninanais ng Diyos na marating natin, ’yung ganoong klase ng kalagayan, upang magagamit Niya tayo.

54 Kung mga salat tayo, sa mga sarili natin, magpapasa-ilalim tayo sa Espiritu ng Diyos. Hangga’t iniisip natin kasing kaya natin itong gawin sa sarili natin, hindi natin ito magagawa. Subalit kung lalagay tayo sa isang dakong alam nating hindi natin ito kayang gawin, ipapasa-ilalim natin ang ating sarili sa Diyos at Siya ang gagawa. Kaya kung ganun pala na sa sarili lang nating pagsusumikap na gawin ’yun ay mabibigo talaga tayo, subalit kung ipapasakop lamang natin ang ating sarili sa Diyos ay tunay ngang hindi mabibigo ang Diyos. May isang bagay lang kasi na hindi magagawa ng Diyos, at, ’yun ay ang mabigo. May kakayahan Siyang gawin ang anupamang ibang bagay maliban sa mabigo. Hayan nga’t hindi Siya puwedeng mabigo.

55 Kaya hangga’t sa sarili lang natin itong pagsusumikap at nakadepende tayo sa sarili nating kakayahan, at kung anu-ano pa, buweno, wala talaga tayong magagawa. Pero kung lalagay

tayo sa isang dako kung saan alam nating wala talaga tayong kabuluhan, magagamit pala tayo ng Diyos.

<sup>56</sup> Ang mahalagang bagay pala, isa sa mahahalagang bagay na dapat nating lupigin . . . Ngayon tatandaan n'yo ito, lalong-lalo na kayong mga batang-bata pang mangangaral, at mga iba pang miyembro rito. May isang bagay tayong dapat lupigin kung umaasa tayong maisasakatuparan ang nasain ng Diyos sa ating buhay, iyon ay, kailangan nating lupigin ang kaisipan tungkol sa *kakayahan ng tao*. Kung hahantong tayo sa isang dako kung saan iniisip nating magagawa natin ang isang bagay sa sarili nating katalinuhan at sa sarili nating mga kakayahan, kailangan nating lupigin 'yun sa paraan na kaya nating iwaksi ang bagay na 'yun at isantabi 'yun nang sa gayon ay magamit tayo ng Diyos. Siyanga.

<sup>57</sup> At ganap na sumuko! Hindi natin magagamit ang anumang kakayahan. Kailangan nating sumuko nang ganap! At, upang makalapit sa Diyos, kinakailangan mo ngang isuko sa Kanya ang buong kaluluwa, katawan, at espiritu. Ang lahat ng kung ano ka ay kinakailangan talagang maisuko sa Diyos, nang sa gayon ay magawa Niya ang kalooban Niya sa inyo at sa akin.

<sup>58</sup> Ngayon, napakahirap nun, alam ko, 'pagkat palagi nating gustong ipasok ang bahagi natin, isang bagay na *nalalaman* natin, 'yun bang may alam kasi tayo sa mga bagay-bagay na 'yun. Sasabihin natin, "Buweno, ang alam ko—ko kasi'y dapat ganyan ito." Subalit hangga't ginagawa mo 'yan sa ganyang paraan ay magiging mali 'yan, at hindi kailanman magagamit ng Diyos ang pagsusumikap na 'yan. Marahil (sa tulong ng Panginoon) dadako tayong riyang sa ilang mga minuto, at para maipakita talaga sa inyo na hinding-hindi magagamit ng Diyos ang kakayahan n'yo.

<sup>59</sup> At 'yan na 'yan ang nangyayari sa sanlibutan sa panahon ngayon: lagi na lang dumedepende sa karanasan sa seminaryo, masyadong nakasentro sa kung anong natapos na edukasyon, masyadong nakasentro sa kung sinu-sino bang kakilala mo o kung saan-saan kang denominasyon konektado, nakadepende tayo sa isa't isa, nakadepende tayo sa mga mahuhusay na tao.

<sup>60</sup> Sinasabi dun ng Biblia, "Papaano ninyo makakamit ang pananampalataya kung kayo'y . . ." Tingnan po natin, ano bang pagkakasabi nun sa Kasulatan? "Papaano ninyo makakamit ang pananampalataya kung ipagpapauna ninyo ang kapurihan ng isa't isa?"

<sup>61</sup> Kapag umaasa tayo sa isang tao, sinasabi, "Ang lalaking 'yan, isa siyang kahanga-hangang tao. Isang kahanga-hangang tao talaga, mananalig talaga ako sa kanya," nasusuklam ang Diyos kapag ganyan ang gagawin n'yo. Dapat tayong manalig sa Diyos at sa Diyos lamang! Hindi dapat tayo nagtitiwala sa

mga sarili nating kakayahan o kahit kaninuman. Ang dapat ay lubos tayong nagpapasakop sa Diyos.

<sup>62</sup> Walang kakayahan, wala akong pakialam kahit kanino pa 'yan, hinding-hindi 'yan magagamit sa harapan ng Diyos. Kailangan kasing alisin ng Diyos ang lahat ng mga kakayahan natin sa atin bago Niya maisakatuparan ang Kanyang layunin. Kung may bagay Siyang ipinagagawa sa atin, at pagkatapos ay sa pakiramdam natin ay maayos nating nagagawa 'yun sa ganang atin, hindi talaga tayo kailanman magagamit ng Diyos.

<sup>63</sup> Ngayon, sasabihin n'yo, "Grabe naman 'yang pinahahayag mong 'yan, Kapatid na Branham." At grabe namang—namang talaga, pero hayan nga't kayo mismo ang tumingin sa paligid at alamin n'yo kung totoo ba ito o hindi.

<sup>64</sup> Tumingin kayo sa paligid n'yo ngayon diyan sa lahat ng sa akala natin ay dakilang tagumpay na nagawa natin, at tingnan n'yo kung saan na naroon ang Cristianismo sa Estados Unidos? Pagmasdan n'yo ang lahat ng kaiglesyahan at denominasyon natin, at ang ating mga ebanghelista at mga malalaking gawain ukol sa pagpapagaling, at lahat ng iba pang ginagawa natin, at ano na? Mas masahol pa kaysa noong pasimula! Mas masahol ngayon kaysa noon, dahil ginagawa natin ito sa kakayahan ng tao.

<sup>65</sup> Nagtitipun-tipon sila at kay haba-haba ng pananalangin at lalabas sila dun. At noong isang araw nga'y napakarami nila't aabot yata sila ng, sandaan at limampung libo o parang ganun, nagtipun-tipon sila, kapwa Protestante at Katoliko; umusal ng kaunting panalangin, at dumulog ng kaunting panalangin, at sumambit ng kaunting panalangin, at kung anu-ano pa. Hindi naman na nila kailangang magtipun-tipon pa roon, dahil wala naman 'yung halaga sa harapan ng Diyos.

<sup>66</sup> Ngayon, kung para bang nambabatikos na ako, patawarin n'yo po ako. Kita n'yo? Ngunit aking—aking . . . Kailangan n'yo kasing ipagpukpukan ang bagay na 'yan. Kita n'yo? Kailangan n'yong idiin nang husto ang pako sa dapat nitong pagdiinan.

<sup>67</sup> Hayan nga't ano ba kasing mabuti ang naidulot nun? Wala naman. At wala talaga 'yung maidudulot na mabuti hanggang sa kalimutan ng bawat tao roon na nagsasabing Cristiano sila ang sarili nilang kakayahan at magpapasakop nang tuluyan sa Diyos.

<sup>68</sup> Hayan nga't matutupad ng Diyos ang Kanyang layunin sa pagpapadala . . . hindi ng isang rebaybal, kundi, kapatid, Siya'y magpapadala muna ng pagpuksa, siyanga, upang *magkaroon* tayo ng rebaybal. Kailangan kasing mamatay muna kayo bago kayo maipanganak na muli, at 'yun nga ang kailangan n'yo . . . Ang kailangan Niya'y mamatay muna tayo sa mga sarili natin. Kailangang mamatay ang tabernakulong ito, at kasama na ako roon. Lahat nga tayo, kailangan natin ng—ng pagpuksa upang

makamtan natin ang isang rebaybal ng isang bagong buhay, isang bagong katayuan, isang bagong pag-asa, isang bagong karanasan! Kailangan muna natin ng isang araw ng pagtangis.

<sup>69</sup> Kailangan nating humantong sa isang pagpapasakop sa Espiritu sa halip na dumedepende na lamang tayo nang lubos sa kaka-aral at sa ating mga programa, at ating . . . ating mga naglalakihang mga pagpupulong at sa lahat ng dinaraos natin. Lagi kasi tayong—tayong—tayong umaasa sa pakikipag kapit-bisig sa kung sinu-sinong iba't ibang ministro na puwedeng makapitan. Umaasa tayo sa maraming bilang . . . “Kung hindi tayo marami, aba, huwag na nating ituloy. Huwag na tayong humayo sa iba't ibang siyudad kung hindi tayo aabot sa bilang na 'yan.” At pagkatapos, kapag ginagawa natin 'yan, para tayo n'yan ngayong isang makina ng carbon na kahit napakalaki ay pakarag-karag naman, kita n'yo.

<sup>70</sup> Kaya kailangan nating—nating lumayo sa bagay na 'yan, sa kakayahan ng tao. Kailangan nating humantong sa isang dako kung saan maisusuko natin ang ating mga kaluluwa at mga buhay, maging kayo man ay ginang ng tahanan, magsasaka, mekaniko, o kung sino man tayo, kailangan nating lubos na sumuko sa Diyos at malaman na “wala tayong kabuluhan.” Pagkatapos ay kikilos na mula riyan ang Diyos. Hayan nga't kikilos na Siya, gagawa. At para sa lahat ito, sa bawat isa. Iyan nga ang—ang dapat nating gawin.

<sup>71</sup> Pinatutunayan ng kasaysayan, maging ng panahon natin ngayon, pinatutunayan (ng kasaysayan) na laging pumipili ang Diyos ng mga di katangi-tanging tao upang maging Kanyang katangi-tanging tao. Ang ginagamit ng Diyos ay 'yun bang mga walang saysay.

<sup>72</sup> Sa panahon ngayon, maliban na may magandang teolohikal na pinag-aralan ka, mas mabuti pa sigurong huwag ka na lang sumubok na humayo sa siyudad, mas mabuti pang huwag ka na lang sumubok na magdaos ng isang pagtitipon. Ngunit kung may maganda kang pinag-aralan, may matitinding pagsasanay at kung anu-anong kredensyal, maaari kang pumunta sa kahit anong siyudad diyan at tiyak maraming tataguyod sa iyo, para makapagdaos ka ng malaking pagtitipon. Buweno, hindi 'yun isang pagtitipon . . . Isang pagtitipon marahil, gaya ng anumang pagtitipon, pero ano kayang kabutihan ang maidudulot nun? Kita n'yo, ganoon—ganoon pa rin naman . . . Mahihikayat mo sigurong dumulog 'yung mga dalagita't mga binatilyo, na may—may nguya pang gum at dudulog sa altar, at pati kababaihan at kalalakhian na magsidulog para lang masabing “nakadulog sila sa altar,” mahihikayat mong pumasok sila sa isang silid para aralan at lalabas para naman mawisikan o mailubog, o anumang 'yan, pero matapos—pero matapos naman ang isang taon . . .

<sup>73</sup> Sabi ng isa sa mga natatanyag na ebanghelista natin, kung masisiguro lamang niya ang kaligtasan ng sampung porsiyento ng mga naakay niya sa loob ng isang taon, magiging masaya na siya roon. Kaya, ibig sabihin, kung isang libo ang naakay niya, sa susunod na taon ay dapat, maka-sampung libo na siya. Kita n'yo, lihis sa tunay na layunin, nalilihis tayo sa layunin.

<sup>74</sup> Ang ilan sa atin ay nakasandig sa intelektuwal na kaisipan, “Oh,” gaya nitong, “isang-alam-lahat, isang iskolar ang taong ito. Dapat nating sanayin ang mga tao natin at pag-aralin sila.”

<sup>75</sup> Ang iba naman ay binabatay ito sa kung anu-anong uri ng sensasyon ng—ng paggalaw, panginig, pag-iyak, paghiyaw, pagsayaw sa Espiritu, o kung anu-ano pa, isang emosyonal na gawang panlabas. At kasing mali rin 'yan ng pinag-aaral sila! Kung hindi ka makuha ng diyablo sa panig na *ito*, itutulak ka niya sa panig namang *iyon*.

<sup>76</sup> Subalit ang talagang nararapat, ay huwag kang umasa sa sarili mo o anumang kaya mong gawin, dahil ang kailangan ay isang ganap, lubos na pagsuko ng mga kahinaan mo sa Diyos, at 'yung masabi mong, “Narito ako.” Walang kahit ano, walang sariling kakayahan ang maaari mong panaligan!

<sup>77</sup> Magsaliksik kayo pabalik sa Kasulatan at alamin n'yo, heto nga't naisulat ko rito ang mga Kasulatan na tinutukoy ko. Ilan diyan sa mga Kasulatan na 'yan, nalaman nating ang ginagamit sa tuwina ng Diyos ay 'yung mga di katangi-tanging tao upang maging Kanyang katangi-tanging tao. Lagi Siyang kumukuha nung mga itinakwil ng sanlibutan, itinakwil ng makabagong panahon, at ganoong uri ang pinupulot Niya upang gamitin.

<sup>78</sup> Pansinin n'yo ang—ang mga apostol. Isipin n'yo si Pedro, na mangingisda, walang sapat na pinag-aralan para maisulat man lang ang sarili niyang pangalan. Si Juan, isang mangmang at walang pinag-aralan. Ang mga lalaking gaya nila! Nilampasan Niya ang mga mararangal at mga edukadong saserdote at ang mga nababantog noong araw na 'yun, ang mga iskolar, ang mga miyembro ng iglesya, at 'yung kinuha. . . imbis na 'yung mga tao na sa tingin nila ay mga katangi-tangi sila, ang pinulot ay 'yung mga di katangi-tanging tao at sila ang ginamit.

<sup>79</sup> Ngayon, ang isang katangi-tanging tao ay maaari rin namang maging isa sa Kanyang katangi-tanging tao, maaari silang gamitin ng Diyos kung nakahanda silang kumalimot na sila ay katangi-tangi. Kung nakahanda kang kalimutan na isa kang *katangi-tanging tao* at maging isang *di katangi-tanging tao*, ibig sabihin maaari kang gamitin ng Diyos at gawin kang katangi-tangi. Kita n'yo? Subalit kailangan mong kalimutan muna na isa kang napakaimportanteng tao.

<sup>80</sup> Marami sa atin, marami sa atin ay ganyan ang ginagawa sa—sa buhay. Kahit na naging ano na. . . Ang ilan diyan, kahit na naging mga Cristiano na, nagiging arogante pa, malamig ang

loob, ganoon nga, hayan nga't kabaligtaran ang tinatahak na landas. Paurong sila sa halip na pasulong. Gayong . . .kung mas marami kang matatanggal na ikaw sa loob mo, mas maraming puwang ang puwedeng paglagyan sa loob mo para pumasok sa iyo ang Espiritu Santo.

<sup>81</sup> Gaya ng sinabi ni Eliseo kay Josaphat at sa mga kasama niya, sabi, "Punuin ninyo ang lugar na ito ng mga hukay. Kung mas lalaliman n'yo ang hukay, mas marami kayong magiging puwang para sa tubig." Hayan nga't kung mas marami tayo sa sarili natin, mas—mas maraming basura ng ating sariling mga kakayahan ang maitatapon natin palabas sa atin, magkakaroon tayo ng mas maraming puwang para punuin tayo ng Espiritu ng Diyos; basta't naisin lamang nating gawin 'yun.

<sup>82</sup> Si Pablo, gaya nung binasa natin kanina rito sa—sa Mga Taga-Corinto, sa Ikalawang Mga Taga-Corinto, nalaman nga natin na ang lalaking ito ay isa palang dakilang tao. Isa siyang iskolar, isang dakilang tao. Subalit kinailangan niya munang kalimutan ang lahat ng kanyang nalalaman, upang makilala niya talaga si Cristo.

<sup>83</sup> Sige po . . .babasahin ko ang isa sa mga Kasulatang narito, kung gusto n'yong—n'yong makibuklat sa akin. Buklatin natin sa Unang Mga Taga-Corinto, sa ika-2 kabanata at sa unang talata, nang madali. At basahin natin dito pansumandali kung ano ang sabi ni Pablo, ang dakilang edukadong lalaking ito, kung anong masasabi niya tungkol sa sarili niya mismo, kung anong kinailangan niyang gawin. Unang Mga Taga-Corinto, sa—sa ika-2 kabanata ng Unang Mga Taga-Corinto, at simulan natin sa unang talata. Pakinggan n'yo ang iskolar na ito.

<sup>84</sup> Dumaan sa matinding pagsasanay ang lalaking ito. May kakayahan siyang makapagsalita ng halos anumang wika na mayroon sa mundo. Hayan nga't ipinagmamalaki niya 'yan. Pinalaki siya sa ilalim ng mahigpit na sekta ng mga Fariseo, at isang Fariseo ang kanyang tatay. Pagkaraan ng ilang panahon siya'y naging "Fariseo ng mga Fariseo," at ang ibig sabihin nun ay siya na ang—ang pinakamahigpit sa lahat ng mga Fariseo. Isa siyang dakilang lalaki. At mayroon siyang kapangyarihan, at matalino siya.

<sup>85</sup> Binigyan siya ng kanyang tatay ng edukasyon sa ilalim ng pinakamahusay na guro na mahahanap sa buong lupain, kay Gamaliel, na siyang pinakadakilang guro noong panahong 'yun sa kahit anumang paaralan. Naging ganung uri ng tao si Pablo. Natuto siya ng bawat wika. Natuto siya ng sikolohiya. Natuto siya ng lahat ng iba't ibang bagay na mayroon . . . at natuto siya ng dapat niyang matutunan. At sumandig siya roon nang husto sa—sa tabernakulo ng mga—ng mga saserdote habang kasama ang—ang sikat. At naging abala siya sa paghahasik ng gulo sa Iglesya.

<sup>86</sup> Pakinggan n'yo ang siya ring lalaking ito, taglay ang lahat ng edukasyong nakamit niya, pagkatapos niyang matanggap si Cristo. Pakinggan n'yo ang sinabi niya. Kahit gaano pa siyang kalakas at makapangyarihan, kinailangan niyang kalimutan 'yun. Kinailangan niyang mapagtantong hindi siya maaaring dumepende lang sa sarili niyang kakayahan. Kinailangan niya ngang mapagtantong ang nakamit niyang edukasyon ay walang kabuluhan. Kinailangan niyang mapagtanto, na ang lahat ng pagsasanay na pinagdaanan niya, lahat ng mga bagay na 'yun na pinaghahandaan niya kaya siya nagsasanay ay kinailangan niya palang kalimutan. Pakinggan n'yo siya rito ngayon.

*...ako, mga kapatid, nang pumariyan sa inyo, . . . ay hindi ako napariyan na may kagalingan sa pananalita . . . o karunungan, kita n'yo, na nagbabalita sa inyo ng patotoo ng Dios.*

Hindi ako napariyan sa inyo para sabihin sa inyo, "Ngayon, ako si Doktor Saulo mula sa Paaralan ng *Ganito-at-ganoon*, ako 'yung . . . mula sa dakilang sekta ng denominasyon dito." Hindi ako napariyan sa inyo na tulad n'yan.

*Sapagka't aking pinasiyahang walang maalaman anoman sa gitna ninyo, maliban na si Jesus Cristo, at siya na napako sa krus.*

<sup>87</sup> Hayan, pakinggan n'yo ang patotoo ng isang lalaking tulad n'yan.

At pinasiyahan kong walang malamang anuman tungkol sa inyong mga kakayahan. Alam kong walang anumang nasa sa inyo at pinasyahan ko lang na malaman ang isang bagay na nakikita ko sa inyo, at 'yun si Jesus Cristo at Siya na napako sa krus. Ang Tagapagligtas na napako sa krus sa gitna ninyo, 'yun lang ang kailangan kong malaman.

<sup>88</sup> Pakinggan ninyo siya.

*At ako'y nakisama sa inyo na may . . . (kadakilaan ba? May ano raw?) . . . kahinaan, at may katakutan, at . . . lubhang panginginginig.*

<sup>89</sup> Nakikinita n'yo ba ang isang lalaki, isang Fariseo ng mga Fariseo, isang guro ng mga guro, isang taong sinanay mula pa sa pagkabata (para sa pagmi-ministeryo) para maging mahusay sa pagsasalita at maging matalino at magaling, na papariyan siya sa harapan ng mga tao na gaya lang ng mga taga-Corinto at sasabihin, "Nakisama ako sa inyo na may kahinaan, at may takot, at lubhang panginginginig"? Isang tao na nagpabaligtad sa mundo, ang pinakadakilang misyonero na nakilala kailanman, hayan nga't nagpahayag na siya'y "napariyang may kahinaan," hindi bilang sinanay na iskolar, kundi "may kahinaan, may takot," upang di siya malihis sa Daang tinatahak. "May labis na panginginginig," sapagkat hindi siya makakapanalig sa sarili niyang kakayahan.



90 Ang dahilan kung bakit siya “natatakot,” hindi dahil may kinatatakutan siyang kung anong bagay, kundi natatakot siya na baka hindi niya malugod ang Diyos sa isang bagay, na mahaluan niya Iyon ng sarili niyang kakayahan; isang bagay na kanyang natutunan, na kanyang . . . Sinasabi niya nga sa kanila na, “Hindi ako napariyan sa inyo na mayroon nitong mga kagalingan sa pananalita (napariyan ako sa inyo na may *takot* na baka pumariyan ako nang ganoon), subalit napariyan ako sa inyo na walang anumang nalalaman kundi si Cristo, at Siya na napako sa krus.”

*At ako’y napariyan sa inyo na may takot, at kahinaan,  
at may lubhang panginginig.*

*At ang aking pananalita at ang aking pangangaral  
ay hindi sa mga salitang panghikayat ng karunungan,  
kundi sa patotoo ng Espiritu at . . . kapangyarihan:*

91 Pakinggan n’yo ang lalaking ito na isang mandirigmang hinubad ang kanyang sarili. Amen! Kung may anumang kailangan ang mga paaralan natin ngayon, kung may anumang kailangan ang mga iglesya natin ngayon, ay ang paghuhubad nga ng kanilang mga sarili, ng ating mga sariling pag-iisip at ng ating sariling mga kakayahan. Hubarin n’yo ang inyong sarili sa harapan ng Diyos baka magsubok pa kayong gumawa ng isang bagay sa ganang inyo.

92 Umaasa akong inyong . . . tatagos ’yan nang malalim sa atin, kapwa rito sa atin at sa mundong nararating nitong teyp, din, na mapagtanto ninyong kailangan n’yong maging walang alam. Hindi maging isang-alam-lahat, hindi isang dakilang katangi-tanging tao, kundi isang *di katangi-tanging tao*. Kailangan n’yong . . . kailangan n’yong isipin na alikabok lamang kayo. Kailangang humantong kayo sa isang kalagayan na iniisip n’yong wala kayong kabuluhan. At huwag n’yong kailanman pangigingibabawan ito, sapagkat sa oras na pangibabawan n’yo ito ay pinangingibabawan n’yo na ang Diyos. Kailangan n’yong panatilihin ang inyong sarili sa alikabok at sa daan patungong Damasco. Kailangan n’yong masubasob mula sa pagkakasampa diyan sa inyong mataas na kabayo. At ang bagay na ito ay para sa lahat ng dako, dito man at sa mundong nararating ng teyp.

93 “Ang aking pananalita,” sabi niya, “ay hindi . . . sa mga salitang panghikayat ng tao at sa karunungan ng tao, kundi sa patotoo ng Espiritu ng kapangyarihan.”

94 Ngayon masdan! “Upang ano, Pablo? Bakit ganoon?”

*Kapangyarihan! Upang ang inyong pananampalataya  
ay huwag masalig sa karunungan ng mga tao, kundi sa  
kapangyarihan ng Dios.*

95 Oh, nakapakadakila talagang mangangaral! Ang dakilang lalaking ito na . . . Hinanap niya ang Diyos, at sabi niya, “Diyos, ako ay mahina at hindi ko—hindi ko alam ang gagawin ko. Heto

po ako't sadyang dumadalangin sa Iyo, Diyos, na ako'y bigyang kalakasan at alisin ang aking mga kahinaan mula sa akin, at ang mga bagay na ito, upang ako'y mas lumakas."

<sup>96</sup> Nagsalita sa kanya ang Diyos, sabi, "Pablo, ang Aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa iyong kahinaan."

<sup>97</sup> Pagkatapos sabi ni Pablo, "Pagka ako'y mahina, ako nga'y malakas. Oo!" Sabi niya, "Kaya nga...ako'y magpupuri sa aking mga pagdurusa sa aking mga kahinaan at sa mga bagay na gaya nito. Pinasalamatan ko ang Diyos na naalis ko nang lahat ito sa akin. At kapag maalis ko nang lahat sa akin ang mga bagay na ito, kung gayon makapapasok na ang Diyos. Pero hangga't mayroon pa rin akong tinitirang ako sa loob ko, kung ganun ay hindi makapapasok ang Diyos."

<sup>98</sup> Hayan po, hayan nga, pilit natin—natin kasing sinusupil Siya. Itinutalak natin Siya palayo sa pamamagitan ng ating... Mula sa pinakadukha sa atin hanggang sa pinakamayaman sa atin, mula sa pinakamababa hanggang sa pinakadakila, pilit nating inilalayo ang Diyos sa ating mga buhay dahil sa mga sarili natin mismo.

<sup>99</sup> Madalas kong sinasabi, "Ang pinakamatinding kalaban na mayroon ako ay si William Branham." Siya kasi ang nariyang nakahambalang sa daraanan ng Diyos. Siya 'yung palata-lata roon. Siya 'yung nasa dakong 'yun na kung minsan nakakapag-isip siya na may maganda siyang magagawa para sa bagay na 'yun, at, kapag ginagawa niya 'yun, naitutulak niya tuloy ang Diyos palabas mismo sa eksena. Subalit kung mapapaalis ko ang lalaking 'yan, kung mailalagay ako sa isang kalagayan na maitabi siya palayo sa daraanan, hayan nga't makakadaan na ang Diyos at makagagawa na ng mga bagay na walang kaalam-alam na kahit ano si William Branham.

<sup>100</sup> Sa ganyang kalagayan ka magagamit ng Diyos. Sa ganyang kalagayan Niya magagamit ang sinuman sa inyo. Magagamit Niya ang sinuman kapag umalis tayo sa pagkakahambalang natin sa daan. Subalit hangga't hinahambalang natin ang mga sarili natin sa daan, kung gayon ay hindi tayo magagamit. Sige.

<sup>101</sup> Ngayon nalaman nga natin, na ang dakilang lalaking ito, si Pablo, isa siyang—isang prinsiphe sa gitna ng mga mangangaral. Mataas ang tingin sa kanya ng mga denominasyon. Magagawa nga ng lalaking ito na dumayo sa isang bayan at makapagdaos ng pagtitipon kahit saan. Dahil bakit? May mga kredensyal siya. Aba, napakadakila niya, at determinadong-determinado siyang sugpuin ang lahat ng mga mahihina, hayan pa nga't nakakuha siya ng kapahintulutan mula sa punong saserdote, na siyang may mataas na kapahintulutan noon, upang talian ang bawat isa sa kanila na mga Cristiano roon. Isang politikal na kapangyarihan mula sa kanyang iglesya, na talian silang lahat! Oh, makapangyarihan siya! Kaya niyang talian ang mga

Cristiano at ipagtatapon sila sa bilangguan dahil ayaw nilang makiayon sa kanya dun sa doktrina niyang teolohikal, na mga doktrina ng mga Fariseo at Saduceo. Tinatalian niya ang mga Cristiano.

<sup>102</sup> Ngunit, pansinin n'yo, siya mismo'y kailangang matalian, din naman, upang makawala sa pagkakatali, sa pagkakatali sa sarili niyang lakas at kapangyarihan. Siya mismo'y natalian, din naman, upang makawala sa pagkakatali sa kapangyarihan niyang mapagpanali. Kinailangan niyang makawala mula sa kung sino siya dati, nang sa gayon siya mismo'y matalian.

<sup>103</sup> Nilalampanan ng Diyos ang mga bantog na personalidad! Nilampasan Niya ang mga saserdote. Nilampasan Niya 'yung mga matataas ang tingin sa sarili. At ang pinili Niya'y si Pablo, ang dakilang lalaking ito, at ipinasubasob sa alikabok ng lupa at ginawa siyang kumilos. . . na gaya ng ikinikilos nung iba pa. Kanyang pinakilos sila. . . pinakilos siya sa gayunding paraan na gaya nung mga taong tinutugis niya. Kanyang tinalian si Pablo sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, upang makawala siya mula sa taglay-taglay niyang sariling kapangyarihan na nananali ng mga Cristiano. Masasabi n'yo ba sa akin na hindi alam ng Diyos ang Kanyang ginagawa? Kanyang inalis ang lakas ng naturang lalaking 'yun nang sa gayon ay makawala ang lalaking 'yun sa sarili niyang—sariling pagkakahawak.

<sup>104</sup> Napakarami sanang ministro ang magagamit ng Diyos sa umagang ito kung hahayaan lang sana nilang matalian sila ng Diyos sa Kanyang Salita at sa Kanyang kapangyarihan, at mapakawalan mula sa kapangyarihan ng mga denominasyon at mga organisasyon! Napakarami sanang mga matatapat na tao sa siyudad na ito, sa mismong umagang ito, na nagsisipagdalo sa mga naglalalaking simbahan ng iba't ibang organisasyon, napakarami nga sana sa kanila ang mapupuno Niya ng Banal na Espiritu, at ang bansang ito ay pag-aalabin sa Ebanghelyo at sa kapangyarihan, kung tatanggapin lang sana ng mga taong ito at makakawala sila mula sa pagkakatali sa kanilang mga sariling kapangyarihan at hayaang matalian sila ng Espiritu Santo, upang maging gaya ni Pablo, na isang alipin ng pag-ibig sa Diyos!

<sup>105</sup> Kinuha ng Diyos si Pablo at ginawa siyang isang alipin, itinali ang lalaking ito sa Sarili Niya Mismo at ipinadala siya sa mga Gentil na kinamumuhian ng lalaking ito. Ngunit, kita n'yo, hayan nga't kinailangan niyang makalagan mula dun sa kanyang pangsimbahang kapangyarihan, upang matalian siya sa kapangyarihan ng Diyos. Kinailangan talagang mawala sa kanya ang sarili niyang kapangyarihan at manghina at maging walang kabuluhan, upang matanggap niya ang kapangyarihan ng Diyos, maitali sa Diyos, upang gawin ang anumang sabihin ng Diyos na gawin niya.

<sup>106</sup> Yan na 'yan ang kailangan nating gawin sa panahong ito. Yan na 'yan ang kailangan ko. Yan na 'yan ang kailangan ng sinuman, ang makawala sa kanyang sarili, makawala sa sarili niyang kakayahan, makawala sa kung ano siya, nang sa gayon magkaroon siya ng ganap na pagpapasakop sa Espiritu Santo. Kailangan 'yan ng isang maybahay. Kailangan 'yan ng isang batang pumapasok sa eskuwela. Lahat tayo. . . maging ng mga maliliit nating anak.

<sup>107</sup> Isang maliit na batang lalaki ang biglang pumasok sa isip ko, kahapon ng hapon o noong isa pang araw bago kahapon, o basta nung isang araw, pumasok 'yung batang ito dun sa loob at pinasagutan niya sa ate niya 'yung takdang-aralin niya kaya mabilis tuloy natapos, tapos lumabas siya at sinabi niya sa iba pang mga batang lalaki, sabi, "Whew! Ang dali-dali naman ng mga tanong." Kita n'yo, tinuturuan sila, halos, na mandaya.

<sup>108</sup> Gaano pa kayang mas mainam. . . At kung tutuusin ay mga haligi pa sila sa iglesya. Gaano pa kayang mas mainam kung ang gagawin na lang ni Tatay, isang umaga sa oras ng agahan, sasambit siya, "Magkakaroon ng pagsusulit ngayong araw na ito si John. Oh Diyos, samahan mo po si John! Tulungan Mo po si John! Hiniling niya sa akin sa kuwarto ngayong umaga, sabi niya, 'Tatay, ipanalangin mo ako para ngayon, kailangan kong manaig sa pagsusulit. Ipanalangin mo ako.'"

<sup>109</sup> Mas gugustuhin ko pang makakuha ang anak kong lalaki ng isang—isang nararapat, na disenteng "F" sa kard niya, ng bagsak, kaysa malaman kong nakakuha siya ng diretsong "A" pero nandaya naman. Siyanga, po! Ang kailangan nga natin ay makawala sa sarili natin, ganap na umasa sa kapangyarihan ng Diyos.

<sup>110</sup> Ngayon, "maitali." Nilalampasan ng Diyos ang mga bantog na personalidad at ginagamit 'yung mga may kahinaan. Nilalampasan ng Diyos 'yung mga nag-aakalang marami silang alam, para gamitin 'yung mga walang kahit anong nalalaman upang maisagawa ang Kanyang layunin sa buhay nila. Ganyan ang natatamo natin.

<sup>111</sup> Sinabi ng Diyos kay Pablo, "Ang Aking kapangyarihan ay sakdal sa iyong kahinaan. Ang Aking—Aking kapangyarihan ay nagiging mas lalong sakdal habang lalo kang nanghihina. Habang lalo kang nagpapasakop sa Akin ay mas lalo Kitang higit na magagamit. Habang lalo mong nililimot ang tungkol sa edukasyon mo, habang lalo mong nililimot ang tungkol sa denominasyon mo, habang lalo mong nililimot ang tungkol sa mga bagay-bagay sa iyo at ipinapasakop ang iyong sarili sa Akin, mas lalo Kitang magagamit. Pagkat sa panahong ikaw ay nanghihina, Aking—Aking paiigtingin ang Aking Sariling layon."

112 Kayang gumawa ng Diyos ng kalakasan mula sa kahinaan! Iyan nga ang dahilan kung bakit palagi Niya 'yung ginagawa. Noong pinili nga Niya ang Kanyang mga alagad, sino bang mag-aakalang . . .

113 Hayan nga ang kababaan ng Kanyang Sariling Anak noong maisilang Siya sa isang pasabsaban, sa isang kamalig na punung-puno ng dumi ng hayop, sa isang kulungan ng baka, at nababalot ng lampin! Kita n'yo, kung tutuusin puwede naman Siyang maisilang sa isang palasyo. Kung tutuusin puwedeng-puwede naman Siyang pumanaog sa mga pasilyo ng Langit, at lahat . . . ng mga Anghel ay sasaludo pa. Subalit pinili Niyang gawing Halimbawa si Cristo sa atin, para sa atin, at Kanyang iniluwal nga Siya sa kababaan.

114 Hindi Niya Siya sinanay sa mga paaralan ng sanlibutang ito, kundi Kanyang sinanay Siya sa pamamagitan ng Kanyang Sariling kapangyarihan, upang . . . para Kanyang ipagpasakop nang ganap ang Kanyang Sarili, hindi sa mga kaisipan ng tao o sa kapangyarihan man ng sanlibutan, kundi ipagpasakop ang Kanyang Sarili sa kapangyarihan ng Diyos.

115 At ganito naman tayo ngayon, ipinagpapasakop natin ang mga sarili natin sa naglalakihan nating mga denominasyon at mga dakong pinaghaharian. Ipinagpapasakop natin ang mga sarili natin sa denominasyon, sa kung anong sinasabi nito, sa kung anong sinasabi *nila* tungkol dito. Subalit salungat naman 'yan sa kalooban ng Diyos. Kailangan nating ipagpasakop ang ating mga sarili sa Espiritu ng Diyos at pumaroon kung saan бага sinasabi ng Espiritu na pumaroon. Siyanga.

116 Ang mga Hebreo ng Diyos na ating . . . o mga sundalo ng Diyos, pala, “mga bayani.” Nabasa natin kanina sa Aklat ng mga Hebreo, sa ika-11 kabanata at sa ika-34 na talata.

. . . *nagsilakas sa mga kahinaan, . . .*

117 Kinailangan nga nilang makaranas ng panghihina bago sila magsilakas. Nagsilakas sila sa kanilang mga kahinaan. Sa inyo riyon na nililista itong mga Kasulatan, heto po, Mga Hebreo 11:34. Sige.

118 Heto nga ang isang bagay na nagpapasaya sa atin. Heto po ang isang bagay na nagpapasigla sa atin. Doon sa kahinaan at kababaang-loob ay pinipili ng Diyos ang mga tao na bubuo sa Kanyang Kahariang tinatayo. Hayan nga't kapag nasa Langit na tayo, kapag naroon na tayo sa Presensya ng Diyos kasama ng Kanyang Iglesya, tatayo tayong kasama ng isang grupo ng mga taong minsang mahihina at itinakwil at inayawan ng sanlibutan, at mga-walang-alam.

119 Hindi ba't nakapagtata kang itinulad tayo ng Diyos sa isang tupa? Ang tupa ang pinaka walang kalaban-labang nilalang na mayroon. Wala nang mas sasalat pa sa pagtatanggol ng sarili kaysa sa tupa. Ang kuneho nakakatakbo; ang squirrel nakaka-

akyat ng puno; ang aso nangangagat; ang leon nananakmal; ang kabayo nananadyak; ang ibon nakakalipad; pero ang tupa wala man lang kalaban-laban.

<sup>120</sup> At ganyan sana ang nais sa atin ng Diyos. Ang mapagtanto nating lubos tayong salat, at pagkatapos nun ay maaari nang kunin ng Diyos ang taong 'yun at simulang imolde ang Sarili Niya sa taong 'yun; ipagawa sa mga kamay ng taong 'yun ang anumang gagawin ng mga kamay ng Diyos, papagsalitain ang mga labi ng taong 'yun ng anumang sasalitain ng mga labi ng Diyos; sapagkat hindi na kanya ang mga 'yun, sa Diyos na ang mga 'yun. Hayan nga Siyang humuhubog ng isang katangian, sa pamamagitan ng pagkuha sa kahinaang 'yun at gawin 'yung Kanyang Sarili Mismo.

<sup>121</sup> Kanya tayong dinala rito sa lupa, pero . . . Naging edukado tayo, naging matatalino. Napansin n'yo ba 'yung mga lahi, 'yung mga sinaunang salinlahi? Hayan nga't, ipagpahalimbawa natin, itong si Abel, mula kay Abel ay lumitaw si Seth; hayan nga't nagtuluy-tuloy ang lahi ni Seth, hanggang makarating sa panahon ni Noe, lahat sila'y sadyang hamak na magsasaka lamang. Subalit 'yung mga naging anak ni Cain sila'y naging matatalino, tuso, edukado, mga dakilang tao, mga tagapagtayo, mga dalubhasang tao.

<sup>122</sup> Subalit 'yung mga nasa panig ng Diyos ay mahihina at aba. Sa ganoon ngang kalagayan sila ginamit ng Diyos. Nagkaroon ang Diyos ng pagkakataon. Ganoon kasi ang paraan ng Diyos upang makalapit sa atin, dun nga sa panahong mahihina tayo. Nagkaroon tayo ng pag-asa. Hayan nga't nakakapagpalakas ito ng loob, tunay nga, 'pagkat ang buong Kaharian ng Diyos ay binubuo ng ganoong uri ng mga tao. Kaya kapag ganoon ang magiging kalagayan natin ibig sabihin pala'y tayo—tayo ay . . . tayo'y kabilang dun sa Kaharian Niya.

<sup>123</sup> Ang problema nga lang, sa atin, ay . . . hindi 'yung dahil napakahina natin, ang problema ay sadya tayong napakalakas. Tayo'y—tayo'y—tayo'y sadyang napakalakas nga. Ganoon nga. Hayan nga't iniisip nating napakalakas natin. Siyanga, iniisip natin na napakalakas natin. Masyadong marami tayong lamang kaalaman. Nais ng Diyos na tanggalin na 'yan sa atin. Siyanga. Napakalakas natin, napakalakas natin para magpasakop sana sa Kanya. Iniisip natin . . . Tayo'y—tayo'y nagpapasakop sa mga sarili natin. Iniisip tuloy natin, “Buweno, ngayon, heto naman, marami naman akong—akong natutunang kaalaman!”

<sup>124</sup> Napaisip nga ako nung isang gabi noong magkasakit si nanay, doon sa ospital. Nagpunta ako roon . . . May munti roong binibini sa katabing pinto . . . Kung narito ngayon ang munting binibini, patawarin mo ako, kapatid. Isa siyang taga-Kentucky at lumuwas lang, at dinalaw . . . at dinalaw niya ang kanyang biyenang babae. At kausap ko siya noong gabing 'yun, kami ng

maybahay ko, at mga ala una na 'yun ng umaga. At nahiga na 'yung asawa niya dun sa may sahig at natulog na; sabi niya, "Lumabas ka nga! Wala ka namang naitutulog sa nanay mo, wala kang silbi." At pinalabas 'yung lalaki, 'yung asawa niya, pinalabas nung kuwarto, dahil nakahambalang 'yung lalaki sa mismong daraanan ng mga nars sa may pintuan, wala tuloy makapasok; basta naroon lang 'yung lalaking pahilik-hilik, sa may sahig. Kaya pinatayo nung babae at pinalabas niya 'yung lalaki.

<sup>125</sup> At nakikipag-usap naman siya kahit paano. Nakausap ko siya tungkol sa Panginoon, at sa iba pang bagay. At nabanggit niya, "Buweno," sabi niya, "ang alam ko lang gawin sa buong buhay ko'y mag-asarol sa isang pataniman ng tabako, gigising nang sobrang aga, magtatabas nung mga talahib at sasapa ng tabako, at kung anu-ano pang gaya nun." Sabi, "Pero, sinasabi ko sa inyo," sabi, "pinag-aral kami ni tatay, bawat isa sa amin, pinag-eskuwela." At sabi, "Wala naman kaming natutunan."

Sa isip-isip ko, "Buweno, baka 'yan kasi ang dahilan."

<sup>126</sup> Kita n'yo, kailangan n'yong—kailangan n'yong ilayo mula sa inyo ang mga bagay-bagay ng sanlibutan. Ngayon, hindi ko tinataguyod ang pagiging mangmang, hindi—hindi po, hayan nga't naisip ko nga na kapag humantong ka na sa isang punto kung saan sa pakiwari mo'y sadyang—sadyang labis-labis na ang iyong kaalaman na wala na tuloy nakakaalam pang ibang tao tungkol dito. Wala namang kaso sa taglay mong kaalaman basta't hindi ito—hindi ito nakakasagabal sa mga pangako ng Diyos.

<sup>127</sup> Kinukuntrol tayo ng limang pandama, at ang limang pandamang 'yan (paningin, panlasa, pakiramdam, pang-amoy, at pandinig) napakainam ng mga 'yan hanggang sa maging sagabal sila dun sa pandamang Pananampalataya. Hayan nga't sinasalungat nila minsan ang Pananampalataya . . . At papaano mo malalaman kung tama pa ba? Hayan nga't palaging sasang-ayon ang Pananampalataya sa Salita. At kaya naman kung—kung sasalungat ang iyong pananampalataya sa Salita, o kung iniisip mong mayroon ka nga nun, ang ibig sabihin ay wala ka talagang Pananampalataya. Ang mayroon ka'y pakunwari. Ang mayroon ka lang ay pagmamapuri sa iyong pandama, dahil diyan sa matayog na kaalamang natutunan mo, o kung anuman 'yan. Subalit kung lalayo ka riyon at buong-buong aasa rito sa Pananampalataya, at ang Pananampalataya nga'y maitatayo sa Salita lamang ng Diyos (wastong Pananampalataya).

<sup>128</sup> Sabi sa akin minsan ng isang doktor, sabi, "Ang paniwala ko, Billy, kung ang mga tao na 'yan . . . kung sasabihin mo sa kanilang pumaroon at hawakan 'yung posteng naroon, 'yung punongkahoy dun, at maniniwala silang gagaling sila, gagaling naman din sila."

129 Sabi ko, “Hindi, po. Hindi po ganoon ’yun, doktor, na dahil lang sa bagay na naroon, kita n’yo, alam ng mga tao na poste lang naman ’yun. Alam nilang walang bisa ng kagalingan ni kapangyarihan man sa posteng ’yun.”

130 Subalit kahit sinumang tao na nasa tamang pag-iisip ay alam na alam niyang dahil ’yun sa Salita ng buhay na Diyos, na maisasalig ko roon ang pananampalataya ko at makatitiyak na GANITO ANG SABI NG PANGINOON! At kung sasalungat ang kahit ano Roon, hayan nga’t di ko paniniwalaan ang mga pandama ko. Hindi, nga, hahayaan ko lang ’yun. Lumakad ka sa isa mo pang pandama, sa pandamang Pananampalataya.

131 Buweno, ginagamit ng Diyos ang mga taong gaya nun para gawin. . . Kapag sila’y di nga katangi-tangi, magpapasakop sila sa Kanya.

132 Si D. L. Moody ng Chicago, isang tubong Boston, isang sapatero; isang maliit, na pandaking lalaki, salat, di umaasa sa sarili niyang kakayahan. Ngayon, pagmasdan n’yo itong mga naglalalaking paaralang mayroon sila ngayon, itong Moody School, aba’y kung mabubuhay lang muli si Dwight Moody at makikita niya ang paaralang ’yan, ang unang-unang gagawin ni Dwight Moody ay ipatitibag niya ang paaralang ’yan.

133 Kung mabubuhay lang si Martin Luther, ang unang-unang gagawin niya ay ipatitibag niya ang organisasyong Lutheran. Ganun din ang gagawin ni John Wesley. Hindi naman kasi itinatag ng mga lalaking ito ang mga organisasyong ’yan, ang mga taong sumunod sa kanila, ang nagtatag nun.

134 Maging si Pablo’y di nag-organisa ng kahit anong iglesya, dahil sinabi niya, mismo, “Sa aking paglisan, marami sa sarili ninyong kasamahan ang magsisilitaw sa inyong kalagitnaan, na mangagsasalita ng mga bagay na masasama.” Nangyari nga ’yan pagkamatay ni Pablo, hayan nga’t sandaan (o dalawang daang) taon pagkatapos nun, binuo nila ang simbahang Katoliko, na siyang pinaka unang organisasyon.

135 Nagsilitaw ang mga tao! Noong pagkamatay ni Moody sila nga’y nagtatag ng Moody School; pagkamatay ni Wesley sila’y bumuo ng iglesya ni Wesley; pagkamatay ni Luther sila’y bumuo ng iglesya ni Luther. Nagsusugo ang Diyos ng mga bayani; pero ang mga tao’y nagsisipagtatag ng. . .

136 Kaya hindi na kagulat-gulat pa na sinabi ni Jesus, “Kayo—kayo na mga pinaputing dingding!” Sabi Niya, “Ginagayakan ninyo—ninyo ang mga libingan ng mga propeta, samantalang kayo ang naglagay sa kanila roon!” Siyang.

137 Nagsilitaw ang mga dakilang lalaking ito; at pagkatapos ay ipinagtatayo nila ang mga lalaking ito ng bantayog. Sa palagay ko, gaya dapat ni David, “Naglingkod sa Diyos nang mainam sa kanyang sariling lahi.” Dapat ay ganoon. Isantabi n’yo ang mga



organisasyon at ang mga bagay-bagay na nariyan, hayan nga't ilayo n'yo dapat 'yun sa inyo.

<sup>138</sup> Si Moody, isang hamak na matandang sapatero, isa siyang mahina. Isa siyang halimbawa ng kahinaan. Ang unang-unang bagay raw na ginawa ni Moody. . . Hayan nga't wala naman siyang pinag-aralan, at sa sobrang hina niya sa pagbabaybay ng pangungusap napakaterible nun. Isang lalaki ang lumapit sa kanya minsan at sabi, "G. Moody," sabi, "ang pagbabaybay mo ng pangungusap ang pinakaterible sa lahat na ng narinig ko sa buong buhay ko."

<sup>139</sup> Sabi niya "Nakapang-aakay naman ako ng mga kaluluwa sa pamamagitan nitong aking kamangmangan, ikaw ano ang nagagawa mo riyon sa iyong pinag-aralan?" Sa palagay ko'y magandang sagot 'yun. Tunay nga!

<sup>140</sup> At ngayon, kapag naging miyembro ka ng School na 'yan, siguradong magiging pulidong iskolar ka. Siyanga. [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "Paurong lang!"—Pat.] Ngayon, oo, tama ngang sabihing "paurong lang" sila, pumaling sila roon sa kabilang direksyon.

<sup>141</sup> Ganyan na ganyan ang ginagawa ng mga tao. Gaya nga ng sinabi ko sa simula ng mensahe ko. . . Imbes na mga Cristiano na ipinapakumbaba ang mga sarili at tinatangal ang ganang kanila sa mga sarili upang makapaglaan ng mas paglalagyang lugar ang Diyos, ang ginagawa nila'y pinauunlad nila ang sarili nila gamit ang isang sariling-sikap na kaalaman, o ang isang kaalamang galing sa pang-teknikong paaralan, o kung anuman 'yan, na ipinapadpad tuloy sila nang mas malayo ngayon sa Diyos kaysa noong nagpapasimula sila.

<sup>142</sup> Ganyan ang naiisip ko tungkol sa mga artipisyal na mga pagtatawag sa may altar. Padudulugin mo ang isang tao, at sa susunod nun sampung beses na siyang mas mahirap pabalikin muli. Hayaan mo lang siyang maupo at makinig hanggang sa may gawin ang Diyos para sa kanya! At saka mo siya hayaang dumulog at ipahayag 'yun, at bumangon, habang tumatawag sa Pangalan ng Panginoon. Siyanga.

<sup>143</sup> Pansinin n'yo si Moody, salat sa pinag-aralan, wala man lang kagaling-galing sa pananalita, lumalabas 'yung boses niya sa ilong. Kababasa ko lang ng kasaysayan niya noong isang araw, "Lumalabas 'yung boses niya sa ilong, may kung anong sakit siya sa bandang ilong." Sa pisikal siya'y pandak, kalbong lalaki, nakalaylay ang balbas niya sa kanyang. . . ? . . . ; isang munting, maliit, na pandaking lalaki. Sa pisikal, kapinsalaan siya sa pisikal. Wala siyang anuman kundi walang humpay na kahinaan. Subalit ginamit siya ng Diyos upang yanigin ang mundo sa kanyang panahon!

<sup>144</sup> Minsan may isang mamamahayag na dumalo sa pagtitipon niya (nabasa ko), at naroon 'yung mga mamamahayag, upang

kumalap ng ulat tungkol sa kung anong uri ng tao siya (isang dakilang tao, isang dakilang lalaki).

<sup>145</sup> Nasaan nga uli 'yung maliit na pindutan na ipinanghihinto n'yo ng mga teyp? Ito po ba 'yun? Kakailanganin ko lang ihinto 'yun sa bandang 'yun.

<sup>146</sup> Isang—isang dakilang lalaki, si Moody. Isa siyang mabuting lalaki. At hayan na nga't kaya niyang pukawin ang atensyon ng mga tao, pamanghain sila. Kaya may isang mamamahayag na sumadya kay G. Moody at sabi. . . dumalo siya sa pagtitipon nang sa gayon makakalap ng ulat tungkol sa kung gaano bang kagaling. . .

<sup>147</sup> Hayan nga't 'yung mamamahayag na 'yun ay sumadya rin at nakapag-ulat na tungkol sa isa pang dakilang ebanghelista, bago 'yun, sabi, “Matatas mangusap ang taong ito. Isa siyang Doktor ng Dibinidad. Ang pagbabaybay niya ng pangungusap ang pinakamahusay na narinig ko kailanman. Pinupukaw niya ang atensyon ng mga tao sa kanyang sikolohiya. Kayang-kaya niyang pamanghain ang mga tao.”

<sup>148</sup> “Si Dwight Moody,” matapos sumadya ng mamamahayag dun, sabi, “Wala akong makitang anumang taglay-taglay ng taong ito na makatatawag-pansin ng sinuman.” Sabi, “Unang-una sa lahat, wala na siyang ipapangit pa sa lagay niya. Isa pa, isa siyang kapinsalaan sa pisikal. Hayan din,” sabi niya, “isa siyang, isa siyang walang pinag-aralan. Ang pagbabaybay niya ng pangungusap ang pinakateribleng narinig ko kailanman!” At sabi, “Labas sa ilong ang boses niya at sumisingasing pa kapag nangangaral.” At sabi, “Wala akong nakikitang anuman kay Dwight Moody para makatawag-pansin ng sinuman.”

<sup>149</sup> May nagdala kay G. Moody nung artikulo. Binasa 'yun, at natawa na lang siya sa kanyang sarili, sabi, “Tunay namang wala talaga; ang Diyos kasi 'yun.” Tama naman! Hindi naman nagsisidalo 'yung mga tao upang makita nila si Dwight Moody, nagsisidalo sila upang makita nila ang Diyos.

<sup>150</sup> Walang pakialam ang mga tao kahit gaano kang kasigasig magpatotoo, ang ninanais nila'y isang realidad diyan sa iyong buhay na magpapatunay na hinahawakan ka ng Diyos. Maging Methodist man kayo, Baptist, Pentecostal, anuman kayo, ang ninanais ng tao'y makita ang Diyos. Siyanga, mga lalaking. . . mga dakilang lalaki, mga lalaking mahihina at napagtatanto ang kanilang kahinaan.

<sup>151</sup> Tingnan n'yo si Moises, isang intelektuwal na binata. Oh, isa siyang iskolar. Dalubhasa siya sa lahat ng karunungan ng mga taga-Egipto na hayan nga't kaya niyang turuan ang mga Hebreo. May kakayahan siyang turuan ang mga taga-Egipto. May kakayahan siyang turuan ang kahit sino, dahil si Moises ay isang kamangha-mangha't, matalinong tao. Oh, isa siyang makapangyarihang tao.

152 Sa isip ni Cecil DeMille tungkol sa bagay na 'yun, noong—noong isapelikula niya ang *The Ten Commandments*, at 'yung lalaking napili niyang gumanap . . . Nakalimutan ko lang ang pangalan nung lalaking gumanap sa bahagi ni Moises, isang artista, hayan nga't isang napakalaking lalaki na malalaki ang bisig at malakas. At ganoong uri nga ng lalaki siguro si Moises.

153 Alam nating napakalakas niya at nagpakadalubhasa nang husto, kaya inako niya sa ganang sarili ang pananagutan, dahil nakita niyang may kailangan siyang gawin nung panahon na 'yun. (Oh, ipahintulot nawa ng Diyos na patimuin ito nang husto!) Nakita niyang may kailangan siyang gawin nung panahon na 'yun, hayan nga si Moises taglay ang intelektuwal na kapangyarihan at sariling kakayahan na magagamit niya para dun . . . Isa siyang napakatalinong tao. Siya ang susunod na Faraon. May taglay siyang sikolohiya. May taglay siyang—may taglay siyang kapangyarihan. May taglay siyang pisikal na lakas. Taglay niya—taglay niya ang lahat. Kaya sabi niya, “Nasa aking lahat ang hinahanap. Kabisado kong lahat ito. At kung may tao man sa lupain na ito na dapat pagkatiwalaan sa bagay na ito, ako na 'yun. Kaya, ako lang talaga ang maasahan sa oras na ito kaya ako nang bahala rito.” At kaya humayo na siya para gawin ang gawain na tama at nasa kalooban ng Diyos, at inialay niya ang kanyang mga natural na kakayahan. At hinindian nga 'yun ng Diyos! Hindi Niya magamit ang kahit isang bagay na taglay-taglay noon ni Moises.

154 Hindi Niya 'yun nagamit noon, at hindi Niya . . . ni hindi rin Niya 'yun magagamit sa panahon ngayon. Hindi magagamit ng Diyos ang mga natural nating kakayahan. Ang kailangan natin ay alisin ang mga sarili natin at ang mga kakayahan natin sa pagkaka hambalang, at sumuko sa kalooban at kapangyarihan ng Diyos.

155 Sasabihin n'yo, “Buweno, kapatid, kaya kong mangaral.” Hindi Niya magagamit 'yan hangga't kaya *mong* mangaral. “Ayos lang, kaya kong gawin *ito*, kaya kong gawin *iyon*.” Wala kang magagawa. Buweno, kung ganyan lang ay hindi ka talaga magagamit ng Diyos. Subalit kung ipasasakop mo ang sarili mo sa Diyos at hahayaan mo Siyang gawin ito!

156 Sasabihin mo, “Buweno, Kapatid na Branham, alam ko. Isa akong guro.” Buweno, hangga't *ikaw* ang guro, aba, hindi Siya makakikilos nang husto. Subalit ang Espiritu Santo ang ating Guro. Tunay, Iyon nga! Isinugo ng Diyos ang Espiritu Santo upang maging Tagapagturo sa Iglesya.

157 Napakaraming tao ang pumapasok sa paaralan sa loob ng maraming-maraming taon. Anong ginagawa nila? Nagsisibasa ng mga artikulo mula sa Upper Room, o kaya (oh, mabuti 'yan) pag-aaralan 'yung aralin nung National Sunday School. Wala akong anumang laban diyan. Salita naman 'yan ng Diyos, at

mga gaya nun, pero mga intelektuwal lang ang naglakip-lakip n'yan! Ang nararapat sana'y manggaling sa pamamagitan ng kapangyarihan at ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, hayan nga't hindi kayo maka-aasa sa inyong natural na kakayahan.

<sup>158</sup> Kaya, itong si Moises, isang batang-bata't, napakalakas na malaking tao, isang intelektuwal, handang-handa na nga siya noong gumawa ng isang mabuting gawa; subalit talagang ang Diyos, hayan nga't di siya lubos na magamit. Hindi magamit ng Diyos ang mga natural niyang kakayahan.

<sup>159</sup> At di nga natin maaaring . . . Maging sa panahon ngayon, di nga tayo maaaring . . . Di magagamit ng Diyos ang mga natural nating kakayahan.

<sup>160</sup> Subalit may isang bagay na taglay itong si Moises na hanga talaga ako, may sapat siyang kaunawaan para malaman niyang nabigo siya. Wala pa tayo sa ganun. Hayan nga. "Bubuo tayo ng isang *bagong* denominasyon. Kukuha tayo ng kung sinong may kaloob na pagpapagaling, o kung ano," mga Pentecostal, kita n'yo. Kita n'yo? Wala tayong—wala tayong sapat na pang-unawa para mapagtanto nating nabigo tayo. Ang iglesyang Pentecostal, ang Assemblies of God, ang United, ang iba pa sa kanila, para bang wala silang kakayahan na malaman na nabigo sila. Hallelujah! Oh, nawa'y maipatimo ko ito. Nabigo sila. Ang organisasyong pansimbahan ay bigo! Kagaya na lang nitong Estados Unidos na bigo, pinangatog at pinangatal, at nakaumang na sa isang dako ang mga bombang para sa kanila, nalalaman nga nilang napalayo na sila at isinukol na ang kanilang buhay patungong impiyerno. At nangabigo nga sila, umalis na sa kanila ang Espiritu. Kailangan mo pang suyunin ang mga kakahuyan para makakuha ng mga binatang sasama sa hukbo; kitang-kita nga nila 'yung nangyari sa isang 'yan. Nabigo tayo! Nabigo ang iglesya. Alam nila 'yun.

<sup>161</sup> Napagtanto 'yun ni Moises, hayan nga't naging sapat ang kanyang unawa matapos na . . . Dalhin siya ng Diyos sa likuran, ng ilang, upang aralan ng ilang mga kahinaan ng tao. Kanya siyang dinala roon upang aralan siya tungkol sa bagay na 'yun. Naging mainam ang kanyang pagkatuto! Oh, naku, kung hindi pa naman siya matuto ng leksiyon dun! Marahil ay tinutukan siyang maigi ng Diyos dun! Alam n'yo, may pagkamainitin ng ulo itong si Moises; at ang ibinigay sa kanya ng Diyos na asawa na nagngangalang Sephora, ay ganun din, mainitin din. Kaya nakikinita kong hindi ganoong kasarap ang buhay sa likuran ng ilang sa loob ng ilang panahon, lalo na't sabay silang hindi makapagpigil ng kani-kanilang init ng ulo.

<sup>162</sup> Sa palagay ko'y hindi nga umubra ang intelektuwal niyang kaalaman kung paano dapat pahupain ng sikolohiya ang isang tao, dahil, noong nasa kanyang daan siya patungong Egipto, nakikinita kong may pagkamainitin ng ulo itong si Sephora.

Pinutol niya ang balat ng masama ng kanyang anak at inihagis 'yun sa harap ni Moises, sabi, "Ikaw sa akin ay isang asawang mabagsik."

<sup>163</sup> At siya'y kinagalitan nang husto ng Diyos na Kanyang . . . tinugis siya hanggang dulo, na kung Kanyang masumpungan siya ay Kanyang papatayin na sana siya. Sa palagay ko'y hayan nga ang mumunting bagay na kinailangang ituro sa kanya ng Diyos doon, kita n'yo, na isa siyang tao. Ang lahat ng kaalaman niyang galing sa Egipto at ang lahat ng intelektuwal niyang kapangyarihan, di nga magamit-gamit ng Diyos ang kahit isa man sa mga 'yan.

<sup>164</sup> Siguro'y lalapit ka, sasabihin, "Ngayon, Panginoon, heto bumabad ako sa pag-aaral sa loob ng apatnapung taon, ako'y—ako'y talaga namang intelektuwal na estudyante. Kayang-kaya kong sipiin ang Bibliang 'yan nang nakapikit ang mata." Hindi nga 'yan magagamit ng Diyos kahit katiting. Kita n'yo? Hindi nga.

<sup>165</sup> "Oh, kaanib ako ng pinakamalaking iglesya na mayroon sa bansang ito. Ako—Ako ang . . . Ako ang *ganito*, Panginoon. Oh, Pentecostal ako. Ako . . . Luwalhatiin ang Diyos! Hayan nga't natanggap ko na ang Banal na Espiritu noong nakaraang gabi. Hallelujah! Iyo na ngang mapapagawa sa akin ang *ganito-at-ganoon*." Hindi magagamit ng Diyos ang kahit katiting man n'yan. Hindi!

<sup>166</sup> Sa tuwing mabibigo ka at mapag-uunawa mong nabigo ka, hayan nga't manumbalik ka at ipagpakumbaba ang iyong sarili. Maging mahina ka, dapat mong malaman na ika'y tao lang. At walang magagawa ang anumang intelektuwal mo para . . . Ang mismong kahinaan nga ng tao ay di magagamit ng Diyos; sa pamamagitan ng kahinaan ng tao'y ang gagawin ng Diyos ay ibubuhos ang Kanyang sarili sa inyo, pagkatapos ay magagamit na Niya ang Kanyang Sarili. Magagamit lamang kayo bilang instrumento. Siyanga! Kailangang alisin n'yo ang pagkakahambalang n'yo sa daanan.

<sup>167</sup> Si Moises, oh, natuto siya, talagang natuto siya nang lubos tungkol sa mga kahinaan ng tao. Natutunan niya 'yun nang lubos, hanggang sa, tawagin na nga siya ng Diyos, at may pito siyang kahinaan na maikakatuwiran niya laban sa pagtawag ng Diyos. Napag-aralan n'yo na ba sa unang bahagi ng Exodo, ang pitong kahinaan? Aking—aking nailista ang mga 'yun dito. Nais kong pakinggan n'yo ang mga ito. Ang unang kahinaan niya'y kawalan ng mensahe. Ang ikalawang kahinaan niya'y kawalan ng kapamahalaan. Ang ikatlong kahinaan niya'y kawalan ng husay sa pananalita. Ang ikaapat ay pakikibagay. Ang ikalima ay katagumpayan. Ang ikaanim ay kung siya ba'y tatanggapin.

<sup>168</sup> Ngayon, ikumpara n'yo ang sarili n'yo sa kanya at tingnan n'yo kung ganyan din kayo, tingnan n'yo kung may ihihina pa

kayo sa isang tulad niya. “Panginoon, wala akong—wala akong kakayahan. Hindi ako marunong magsalita. Nakapatay pa ako—ako—ako ng isang taga-Egipto. Di na ako maaaring bumalik pa dun. Oh, ganito-ganyan! Hindi naman nila ako tatanggapin. Wala akong mensahe. May . . . Di ako marunong magsalita. At ako’y—ako’y kimi sa pangungusap.” Hayan nga’t nakikita n’yo ba ang nangyari sa kanya? Siya’y walang kabuluhan! Kapatid, pagkatapos siya’y pinagaling. Oo, nagamit nga siya ng Diyos matapos na siya’y pagalingin. Kita n’yo? Oo.

169 Oo, Kanya lamang tayong magagamit matapos na tayo’y pagalingin, ang malaman ngang “Ang aking Ph.D. at ang LL.D. at dobleng L.D.,” o anuman ’yan, “lahat ng mga digri ko’y walang kabuluhan.” Hindi magagamit ng Diyos ang mga ito!

170 “Buweno, isa akong Assembly of God. Isa akong Oneness. Isa akong Baptist. Isa akong Presbyterian.” Hindi magagamit ng Diyos ang kahit katiting man n’yan! Kung makalalayo ka lang sana riyang agad-agad, buweno, mas madali mo—mo nang maipagpapasakop ang iyong sarili sa Diyos.

171 Kagaya noon ng propeta, ang sabi, “Ako’y lalaking may maruming mga labi, at nasa gitna ng bayan na marumi.” At pumunta ang Anghel at kumuha ng—ng pang-ipit, at naparoon sa altar at kumuha ng baga ng apoy at hinipo ang kanyang mga labi. Saka siya sumigaw, “Panginoon, narito ako; suguin Mo ako.” Oo, pagkatapos niyang mapag-unawang siya . . . Kahit isa siyang propeta, may marurumi siyang labi.

172 Kung mapagtatanto lamang natin sa madaling panahon na tayo’y—tayo’y walang kabuluhan, na ika’y walang kabuluhan, na ika’y alikabok ng lupa . . . Hindi ka magagamit ng Diyos . . . Oo, ang iyong karana- . . . Ang lahat ng iyong kahinaan ay di maikukumpara dun kay Moises. Anim na iba’t ibang kahinaan ’yang naroon sa kanya, at natutunan niya ang mga kahinaan na ’yan ng tao.

173 Ngayon tingnan n’yo ang pagkakaiba sa pagitan ng Moises na *iyon* na nakatagpo ang Diyos, at ng *Moises* na nakatunghay sa . . . ? . . . gaya ng sa panahon ngayon. Sinasabi, “Ganito kasi, kailangan natin ng *ganito-at-ganoon*! Kailangan natin ng isang rebaybal sa buong lupain. Sasabihin ko sa inyo kung ano itong gagawin ko, babalik ako at mag-aaral hanggang sa matapos ko ang aking Batsilyer sa Sining. Uh-huh! Babalik ako at mag-aaral hanggang sa maitalaga na ako bilang isang LL.D. Mag-aaral ako ng literatura. Gagawin ko nga ang lahat ng ito, at pagkatapos nun lalabas at ako ang magiging ‘pinakatampok na lalaki ng kasalukuyan.’ Dadaigin ko ang lahat ng mga lalaking hahambalang sa akin.” (Oh, kapatid!) “Ikukuha ko ang sarili ko ng tatlong-milyong-dolyar na gusali. Ikukuha ko ang sarili ko ng sandosenang cadillac. At . . .” Oh, kapatid! Maigi pa—maigi pa sigurong huwag mo nang tangkaching simulan ’yang balak

mo, dahil bigo ka na sa simula pa lang, kita n'yo. Subalit ang problema lang ay wala silang kaalam-alam na ganun pala!

174 Akala nila siguro'y nadadaan ito sa dapat paalon-alon ang buhok mo at naka-ternong tuxedo ka at kapag bibigkas ka ng "ah-man" ay ang ganda-gandang pakinggan, at ang lahat ng kung anu-anong gaya n'yan, at maging prinsipeng raw. Sunud-sunuran sa babae ang labas mo n'yan!

Ang nais ng Diyos ay mga lalaki, mga lalaking banal, mga lalaking handang yumanig!

175 Subalit ngayon ang gusto natin ay Hollywood. Ang gusto natin ay 'yung kahali-halina sa paningin. Ang gusto natin ay 'yung napakaintelektuwal mangusap na tila hinehele tayo para humimbing nang limang minuto habang siya'y . . . sa Linggo ng umaga.

176 Ang gusto ng Diyos ay 'yung mga hindi makikipamatok na patatamain ito gaya ng lagablab ng kidlat, kukondenahin ang kasalanan hanggang sa pinakaugat, (siyanga) bubunutin 'yun.

177 Subalit tayo . . . Ang gusto natin ay itong mga intelektuwal nating pastor. Ang gusto ng karamihan ng mga tao ay isang pastor na pabulong kung magsalita, 'yun bang magsasabi, "Oo, minamahal."

Ang gusto ng Diyos ay 'yung mga kulog na may kasamang kidlat! Siyanga, po.

178 Tatapikin sila sa likod, at hayan nga't kay iiksi ng kanilang buhok at naka-kolorete pa, at kung anu-ano pa, at nakasuot ng mga damit na kinahuhumalingan nila, at parang ganun, tapos wala man lang silang sinasabi tungkol diyan.

179 May isang dakilang lalaki ang pinatawag ako sa kanyang opisina rito, (hindi pala basta opisina) kundi malaking opisina, dito hindi pa gaanong katagalan, sabi, "Gusto kitang patungan ng mga kamay para itigil mo na 'yan!"

Sabi ko, "Huwag mong gagawin 'yan. Huwag mong gawin. Huwag, ginoo."

180 Kung patitigilin mo kasi 'yun, pinatitigil mo ang Mensahe. Pinatitigil mo ang Diyos kapag gagawin mo 'yan. Siyanga, po. Ayaw natin ng ganoon.

181 Naawa lang ba ang Diyos kay Moises dahil dun sa lahat ng kanyang mga kahinaan, sinabi bang, "Kaawa-awang munting Moises, grabe—grabe talaga ang pinagdaanan mo, binawi sa iyo ang iyong digri. Oh, naku! Hayan nga, oo, isa kang dakilang tao noon, isang intelektuwal, at walang anumang makapipigil sa iyo. Kapatid, taglay mo ang lahat nitong Ph.D. At LL.D., at lahat na, at ngayon ay narito kang nagpapahayag na wala kang kabuluhan, wala kang kayang gawin. Na—na napakahina mo"? Hindi! Hindi siya kinaawaan ng Diyos. Hindi siya tinuring ng

Diyos na kawawa. Ang ginawa ng Diyos ay pinagaling siya sa lahat ng 'yan. Hindi Niya siya tinuring na kawawa.

<sup>182</sup> Bagkus nalaman natin, kung inililista n'yo ito, sa Exodo 4:14, "Ang galit ng Diyos ay nagingas laban sa kanya." Hindi siya itinuring ng Diyos na kawawa dahil sa mahina siya.

<sup>183</sup> Sasabihin n'yo "Oh Panginoon, masamang-masama talaga ang pakiramdam ko, sa palagay ko'y hindi ko 'yan kakayanin." Hindi kayo ituturing ng Diyos na kawawa; hayan nga't baka sipa-sipain pa kayo nang kaunti. Kita n'yo? Kita n'yo? Ganoon nga. Hindi kayo ituturing ng Diyos na kawawa; Siya'y—Siya'y magagalit pa sa inyo kung tutuusin. Hayan nga't inihahanda kayo para dumating sa puntong magagamit Niya kayo. Oo.

<sup>184</sup> Matapos na pagalingin si Moises, maaari na siyang gamitin ng Diyos. Taglay na niya ang kagalingan, inilayo na siya mula sa mga kakayahan ng tao. Hindi na niya maasahan pa ang mga 'yun, 'pagkat siya'y—siya'y inihanda na para sa paglilingkod.

<sup>185</sup> Sabi ng Diyos, "Apatnapung taon Ko na ring pinanonood kayo ni Sephora na bangayan nang bangayan at kung anu-anong ginagawa rito sa ilang, hinihintay kung mapagtatanto mo kung may kahinaan ang tao o wala, samantalang nakatayo ka noon sa isang dako bilang dakilang prinsiphe, 'Kumusta, Doktor Moises. Magandang umaga, Reverend, Ginoo. Sige po, ginoo. Moises, ikaw na ang susunod na prinsiphe. Lagi. . . Lagi ka sa aming isipan.' Hayan nga't ngayon narito ka sa ilang na ang kasa-kasama ay kawan ng mga tupa at isang maybahay na mainitin ang ulo." Kita n'yo? Sa ganoon siya inilagay. Siyanga, po, Napakaterible nga ng kalagayan ni Moises, ngunit Kanyang sinabi, "Ngayon magagamit na Kita, ngayong napag-unawa mo nang wala kang kabuluhan. Ngayon halika rito sa tabi nitong nagniningas na kahoy, nais Kitang isugo sa isang dako." Oh, grabe!

<sup>186</sup> Diyos, bigyan Mo nawa kami ng mga kagaya nun, bigyan kami ng mga mahihinang tao. Iyon ang kailangan natin, mga mahihinang tao. Siyanga!

<sup>187</sup> Kagaya ni Jacob, alam n'yo. Inakala noon ni Jacob na isa siyang magaling na lalaki, alam n'yo, dahil mahusay siyang mandaya at hindi siya mahuli-huli. Nagpunta nga siya noon at nagtusok ng ilang sanga ng alamo kung saan naroon 'yung mga nagbubuntis na mga tupa at baka ng kanyang biyenang lalaki, at nagawa niyang 'yung mga pinagbubuntis ay maging batik-batik na tupa, hayan nga't may ihahambalang siya sa harapan habang nagsisilapitan 'yung mga hayop sa tubig para uminom. At, di kalaunan, naging dakilang tao si Jacob. Tunay. Hayan nga't. . . "Di siya matatawag na *Jacob*, sa wala," Sabi ni Esau, "tama lang na 'mang-aagaw' ang tawag sa kanya." Hayan nga't isa siyang mandaraya. Nagpatuloy siya sa kalagayang 'yun na sagana, maunlad ang buhay, malaki ang kawan at may mga



asawa at mga tupa at mga baka at mga bakahan, at—at lahat na, ang lahat ay nasa kanya.

<sup>188</sup> Subalit isang gabi (oh, grabe!) noong minsang mapadpad siya sa isang maliit na batis, patawid na siya sana noon sa kabilang pampang, dumating siya sa isang dako na may isang Anghel na humawak sa kanya. Kapatid, magdamag na kumapit si tandang Jacob. Tunay ngang kumapit siya nang mahababang oras. Subalit noong isuko na niya ang kanyang sarili, noon ngang manghina na siya at hindi na makakapit pa nang matagal . . .

<sup>189</sup> Oh Diyos, ipahintulot Mo pong humantong sa ganoon din ang iglesya . . . humantong sa . . . humantong ang iglesya sa dako kung saan di na nito kayang kumapit pa nang matagal gamit ang natural nitong mga kakayahan, bagkus sumuko sa Diyos. Ipahintulot Mong ikahiya ng Methodist ang kanilang sarili na sila’y Methodist. Ipahintulot Mo ang mga Baptist at ipahintulot Mo ang Pentecostal na mahiya sa kanilang sarili, at huminto na sa pagkakakapit, at magpasakop na sa Espiritu.

<sup>190</sup> Hayan nga’t si Jacob ay naging “prinsipe ng Diyos.” Sinabi ng Biblia na siya’y naging “prinsipe,” at ang pangalan niya’y pinalitan na. Kita n’yo? At—at, tandaan n’yo, sa *isang* banda’y isa siyang lalaking dakila’t malakas, intelektuwal na malakas; subalit sa *kabilang* banda’y isang prinsipeng papilay-pilay, mahina at naubusan ng lakas, ngunit may kapangyarihan sa harapan ng Diyos.

<sup>191</sup> Oo, maaaring ikaw . . . Maaaring ang organisasyon n’yo ay magkawatak-watak. Ang dating kasikatan mo sa iyong mga kapitbahay, mawala’t “makalumang uwak” ka na lamang, sa iyong mga kapitbahay. Maaari ngang ganun. Pero sasabihin ko sa inyo, makatatamo ka naman ng kapangyarihan sa Diyos. Mas gugustuhin ko pang maging ganun. Pipiliin ko ang daang ’yun sa tuwina.

<sup>192</sup> Ang mga alagad nga’y bumalik at nagalak dahil sa tuwang sila’y ibinilang na karapat-dapat para dalhin ang kadustaan ng Layunin at ni Jesus. Hayan nga! Babansagan nga nila kayong “holy-roller.”

<sup>193</sup> Lumabas kayo sa lugar na ’yan minsan, hayaan n’yo itong mahapak. Kumawala na kayo mula sa inyong, “Buweno, basta ako, Methodist ako,” o “Presbyterian” o “Assemblies ako,” “Oneness ako, mayroon din ako n’yang mayroon kayo.” Hayan nga. Magsilabas na kayo riyan, kumawala na kayo. Alisin ang lahat . . .

<sup>194</sup> Hayaan n’yong hawakan kayo ng anghel minsan, ng anghel ng Panginoon na siyang magdadala sa inyo ng Katotohanan ng Mensahe. Hayaan n’yong mahawakan niya kayo minsan, hayaan nga’t maipapasakop n’yo mismo ang inyong sarili sa bautismo sa Pangalan ni Jesus, maipapasakop n’yo ang inyong sarili sa lahat

ng iba pa Rito. Oo, magagawa n'yo nga, tiyak na gagawin n'yo 'yun. Siyanga, inyong—inyong iwawaglit na ang lahat ng mga intelektuwal na bagay na 'yan.

<sup>195</sup> Nung nakalipas na ilang mga araw, isa sa mga kalugod-lugod kong kaibigan, isa siyang mabuting tao, ang sabi niya sa akin, nung lumabas na ako ng silid matapos kong magpaunlak ng isang panayam, matapos na lumabas na dun sa silid, sabi, "Kapatid na Branham. . ." At ang tao ngang ito'y isa sa naging pinansyal kong taga-suporta para sa mga pagtitipon sa dakong 'yun. Dumating po sa punto kung saan hindi ko na alam kung paano na tatakbo ang gawain, hayan nga't ipinagkakatiwala ko na lamang sa Diyos; ang taong ito ang sumagot ng gastusin. Oo, isa talagang napakabuting tao! At ang taong ito'y bumiyahé at nanggaling pa sa isang kilalang siyudad, narito siya nung ilang mga nakaraang gabi, at nakatayo siya dun sa may silid at sabi sa akin isang gabi, sabi, "Kapatid na Branham," sabi, "May sasabihin sana ako sa iyong isang bagay." Sabi, "Hayan nga't wala pa akong nakikilalang hindi nagmamahal sa iyo."

Sabi ko, "Nakakatuwa naman 'yan."

<sup>196</sup> Sabi, "Kapatid na Branham, pero may isang bagay lang, isang problema lang."

Sabi ko, "Ano 'yun, kapatid na babae?"

<sup>197</sup> Sabi, "Buweno, ganito kasi, Kapatid na Branham, kung mapagbibigyan mo lang sana ang iba sa Doktrinang mayroon ka," sabi, "tatanggapin ka ng bawat organisasyon."

<sup>198</sup> Alam ko 'yung tinutukoy niya, naisip ko. . . sabi ko, "Anong Doktrina 'yun, kapatid na babae?"

At sabi, "Oh, 'yung bautismo sa Pangalan ni Jesus."

<sup>199</sup> "Oh!" sabi ko, "Ngunit, kapatid, hindi mo ako maaasahang ikokompromiso ko ang Salita ng Diyos tapos mananatili pa rin akong lingkod ng Diyos."

<sup>200</sup> At sabi, "Buweno, ganito na lang, may ilang mga ministro kasi mula dun sa malaking siyudad na kinakatawan ko." Sabi, "Kung sasabihin mo sa kanilang ang Anghel ng Panginoon na nagbibigay sa iyo ng mga sari-saring pangitain ang nagsabi sa iyo na magbautismo sa Pangalan ni Jesus, kung ganun handa silang tanggapin Ito."

<sup>201</sup> "Buweno," sabi ko, "mas malabo pa pala sa pinaghugasan ng plato ang karanasan ng mga 'yan!" Sabi ko, "Wala akong pakialam kung anghel man ang magsabi nun, kung hindi 'yun nakaayon sa Salita aba'y hindi ko 'yun paniniwalaan!" Sabi ko, "Kung ang sinasabi ng anghel na 'yun sa akin ay iba Roon, hindi ko paniniwalaan ang anghel na 'yun." Ganoon nga! Una dapat ang Salita ng Diyos, mas mataas kaysa sa lahat ng mga anghel at lahat ng iba pa! Ang isang tunay na Anghel. . . sabi ko, "Kung

hindi Iyon ang sinabi sa akin nung anghel, hindi ako makikinig sa kanya.” Oo.

<sup>202</sup> Hindi malaman nung ginang ang gagawin niya. Sabi niya, “Hindi pa ako nakakarinig ng ganyan kahit kailan. Hindi ko alam na ganun pala Iyon.” Kita n’yo, hayan nga. Kaya binigyan ko ng ilang Kasulatan ang munting ginang. Tapos sabi niya, “Didiretso ako ng bahay sa madaling panahon at pag-aaralan ang Bagong Tipan. Hindi ko pa Ito napag-aaralan kailanman.” Kita n’yo, hayan nga. Oh, naku! Oh, naku! Hayan nga kayo. Oh, naku!

<sup>203</sup> Huminto na kayo sa pagpupumilit na humawak. Kumawala na kayo! Iyan dapat ang naisin n’yong gawin: ang kumawala. Si Jacob, noong kumawala siya ay naging maayos siya, siya ay naging prinsipal at nagtaglay ng kapangyarihan sa Diyos.

<sup>204</sup> Hayan nga rin si David na *lumiit* habang suot-suot ang eklesiyastikal na baluti ni Saul, nung pumaroon siya upang—upang—upang kalabanin si Goliath. At noon ngang papunta na siya roon para kalabanin si Goliath habang suot-suot ang lahat nitong malaking baluti, tumingin siya sa paligid at lumingon pa, naging kawangis na niya ng iba pa sa kanila, kaya sabi niya tuloy, “May mali rito.”

<sup>205</sup> Hangga’t kawangis kayo ng sanlibutan at nakikiayon sa sanlibutan, at ginagawa ang siya ring ginagawa ng sanlibutan, may bagay ngang mali.

<sup>206</sup> Sinabi ni David, “Sobra namang balot na balot ako nito. May Digri ng Doktor, may Ph.D pa. Kita n’yo, kasapi pa ako rito sa napakalaking organisasyon, paano pa ako makahahayo nito para makipaglaban habang suot-suot ang lahat nito? Wala akong kaalaman sa bagay na ito. Wala akong kaalaman sa bagay na ito!” Sabi ni David, “Hubarin n’yo ang bagay na ito sa akin.” Siyanga. “Kung makikipaglaban ako para sa Diyos ayaw kong magmukha akong gaya nitong mga grupo ng mga duwag na patayo-tayo lang diyan, balot na balot ng baluti at ang damidaming bitbit. Ayaw ko ng ganitong pagtitipong. . . .”

<sup>207</sup> Maraming pagtitipon, maraming tao, maraming ministro na lumalapit sa akin at nagpapahayag na naniniwala silang sa Pangalan ni Jesus Cristo ang tamang bautismo, pero sasabihin “Patatalsikin kami sa organisasyon namin.” Nakakahiya kayo! Hubarin n’yo ang baluti ni Saul!

<sup>208</sup> Ang ipagkaloob Mo po sa akin ay kapangyarihan at lakas ng Espiritu Santo! Diyos, isugo Mo po akong ang gamit lang ay isang tirador, kahit gaano pa itong (gaanong kaliit), magagapi pa rin ang kaaway. Tootoo ’yun. Isugo Mo po ako, subalit huwag Mong tulutug ibihis ko rin gaya ng iba pa sa kanila itong L.L., Ph.D., pagka-Doktor, itong lahat ng mga bagay na gaya n’yan.

<sup>209</sup> Sabi ni David, “Parang may mali sa bagay na ’yan.” Sabi niya, “Wala akong kaalaman sa bagay na ’yan.” Sabi niya,

“Ang tanging bagay na nalalaman ko, ay ako—ay ako. . . Doon sa likuran ng ilang ay nag-aalaga ako ng mga tupa ng aking ama.” At sabi, “Nung may sumulpot na leon at sasakmalin ang munting tupa at tatangayin ’yun, yamang nalalaman kong tupa ’yun ng aking ama, hayan nga’t, oh, ako’y—ako’y—ako’y. . . Di naman nababalutian, ngunit kukunin ko lang ang tirador ko at hahabulin ko siya.” Sabi, “Papaslangin ko siya at iuuwi ko pabalik ang tupa.” Oh, naku! Yung mga nakatayo riyon sa tabi, na may hawak-hawak na sibat, hindi nila magagawa ’yun.

<sup>210</sup> Ganyan na ganyan ang nangyayari sa panahon ngayon. Kay raming naliligaw na tupa ng Diyos, pinag-aagaw sila ng mga organisasyon at ng mga katulad nun, dinala sila sa sikolohiya. Nawa’y pagkalooban tayo ng Diyos ng mga David na taglay-taglay ang Salita ng Diyos at ang kapangyarihan ng Diyos, upang manguna kapag paparoon na tayo upang katagpuin ang mga intelektuwal na mga higanteng ito (isipin n’yo, na lahat ng Ph., LL.D., Q.U.S.T., o kung anu-ano pa ay nasa kanila). Ibigay Mo sa akin ang Salita ng Diyos at ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu at, sinasabi ko nga sa inyo, mapapaslang natin ang bawat higante sa dako ng labanan. Tama! Kailangan nga natin ng mga lalaking kayang. . .

<sup>211</sup> Hayan nga, si David na tila nagmukhang kahiya-hiya dun sa dako ng labanan, noong lumapit na siya para kalabanin ang higante. Hayan nga, aba, isa lang siyang paslit. At ang sabi nga ng Biblia siya’y may “mamula-mulang pisngi,” isang maliit na patpatang paslit, siguro’y hukot pa ang mga balikat, ang suot-suot ay kapisasong balat lang ng tupa. Wala siya nitong mga nagtataasang intelektuwal na digri at puspasang pagsasanay. Wala siyang kaalaman sa tabak. Wala nga siyang kaalaman sa lahat ng mga pagsasanay na ito ni Saul. . .

<sup>212</sup> Si Saul na ang pinakamahasay na maipanlalaban nila, si Obispo Saul. Tama, wala nang tatangkad pa sa kanya sa buong hukbo. Aba, siya nga—siya nga dapat ang sasalang dun at para makipaglaban, subalit natakot siya.

<sup>213</sup> At sa mga oras na ito alam nating kailangan natin ng isang rebaybal. Alam nating kailangan natin ng isang paggising sa gitna ng mga tao. Hindi nga kailangan ang isang Doktor ng Dibinidad. Ang kailangan nga’y isang mahina (Hallelujah) na magdadala nitong Salita ng Diyos sa kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo at papaslangin ang bagay na ’yun. Dadalhin si Cristo sa buong bansa. . . upang makita nila na may kakayahan pa rin Siyang magpamulat ng mga mata ng mga bulag, magpagaling ng mga maysakit, bumuhay ng mga patay, at Siya’y Diyos, Mananagumpay! Amen. Kailangan natin ng David, na di pinagsanay sa mga paaralang pinag-aaralan ang teolohiya, ang kailangan natin ay isang lalaking walang kaalaman sa bagay na ’yan, isang munting paslit na tagapag-araro lang marahil o parang ganun, isang munting paslit na hukot ang mga balikat,

walang gaanong itsura, na parating na naglalakad sa daan at taglay ang kapangyarihan ng Diyos.

214 Noong malapit na noong mamatay si nanay, sabi niya, “Billy, nagtiwala ako at naniwala sa iyo. Ikaw ang naging espirituwal kong kalakasan, inakay mo ako patungo sa Diyos.”

215 Sabi ko, “Nanay, noong paslit pa ako . . . Ang pinagmulan nga ng pamilya natin, hayan nga, Irlandes, kaya may pagka-Katoliko.” At sabi ko, “Sinasabi nga ng iglesya na—na ‘Sila’y—sila’y kalipunan ng mga tao, na nasa kanila raw ang lahat, na ang lahat ng ginagawa nila ay tama.’ Hindi ko mapaniwalaan ’yun, dahil sinasabi nga ng mga Lutheran, ‘Kalipunan kami ng mga tao, nasa amin ang lahat.’ Sinasabi ng Baptist, ‘Kalipunan kami ng mga tao, nasa amin ang lahat.’ Napakarami nga nilang ganyan, nasa siyamnaraang iba’t ibang organisasyon.” Sabi ko, “Nanay, hindi ko mailagak-lagak ang tiwala ko sa ganoon, kasi alin sa kanila ang tama?”

216 Nalaman ko, at sinasabi ko ito nang may pagpapakumbaba at may kaluguran, hayan nga’t naniniwala akong walang tama sa kanila. Siyanga. Binalikan ko ang Salita ng Diyos, nakita ko kung anong ginawa Nito roon. (Hayan nga’t, Diyos, itulot Mong makabalik kami roon.) At sa kahinaan, at walang suporta ng organisasyon, walang suporta ng mga denominasyon, walang suporta ng mga eklesiyastikal na organisasyon, bagkus umaasa sa kasimplehan at sa kapangyarihan ng Espiritu Santo na bumaba sa Pentecostes, na may siya ring mensahe na taglay ni Pedro noong Araw ng Pentecostes, “Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan.”

217 Hindi ka na maigagapos pang gaya ng mga grupo ng mga teologong ito, na ayos na ayos ang pagkakatupi nung kuwelyo at may mga digri pa sa Batsilyer sa Sining. Bagkus, kapatid, ikaw nga’y magkakaroon ng isang bagay sa iyong kamay, at hangga’t papasok ang Espiritu ng Diyos sa Salita na nariyan ay mananagumpay Ito at iuuwing pabalik ang mga nawawalang tupa na nangaliligaw. Amen! Ipahayag natin ang ating mga kahinaan! Itapon n’yo na ang inyong Doktrina ng Dibinidad! Itapon n’yo na ang inyong pagiging alam-ko-lahat, ang inyong pagpapamiyembro! Hubarin n’yo na ang inyong sarili sa harap ng Diyos, sa espirituwal na pananalita, at tawagin ang sarili n’yong “di karapat-dapat!” Hayan nga’t sa ganyang kalagayan ay magagamit nga kayo ng Diyos. Huwag n’yo rin lang itong sabihin mula sa inyong bibig, dapat ay mula ito sa inyong puso.

218 Si Jacob . . . si David, kinailangan nga nilang hubarin ang kanilang sarili. Siya ang pinakamahina dun sa karamihan.

219 Isipin n’yo ’yung, marahil, sampung libo o sandaang libong mga sundalo dun sa ibabaw ng burol. Lahat sila’y pinagsanay, bawat isa sa kanila’y may Ph.D., bawat isa sa kanila’y may

dalang sibat, mga sundalo. Ang bawat isa sa kanila'y Korporal *Ganito-at-ganyan*, Praybeyt *Ganito-at-ganyan* (pati nga 'yung mga Praybeyt), Heneral *Ganito-at-ganyan*, Tenyente *Ganito-at-ganyan*. "Dakilang Heneral Saul ng apat na estrelyas, Obispo, sige po, Kagalang-galang, na Ginoo!" Nakatayo ang bawat isa sa kanila roon, na mga kalalakihang dumaan sa pagsasanay.

<sup>220</sup> At 'yung kalaban ay nakatayo sa burol, ang sabi, "Kayong mga walang-kuwentang duwag." Oh!

<sup>221</sup> At dumating doon sa kampo ang isang maliit na paslit, na hukot ang mga balikat, (Oh Diyos!), mamula-mula ang pisngi, may sukbit-sukbit na maliit na tirador sa kanyang likod, daladala ang isang tinapay na gawa sa pasas para sa kapatid niya. At hayan nga't nagpakita na roon 'yung higante at pasigaw-sigaw dun nang paulit-ulit. Sabi nitong paslit, "Ibig n'yo bang sabihin sa akin na kayong grupo ng mga pinagsanay na mga iskolar ay magsisitayo lang diyan sa tabi at hahayaan ang dituling Filisteong ito na hamunin ang Salita ng buhay na Diyos?" Amen! Sabi, "Natatakot ba kayo sa kanya?"

<sup>222</sup> Sabi ni Saul, "Kung gusto mong sumabak, sige halika rito. Ako—ako—ako mismo ang magpapa-aral sa iyo ngayon din sa loob ng dalawampung taon, at maigagarantiya kita ng—ng Ph.D.. Sasabihin ko sa iyo ang gagawin ko, ito mismong digri ko ang ibibigay ko sa iyo."

<sup>223</sup> Sabi niya, "Hubarin mo ang bagay na ito." Oh, grabe! "Ayaw kong magkaroon ng anumang kinalaman sa bagay na ito." Ang nais niya'y pagtiwalaan ang Diyos. Sabi niya, "Alam ko kung anong nagawa na ng Diyos para sa akin gamit *ito*, at nakahanda nga akong magtiwala sa Diyos sa harapan ng kahit ano basta't gamit ito." Amen! Ganyan dapat ang karanasan ng isang Cristiano.

<sup>224</sup> Maging si Saulo, noong hubarin niya ang kanyang baluti, hubarin ang eklesyastikal na baluti, nagawa niya ang nagawa ni David. Hayan nga't kahit noong narating na ni Saulo ang dulo ng landas, sinabi niya, "Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka." Hayan nga ang huling kalaban na kailangang pagtagumpayan. "Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, iningatan ko ang Pananampalataya. Buhat ngayon ay natataan sa akin ang isang putong, na ibibigay sa akin ng Panginoon, na tapat na Hukom, sa araw na yaon." Sabi, "Hindi lamang ako, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa Kanyang pagpapakita."

<sup>225</sup> Oh, sabi nung kamatayan, "Pero hayan nga't kukunin na kita sa ilang minuto." At sabi nung libingan, "Dudukutin na kita at dadalhin na roon."

<sup>226</sup> Sinabi niya, "Oh kamatayan, saan naroon ang iyong tibo? Libingan, saan naroon ang iyong pagtatagumpay? Alam kong nakahandusay ako rito sa isang Romanong piitan, ginapos ng

mga tanikala, sa may pulso at sa may kamay, at heto ring may—may tatlumpu't siyam na mga latay sa likod ko. Heto akong pinahahapdi ng luha ang aking mga mata hanggang sa hindi na ako makakita. Pero di man ako makakita sa natural kong mata, heto namang nakikita ko ang isang putong na katuwiran na natataan sa isang dako. Pagod na ang mga bukung-bukong ko. Ang laki ng ipinayat ko dahil sa lumang inaamag na tinapay na iniitsa nila rito, at hayang paroo't parito sa ibabaw ko ang mga daga, at mga gagamba at kung anu-ano, hanggang sa tuluyan na akong manghina." Subalit nakakaya pa rin niyang tumayo sa harapan ng kamatayan at sabihin, "Saan naroon ang iyong tibo? Libingan, saan naroon ang iyong pagtatagumpay?" kahit kumakalansing pa ang mga tanikala sa kanyang mga kamay. Hallelujah! (Iyan nga ang kailangan natin.) "Libingan, saan naroon ang iyong pagtatagumpay?"

Sabi ng libingan, "Pabubulukin kita, Pablo."

<sup>227</sup> Sabi niya, "Datapuwat salamat sa Diyos, nakamtan ko na ang tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo."

<sup>228</sup> Noong nanghina siya, ang kanyang—kanyang eklesyastikal, ang kanyang . . . ang lahat ng kanyang rituwal ay nagsilahong parang bula mula sa kanya. At lahat ng mga papeles niya ng pagkatalaga ay binawi mula sa kanya. Hayan nga't di na siya kaanib sa mga Assemblies, o sa . . . alinman sa kanila. Kita n'yo, hindi na siya kaanib pa sa alinman sa kanila. Binakbakan niya sila nang husto hanggang sa 'yung mga obispo . . . ang sabi, "Ibig mo bang sabihin sa akin na ang isang lalaking nagsilbi ng dalawampung taon sa Romanong bilanguan ay magsasalita sa amin na huwag naming pahihintulutan ang mga kababaihan sa amin na mangaral? Huh! Huwag mo kaming pagsalitaan nang ganyan," sabi, "higit pa ang nalalaman namin. Sino ba 'yang lalaking 'yan, sa akala niya, na magsasalita sa amin na gawin *ito, iyon, o anuman?*" Sabi, "Alam namin ang pinag-gagagawa namin."

<sup>229</sup> "Hayan nga," sabi ni Pablo, "magsisilitaw sa kalagitnaan n'yo ang mga tao, na magsisipagtatag ng isang organisasyon sa madaling panahon, magsisilitaw nga sila at hihiwalay mula sa Pananampalataya nang ganun na lang, na walang Espiritu ng Diyos." Sabi, "Sila'y nagsilabas nga mula sa atin 'pagkat hindi sila sa atin."

<sup>230</sup> At, ano, nang nangyari? Umabot ito sa simbahang Katoliko; mula sa Katoliko patungo sa Lutheran; at patuloy hanggang sa pinakadulo, Assemblies of God, ganoon din, ganoon na ganoon ang ginagawa.

Sa lahat ng panahon, ganoon na ganoon!

<sup>231</sup> Subalit, oh, sa isang lalaki o babae na sadyang mahina, na napagtatanto n'yo ang inyong kahinaan, na ipaubaya n'yong

gamitin kayo ng Diyos! Napahaba na yata ako sa pagsasalita, siguro’y masyado nang mahaba ang pagsasalita ko.

<sup>232</sup> Ngayon, ano ’yun? Ngayon, siya ’yung... Si David ’yung pinaka walang alam sa grupo. Hindi siya pinag-eskuwela para sa pakikipaglaban, wala siyang nalalaman tungkol dun. Hayan nga’t hindi siya pinag-eskuwela dahil hindi naman sa ganoong klaseng pakikipaglaban siya inihanda, pero napagkilala niyang may isang Diyos. At kinuha niya ang pinakamahinang bagay; ’yung iba roon ang dala’y sibat, mga baluti, mga pana, at lahat na ng naroon, at kay David ay isang maliit na tirador lamang na may kasamang bato roon. Pero, kita n’yo naman, alam niya kung ano ang dapat pagtiwalaan niya. Ipinahayag nga niya ang kanyang kahinaan, pero ang pananampalataya niya’y sa Diyos.

<sup>233</sup> Sabi niya, “Ayaw kong suotan n’yo ako ng kalasag sa buo kong katawan para patumbahin ko ang sinuman. Ayaw kong sumabak dun, tapos sasabihin, ‘Ngayon, mga kapatid maaari ba kayong makiisa sa akin? Kasapi ako sa Assemblies, kasapi ako sa Presbyterian, isa akong Methodist, isa akong Baptist, maaari ba kayong makiisa sa akin mga kapatid?’ Ayaw kong magkaroon ng kaalaman sa ganyang mga bagay-bagay. ‘Heto, ipapakita ko sa inyo ang laman ng bulsa ko, may digri ako. Katatapos ko lang ng aking Batsilyer sa Sining. Nagtapos ako sa Unibersidad ng *Ganito-at-ganyan*, doon ako—ako nag-aral. Kumuha ako ng ganito. Oh, magaling akong magsalita! *Ganito* ako, *ganoon* o *ganyan*.” Ayaw niya ng *ganoon*!

<sup>234</sup> Ang gusto lang niya, sabi niya, “Nakasandig ang tiwala ko sa Diyos at heto na ako.” Yun na ’yun. At napabagsak nga ang higante. Siyanga.

<sup>235</sup> Iyan ang kailangan natin ngayon, kapatid. Ang kailangan natin, ngayon, ay mga kalalaking tulad ni David, hindi mga karanasan sa unibersidad.

<sup>236</sup> Hayan nga ang abang si Micaya, ang abang si Micaya, na anak ni Imla, mahirap, inayawan, itinakwil ng lahat ng mga denominasyon dahil sa tunay niyang paninindigan para sa Diyos. Subalit dumating minsan ang isang tao ng Diyos, sa dako roon, na ang pangalan ay Josaphat, at sinabi roon, “Nais kong malaman ang tunay na Salita ng Diyos.”

<sup>237</sup> Sinabi ni Saul, “May apatnaraan akong pinakamagagaling dito na ngayon mo lang makikilala.” Sabi, “Lahat sila’y may kanya-kanyang digri, sinanay silang maigi dito sa paaralan.” Sabi, “Aba, sila na ang pinakamagagaling na mangangaral na mapapakinggan mo kailanman.” Sabi, “Dadalhin ko sila agad-agad at sasangguni kami sa Panginoon para sa iyo.”

<sup>238</sup> Subalit sa kabila nun lumapit siya at tumingin sa paligid, sinabi ni Josaphat, “Oo, napakinggan ko na ang isang ito na *ganoon* ang sinasabi, at napakinggan ko na rin ang isang ito na



ganito ang sinabi, ngunit” sabi “may isa ka pa ba? Wala ka na bang iba?”

<sup>239</sup> Ipararating ng Diyos ang isang mensahe sa tapat na pusong naroon. Kahit isa lang ’yan sa kanila na nakatayo roon, hayan nga’t may isang tao ang Diyos para sa isang ’yan. Amen. Kahit nag-iisa lamang ’yang tapat na pusong ’yan, may isang tao sa isang dako ang Diyos para sa kanya. Hayan nga si Josaphat na isang tapat na lalaki, haring may takot sa Diyos, at may sapat na pagkaunawa para malamang mali ang mga mensahe nila. Alam niyang salungat ’yun sa Salita, amen (Oh, Kapatid na Neville!), alam ’yun ni Josaphat.

<sup>240</sup> Sabi niya, “Buweno, hayan nga’t aking—aking tinugaygay itong buong talaan, itong tsart dito sa seminaryo, pinatawag ko ang bawat isa para magpakita rito.” Sabi, “Buweno, tingnan mo ito, ang isang ito’y may . . . buweno, pagmasdan mo ang mga digri niya. Tingnan mo ang isang ito rito,” sabi, “pagmasdan—pagmasdan mo ang kanilang mga digri. Tingnan mo itong si Zedekias, siya ang namumuno sa lahat. Aba, isa siyang obispo, siya ang namumuno sa lahat dito. Siguro naman paniniwalaan mo ang sasabihin niya!”

Sabi ni Josaphat, “Oo,” sabi, “Aking—aking—aking. . .”

<sup>241</sup> “Buweno, tingnan mo, tingnan mo, nakikiisa sa kanya ang lahat ng iba pa. Sila’y isang malaking pangkat na nagkakaisa! At hindi mo masasabing hindi sila mga Hebreo. Hindi mo masasabing hindi sila mga propeta, heto ang digri na patunay na sila nga.”

<sup>242</sup> Sabi ni Josaphat, “Oo, Aking—aking—aking naiintindihan naman, Ahab.” Sabi, “Mainam—mainam ’yan, pero. . .”

<sup>243</sup> Sabi, “Ano pa bang . . . Papaanong may hahanapin ka pang iba? Hayan na ang buong paaralan ko! Hayan na ang bawat organisasyon na pinagsama-sama.”

<sup>244</sup> “Pero wala ka bang isa riyan na hindi kabilang sa grupong ’yan? Wala bang isa, na kung nasaang dako?”

<sup>245</sup> “Buweno, anong mapapala mo dun? Isa siyang mangmang na di nakapag-aral! Buweno, ano bang gusto mo sa isang taong ganoon?”

<sup>246</sup> “Pero—pero tinatanong nga kita, may isa ka pa ba, na kung nasaang dako?”

<sup>247</sup> “Oh,” sabi niya, “oo, may isa ngang ganoon.” (Hayan nga, Oh, salamat sa Diyos para roon!) “May isang ganoon, ngunit” sabi “kinapopootan ko siya. At kinapopootan din siya ng iba pa sa kanila, hayan nga.” Sabi, “Sinipa na namin, sinipa na nila siya palabas ng organisasyon, bawat isa sa kanila.” Sabi, “Naparito siya minsan para magdaos ng isang pagtitipon, pinalayas namin siya palabas ng bayan. Siyanga, po. Ayaw naming magkaroon ng kahit anong kaugnayan sa taong ’yan. Buweno,” sabi, “isa siyang

mahina, at nagmula siya sa isang ubod nang hirap na pamilya. Napakaterible niyang magbaybay ng pangungusap.” (Uh-huh, gaya ni Moody, alam n’yo) “Oo, napakaterible ng pagbabaybay niya ng pangungusap.” At sabi, “Sa totoo lang, para sa isang teologo, siya ang pinakahamak na narinig ko kailanman. Hindi pa ako nakarinig ng kasing grabe niya. Oh, wala siyang alintana kung sagasaan man niya ang kanilang rituwal. Aba, ginutay-gutay niya ang kanilang Credo de los Apostoles. Hindi pa ako nakakarinig ng ganyang bagay! Oh, talagang ginutay-gutay niya ’yun, at kanilang kinapootan siya at kinapopootan ko siya, kinapopootan siya ng lahat.”

248 “Oh,” sabi ni Josaphat, “huwag naman sanang sabihin ’yan ng hari, pero gusto ko talaga siyang mapakinggan.” Alam niya kung anong sasabihin ni Eliseo! Alam niya kung ano.

249 Nilampasan ng Diyos ang lahat ng mga natatanyag, makapangyarihan, na mga intelektuwal na mangangaral, at inilagay ang Kanyang Mensahe sa isang hamak na lalaki na itinuturing ang sarili na walang anumang nalalaman. Sa kabila nun anong ginawa niya?

250 Sinubukan muna nila siya, at sabi, “Ngayon, ang sasabihin mo ay kung anong sinasabi rin nila.”

Sabi niya, “Ang sasabihin ko ay ’yung kung anong ilalagay ng Diyos sa aking bibig, ’yun lang.”

251 Sabi dun, “Kung nais mo talagang magpalakas, alalahanin mo hayan nga’t ika’y. . . ika’y—ika’y nawala sa ayos dito, iho. Alalahanin mo, sinipa ka sa organisayon. Pero baka bigyan ka nila uli ng isa pang pagkakataon para maging kabahagi ka nila uli kung sasang-ayon ka lamang sa kanila lalo na sa panahong ito ng krisis. Kami nga’y naghahanda nang magdaos ng isang napakalaking pangkalahatang gawain,” sabi, “basta’t sumang-ayon ka lamang sa akin.”

252 Sabi, “Wala akong sasabihing iba liban sa kung ano ang sinasabi ng Diyos!” Ang makipagkompromiso, maaasahan mo bang ang isang tao ng Diyos na makikipagkompromiso siya sa Salita ng Diyos? Hindi, po, hindi siya mananangan sa kanila.

253 Sabi, “Pero isa kang mahina. Nagmula ka sa isang mahirap na pamilya. Aba, malay mo, baka kanilang. . .”

“Wala akong pakialam kung ano man ang gawin nila.”

254 “Buweno, puwede ka nilang papuntahin sa iba’t ibang bansa sakay sa isang eroplano. Kaya nilang gawin ang kahit ano, kita mo, basta—basta iyo lamang. . .”

255 “Hindi, hindi. Akin lamang sasabihin kung anong ilalagay ng Diyos sa aking bibig.” Nilampasan ng Diyos ang lahat ng grupong naroon, (siyanga, po, nagawa iyon ng tunay niyang paninindigan) nilampasan ang apatnaraan at ipinagkaloob sa kanya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON!

<sup>256</sup> Kung gayon sinampalatayanan ba nila Ito? Hindi, po! Sabi nila, “Hindi ’yan ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, hindi ’yan itinuturo ng seminaryo namin. Buweno, narito ang obispo namin, siya mismo ang may sabi, siya ang nagsulat ng rituwal. Nagkaisa kaming lahat, nagtayo kami ng aming mga paaralan. Sumasaamin ang Diyos! Saan nagdaan ang Diyos na mula dapat sa amin kung talagang pumunta Ito sa iyo?”

Sabi niya, “Makikita n’yo rin, sa darating na panahon.” Uh-huh, siyanga.

<sup>257</sup> Ano siya? Isang mahina, subalit siya ang pinakamalakas sa gitna nila roon. Bakit? Hayan nga’t nasa kanya ang Salita ng Panginoon. Oh, kapatid, magkakaroon pa ba ng halaga . . . ang anumang iba pang bagay kung nasa iyo na ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON?

<sup>258</sup> “Tingnan mo, Kapatid na Branham, kung ikokompromiso mo lamang ang tungkol sa paggamit ng Pangalan ni Jesus para magbautismo, buweno, magdaraos kami ng napakalaking pagtitipon sa Chicago o sa mga dakong gaya nun.” Huh! Akala n’yo uubra ’yun? Wala akong pakialam saang dako man kayo magtipon, kung anu-anong gagawin n’yo, manatili dapat kayo sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

<sup>259</sup> Nais kong lapitan nila ako’t sabihin sa akin kung saan Iyon mali. Ipakita sa akin sa Salita ng Diyos kung saan Iyon mali. Oo. Hindi naman nila gagawin. Hindi, nga. Hayan nga’t Iyon ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Manatili kayo Rito, kahit sipain pa kayo ng bawat isa sa kanila. Hindi ko alintana gaano man kayong maging mahina, “Dahil ako nga’y magiging malakas.” Kung sisipain nila ako palabas, kukupkupin ako ng Diyos. Uh-huh, oo. Ang Diyos. . . Sipain man nila kayo palabas, kukupkupin naman kayo ng Diyos.

<sup>260</sup> Tandaan n’yo, ’yung mga itinakwil ang pinupulot ng Diyos sa tuwina, ’yung mga tila di na pakikinabangan. Saka Niya sila gagawing *dakila* para sa Kanya. Hindi man n’yo marahil mapagtanto ’yan sa buhay na ito, ngunit magkakagayon nga sa isang darating; kita n’yo, ganoon nga.

<sup>261</sup> At ipinagkaloob nga sa kanya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, dahil bakit? Nanatili siya sa Salita. Taglay niya ang tamang Mensahe. Pinagkalooban siya ng Diyos ng isang pangitain. Ang iba roon ay walang pangitain. Kita n’yo? May pangitain siya. Bakit? Sapagkat nanatili siya sa Salita. Sa ganoon tayo makasasaksi ng mga tanda at mga kababalaghan. Hayan nga’t. . . Pinalalabas ng iba na ganito raw kasi Ito, pero nanatili siya sa Salita. Bilisan na natin.

<sup>262</sup> Si Elias, hayan nga’t pinalayas siya ng kanyang iglesya at ipinagpalit pa sa modernong sanlibutan. Nakikinita ko si Elias na grabe makasaway sa kanila na para silang mapapaso. Hindi ba’t ganito rin ang nakikinita n’yo? Alam n’yo na kung anong

klase itong si Elias. Nakikinita ko, noong nagpapasimula pa lamang siya sa pagmi-ministeryo, tumayo siya roon at nagsabi, “Aba, kayong mga kababaihan na nagpupumilit na maging katulad ng Unang Ginang,” nagsusuot din ng boneta, alam n’yo na, “Binibining Jezebel! Kayong modernong kababaihan, na tinutularan ang Unang Ginang ng lupain, nagbibihis na tulad niya, kumikilos na tulad niya. Kayong mga mangangaral!” Oh, naku, ang tindi ng pagkakasaway niya sa kanila! At lagi na lang may tataliwakas sa kanila hanggang sa wala nang natira.

<sup>263</sup> Hayan nga’t humantong siya sa dulo ng kanyang landas. Wala nang gusto pang makiisa sa kanya. Walang iglesyang gustong makiisa sa kanya. Iniwan siya ng buo niyang iglesya, nagsibalikan na sa sanlibutan (kagaya ng nangyari ngayon), siyanga, nagsibalikang muli sa sanlibutan. Iilan na lamang ang may kaya pang manatili, may isa rito at isa roon, na doon pa sa kabilang ibayo ng bansa kailangang dayuhin, at parang ganun. Kaawa-awa ang kanyang naging kalagayan, humantong siya sa dulo ng kanyang kaalaman.

<sup>264</sup> Sabi niya, “Panginoon, nanindigan naman ako sa Iyong Salita, sinalita ko naman ang Katotohanan. Pero lahat sila’y nagsipag-alisan na, wala man lang natira rito. Wala na akong, kahit sinong natira para pangaralan.” Amen. “Oo, nanindigan ako. Sa Iyong Salita, Panginoon, pero ngayon masdan Mo kung saan ako naroon ngayon, walang gustong tumanggap sa akin sa kanila. Kapag sasadya ako sa bayan, sasabihin nila, ‘Hayan na ’yung matandang sinto-sinto. Oo, oo, heto na ’yung matandang sinto-sinto’t parating na naman sa bayan, at hayan na naman siyang walang—walang kasawa-sawang ngangawa tungkol dito sa modernong pamumuhay at kung anu-ano pa.’”

<sup>265</sup> “Huwag n’yo po siyang tatanggapin! Pastor, huwag kang makiisa sa lalaking ’yan! Huwag, po!”

<sup>266</sup> Pastor, “Narito na naman ngayon sa bayan ang matandang panatikong ’yan. Kita n’yo, ang Elias na parating doon, ’yang matandang lalaking kalbo na ’yan. Huwag n’yong papansinin ang matandang lalaking ’yan. Tingnan n’yo nga siya, ni hindi man lang siya nakapagbihis na gaya ng dapat suotin ng isang ministro gaya nitong suot ko (ang kanyang sumbrero, alam n’yo na; at tatayo siya sa harap, at mali ang ayos ng kuwelyo, alam n’yo na).” Sabi, “Hindi siya . . .” Sabi, “Siya—siya—siya—siya’y kakaiba na para bang . . . Siya—siya’y kakaiba talagang lalaki.”

<sup>267</sup> At nakikinita kong sinasabi ng ilan sa mga natatanyag na kalalakihan, “Alam n’yo? Siya—siya’y may sayad na. Uh-huh, oo, isa—isa siyang may sayad, nakatira roon sa ilang, madalas na naglalagi sa kakahuyan, darating na nababalutan lang ng kapisasong balat ng tupa. Oh, naku! At pagkatapos sasawayin ang mga kababaihan! Hindi pa ako nakakita ng ganung bagay.

Huwag po kayong . . . huwag—huwag—huwag kayong makiisa sa kanya, kahit anong mangyari! Huwag po kayong makiisa!”

<sup>268</sup> Buweno, nagkatipon ang asosasyon ng mga ministro, alam n’yo, sabi dun, “Huwag—huwag kayong magkakaroon ng kahit anong . . . Hayaan n’yo lang siya, di magtatagal siya’y . . . siya’y hahantong sa dulo ng kanyang pag-iisip. Hayaan n’yo siya—hayaan n’yo lang siya sa kakasaway. Ganun nga, hayaan n’yo lang siyang mag-isa.”

<sup>269</sup> Subalit ang matandang Elias, ay patuloy na lumalakad nang tapat sa Diyos, (Naku, naku.) nanatili mismo sa Salita. Sa tuwing magdaraos sila ng maliliit na pagtitipon doon, hayan nga siya’t titingnan ang mga nagsidalo, sasabihing, “Lahat kayong mga Jezebel!”

<sup>270</sup> “Oh, grabeng kapangahasan naman ’yan! Hinding-hindi na ako pupunta’t pakikinggan muli ang lalaking ’yan! Hindi na, talaga, ayaw ko na!”

<sup>271</sup> Hindi siya nun napigil, nanatili pa rin siya kahit ano pang mangyari. Noong mawala sa kanya ang kanyang iglesya, noong mawala sa kanya ang kanyang . . . noong kalabanin siya ng lahat ng mga denominasyon, nung oras ding ’yun (noong manghina siya) sabi niya, “Ako na lang ang naiwan, at tinutugis nila ako para paslangin.” Sabi, “Papanain nila ako kung may pagkakataon sila.” Uh-huh. Kita n’yo? “Heto ako . . . Pinagtatangkahan nila ang buhay ko. At ako na lang ang naiwan, Panginoon, anong dapat kong gawin?”

<sup>272</sup> Nung oras ding ’yun, noong manghina siya (ngunit matapat pa ring nakatayo, nagpapahayag ng kanyang mga kahinaan at lahat na), sinabi nga nun ng Diyos, “Pumanhik ka sa bundok, bibigyan Kita ng isang bagong mensahe. Padadalhan Kita ng isang bagong mensahe ngayon. Sinabi ko sa iyo noon ‘Humayo ka’t sawayin ang mga bagay na ito,’ ngayon naman ay isusugo Kita pabalik na may bagay na magpapatunay na tama nga Ito.” Sabi, “Mahusay ang ginawa mo, Elias. Sinabi mo sa kanila ang tungkol sa Unang Ginang, at lahat ng ’yun, at kung anu-anong pinag-gagagawa nila. Sinaway mo si Ahab at ang lahat ng kanyang mga modernong bagay at lahat ng mga modernong iglesya, at sinabi mo sa kanila na mga mangangaral kung ano ang kanilang inaaniban. Naging halimbawa ka. Nanindigan ka kahit walang tulong, walang organisasyon, walang anuman sa likuran mo, subalit nanatili ka sa Aking Salita. Ngayon pagkakalooban Kita ng isang bagay. Pumaroon ka at sabihin mo sa mapagpaimbabaw na iyon, ‘GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Walang mahuhulog ni hamog man mula sa Langit hanggang sa di ko sabihin.’” Grabe! Grabe! Dinala siya sa taluktok ng bundok upang ipakita sa kanya ang isang bagay!

<sup>273</sup> Oh, nakikinita ko siya noong umagang ’yun, na paparating, naglalakad sa daan ng Samaria. Hindi siya pansinin, sigurado

'yan, hayan nga't nangingintab ang kalbo niyang ulo sa sikat ng araw, 'yung mga uban at balbas niya'y nakalaylay sa palibot ng mukha niya, suot lang ang kapirasong balat ng tupa. Sabi ng Biblia siya'y "mabalahibo," tadtad siya ng balahibo sa buo niyang katawan, nakikinita ko siyang napakaruming tingnan; hawak ang isang lumang tungkod doon, naniningkit ang pagod niyang mata habang nakasulyap sa langit, naglalakad sa daan. At sa palagay n'yo...siya...sa palagay ko parang disi sais siya kung kumilos gayong mga nasa otsenta na siya. Heto na siyang parating, naglalakad sa daan, didiretso siyang Samaria. Kapatid, lumakas na nga siya noon mula sa kanyang kahinaan, "Ang Aking kapangyarihan ay sapat. Huwag mong alalahanin pa ang mga organisasyon, Elias. Huwag mo silang alalahanin, ang Aking kapangyarihan lang ang kailangan mo."

<sup>274</sup> Naalala ko minsan nung nakatayo ako sa gilid ng isang malaking templo, at nasabi ko, "Panginoon, ayaw ko po sanang magpunta sila sa aking—aking opisina."

Sabi Niya, "Ako ang iyong Bahagi. Kita mo? Ako ang iyong Bahagi."

<sup>275</sup> "Sa—sa kahinaan ako—ako'y...Ang Aking kapangyarihan ay malakas. Ang Aking sakdal na Kalooban ay mangyayari nga (Pablo, o Elias, sino ka man) kung maisasantabi mo lang ang iyong sarili." Kita n'yo? "Sa iyong kahinaan, Ako nga'y nagiging makapangyarihan. Ako nga Yaon! Ako Yaong Makapangyarihan na pumapasok at pumupuno."

<sup>276</sup> Nakikinita ko siyang naglalakad sa mismong daang 'yun ng Samaria, naniningkit 'yung mga mata niyang nakatingin nang *paganoon*, hayan nga't, may kaunting ngiti sa kanyang mukha. Kapatid, dumiretso siya mismo sa harap ni Ahab. Hindi siya nautal, hindi siya nabulol. Hindi, hindi! Tumitibok sa loob ng buto't balat niyang dibdib ang isang pusong nakapanahan ang Banal na Espiritu. Siyanga, tunay! Naglalakad sa daang 'yun, dumiretso mismo sa harapan ni Ahab, at nagsabi, "Walang mahuhulog ni hamog man mula sa Langit hanggang sa di ko sabihin."

<sup>277</sup> Ipinadyak niya ang kanyang mga paa at, tumalikod na, bumalik na roon sa ilang. Sabi, "Mainam ang ginawa mo, Elias. Halika rito, inutusan ko na ang lahat ng mga uwak na pakanin ka, at ang...at maupo ka lamang rito sa itaas pansumandali." Oh, grabe!

<sup>278</sup> Noong mahina siya, saka siya naging malakas. Siyanga, po. Niyang niya ang kalangitan upang hindi umulan. Lumakas nga siya, noong mawala sa kanya ang kanyang iglesya, mawala ang lahat ng pagmamay-ari niya, lahat ng iba pa. Subalit nanatili siya sa Salita ng Diyos, hayan nga't nagkaroon siya ng kapangyarihang sarhan ang mga langit.

279 Noong mawala kay Jacob ang lahat ng kanyang lakas, hayan nga't pinagkaloban siya ng Diyos ng kapangyarihang maging isang prinsipe. Kita n'yo?

280 Noong mawala kay Pablo ang kanyang edukasyon at ang lahat ng kanyang teolohiya, ginawa siya ng Diyos na isang misyonero sa mga Gentil.

281 Noong mawala kay Moises ang lahat niyang kakayahan at naging mahina, ginawa siyang makapangyarihan ng Diyos at ipinadala siya sa Egipto sa kapangyarihan ng Espiritu, sa edad na otsenta; nakalaylay ang balbas, sakay sa mola ang asawa niya at anak na nakaangkas sa balakang nito, at isang tungkod sa kanyang kamay, nagpunta siya at nilupig ang Egipto. Oo. Kita n'yo? Hindi sa pamamagitan ng anumang hukbo sa likod niya, gaya ng ginusto niya noong paraan ng pagpunta, kundi sa kapangyarihan ng Espiritu. Amen!

Pagka ika'y mahina hayan nga't ika'y malakas.

282 Patuloy lang ang paglakad sa daang 'yun, hindi siya nabulol, hindi siya nautal, walang nangyaring gaya nun, lumapit siya mismo sa harapan ni Ahab, at nagsabi, "Nasa akin ang Salita ng Panginoon."

Sabi niya, "Ikaw ang nangbabagabag sa Israel."

283 Sabi niya, "Ikaw ang nangbabagabag sa Israel." Siyanga, po. Oh, kapatid! Siyanga, po. "Ilabas mo rito ang iyong mga intelektuwal na saserdote, at tingnan natin kung sino ang Diyos." Hayan nga. "Umakyat kayo sa Bundok ng Carmelo, Tingnan natin kung tutugon muli ang Diyos na tumugon noon sa Pentecostes. Tingnan natin kung ang Diyos ay siya pa ring Diyos, kung si Jesus nga'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Noong bumaba siya sa bundok, taglay na niya ang isang Mensahe. Oo. Talaga ngang nanghina muna siya bago 'yun, hayan nga, nawala ang lahat sa kanya bago niya nagawa 'yun. Kinailangan niya munang maging mahina bago siya naging malakas.

284 Ang kasimplehan ng Ebanghelyo ang nagpapalito sa mga tao. Sinisikap kasi nila Itong gawin na para bang napakalaking intelektuwal na bagay, gayong naroon lang ito sa kasimplehan. Hayan nga't kinukuha ng Diyos ang siya mismong kasangkapang ito ng kababaan at kahinaan at kasimplehan, upang Siya ay gumawa sa pamamagitan ng mga ito. Nagiging kasangkapan ito sa kamay ng Diyos.

285 Si Juan Bautista, ang Mensahe niya, nitong sugo sa unahan ni Cristo, napakasimple Nito kaya hindi na ito napapansin ng mga tao. Pakinggan n'yo ito pansumandali. (Nawa'y hindi ko kayo masyadong pinaghihintay nang matagal, lalo na sa mga nangakatayo lang riyan sa palibot, kita n'yo.) Tingnan n'yo! Si Juan, noong. . . Magpatotoo ang lahat ng mga propeta tungkol sa pagparito ng Mesiyas. Sabi ng isa sa mga propeta "Ang

mga bundok ay magsisiluksong parang mga lalaking tupa.” Sabi naman ng iba, “Ipapakpak ng mga dahon ang kanilang mga kamay.” Sabi ng isa pa, “Ang lahat ng dakong mabababa ay mataas, at ang dakong matataas ay bababa.” Oh, ang ganda! Isang kamangha-mangha ngang araw!

<sup>286</sup> Nakikinita n’yo ba ’yung Paaralan ng mga Propeta at ’yung intelektuwal nilang kaisipan tungkol doon? Oh, naku, lagi na lang silang nakatuon sa magaganda’t mahusay! Subalit noong maganap na ’yun, doon nga sa ilang ay lumitaw ang isang matandang mangangaral na hindi man lang nakapag-eskuwela ni isang beses sa buhay niya, marahil napakahina niyang magbaybay ng pangungusap. Ang tatay nga niya’y isang saserdote, ngunit kinuha siya ng Diyos palayo roon. (Natalakay na natin ’yun sa aralin noong nakaraang Linggo.) Hindi siya inihalo roon sa mga denominasyon, kaya’t dinala siya roon sa ilang para Kanya Mismong sanayin siya. Ganoong klase—ganoong klase ang mananatili sa Salita ng Diyos.

<sup>287</sup> Lumitaw mula sa ilang, nasa trenta y anyos na; nakikinita kong nakalaylay ang itim niyang balbas sa palibot ng kanyang mukha, kalat-kalat; may malaking piraso ng balat ng tupang nakabalot sa kanya; nakatayo sa putik, na hanggang tuhod ang taas; nagsabi, “Ako nga yaong sinabi ng propeta Isaias.” At naparoon ang ilan sa mga denominasyon; sabi niya, “Huwag ninyong isipin na sabihin sa inyong mga sarili ‘Mayroon kami *nito* at *niyon*,’ Mangyayaring makapagpalitaw ang Diyos ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito!” Oh, grabe! Bakit? Taglay niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Taglay niya ang Mensahe. Sinabi na ng Diyos nang una pa lang na darating ang taong ito. At ang dahilan nga . . . dumating kasi siya sa kasimplehan, kaya lampas-lampasan Iyon sa ibabaw ng kanilang mga ulo.

<sup>288</sup> Noong dumating si Jesus, sabi Niya, “Anong inilabas ninyo upang makita, isang intelektuwal na tagapagsalitang palipat-lipat galing Methodist magiging Baptist, tapos galing Baptist magiging Presbyterian, Presbyterian magiging Pentecostal, at Pentecostal magiging iba na naman? Lumabas ba kayo upang masdan ang isang tambo na inuuga ng kahit anong hangin? Hindi ganoon si Juan!” Sabi, “Lumabas ba kayo upang makita ang isang lalaking nararamtan ng damit na maselan?” Sabi Niya, “Naroon sila sa mga palasyo ng hari, ’yung ganoong uri ng mga ministro.” Sabi Niya, “Anong inilabas ninyo upang makita, isang propeta?” Sabi Niya, “Lalo pa siyang higit kaysa sa isang propeta!”

<sup>289</sup> Si Juan ay lalo ngang higit pa kaysa sa isang propeta. At, masdan n’yo, dumating siya na pinakamababa sa kanilang lahat. Subalit higit pa siya sa isang propeta. Alam n’yo kung ano si Juan? Isa siyang mensahero ng tipan. Tunay, siya nga. Lumampas siya sa pagiging isang propeta. Ang *propeta’y* isang



tagakita na nakakakita ng mga bagay-bagay. Nagawa rin 'yun ni Juan, siyanga, subalit higit pa siya roon. Mensahero siya ng tipan. Sabi niya, "Oo, narito yaong sinabi tungkol sa kanya 'Ipinapadala Ko ang Aking sugo na nauuna sa Iyo.'" Siya 'yun, isa siyang mensahero ng tipan. Tunay. Sa simpleng paraan ng kanyang pagparito, talaga namang binulag nun ang mga intelektuwal.

<sup>290</sup> Ngayon kailangan na nating magtapos sa ilang sandali, mga ilang minuto pa, may ilang bagay lang ako ritong nais kong sabihin pa, ilang mga Kasulatan at ilang bagay na inilista ko.

<sup>291</sup> Papaano naman 'yung balo na may isang dakot na harina? Humantong siya sa kanyang kahinaan, siguro halos mamatay na siya noon sa gutom. Wala na siya noong harina. Wala siyang mapuntahan para mapaghiraman ng kahit kaunting harina man lang, kahit ang iba'y naubusan na. Subalit naroon siya sa isang kalagayan, bilang isang masugid na mananampalataya, ang asawa niyang lalaki'y isa noong dakilang tao ng Diyos. At siya'y balo, na may isang anak. At ang mayroon na lamang siya'y isang dakot na harina, gayumpaman sapat na 'yun, 'yun lang ang kailangan niya; ihandog 'yun sa mga kamay ng Diyos, nabuhay siya sa ganoon lang sa loob ng tatlong taon at anim na buwan, sa isang dakot na harina. Nanghina siya.

<sup>292</sup> Lumabas siya noong umagang 'yun upang mamulot ng dalawang patpat, pagkatapos pinutol niya 'yun at pinagpatong. Kita n'yo, ang dalawang patpat na 'yun ay ang Krus. Kita n'yo? Pinutol. . . Sabi niya, "Kukuha ako ng dalawang patpat." Hindi niya sinabing "Kukuha ako ng kasing dami ng mabubuhay ko sa braso ko," hayan nga, dalawang patpat lamang. Yun lang. Kita n'yo ang simbolo?

<sup>293</sup> At, oo, sinaunang pamamaraan 'yun. . . Para makagawa ka ng apoy gamit ang ganung paraan, kukuha ka ng mga kahoy at pagkukrusin ang mga 'yun, at sisindihan mo 'yun sa gitna nun mismo. Kapag nasa camping ako, aking. . . sa kabundukan kasi kapag gabi na, para hindi ako manigas sa lamig, nilalagay ko 'yung isang kahoy nang *paganito* at 'yung isang kahoy nang *paganito* naman, at sa paglalim ng gabi unti-unti ko 'yung tinutulak sa dulo nun, at mag-aapoy na 'yun habang tinutulak mo, kita n'yo, hanggang makarating sa pinagkrusan.

<sup>294</sup> "Kukuha ako ng dalawang patpat. Gagawa ako ng tinapay, ihahanda ko itong harina, itong kakarampot na isang dakot na harina, at gagawa ng isang tinapay para sa akin at para sa aking anak. Kakainin namin 'yun at mamamatay na." Hinanghina na siya noon, aba'y siyanga? Sabi niya. . . At tumalikod na siya at nagsimula nang lumakad pabalik. Oh, napakainit pa naman nung umagang 'yun! Oh, napakatagal nang panahong walang-wala sila. Ang lahat. . . Walang tubig, at sumisigaw ang mga tao, nangamamatay ang mga tao, sa lahat ng dako; walang

mapaghiraman, wala na siyang magagawa. Nasa dulo na siya ng kanyang daan. Siya ay humantong na sa kanyang kahinaan. Sabi niya, “Ihahanda ko ito para sa akin at sa aking anak, at matapos naming kainin ay mamamatay na kami.” Pagkatapos tumalikod na siya at sabi niya . . .

<sup>295</sup> “Sandali lamang!” Lumingon siya. At bumungad sa kanya’yung matandang balbasing mukha doon sa may tarangkahan, sabi, “Yumaon ka’t igawa mo muna ako ng munting tinapay, at dalhin mo ito sa akin.” Oh! “Dalhan mo ako ng kaunting tubig, at isang piraso ng tinapay, sapagkat, GANITO ANG SABI NG PANGINOON!” Oh, naku, ’yun na. Oh, naku! Ang kakarampot na mayroon siya, kita n’yo, inihandog niya ito sa Diyos. Sapat lang ’yun para makain niya sa natitira pang panahon. Oo. Kita n’yo, noong mahina siya saka siya lumakas.

<sup>296</sup> Mayroon na lamang siyang isang sisidlan na may natitirang kaunting langis. At pagkatapos nun walang-wala na siya, ang dalawa niyang anak ay ipagbibili na bilang mga alipin. Huli na talaga’yung kakaunting laman nung sisidlan ng langis. Huli na talaga’yun, nasa dulo na siya.

Sabi ni Elias sa kanya, sabi, “Anong mayroon ka sa bahay n’yo?”

Sabi, “Kaunting langis sa isang sisidlan na lamang.”

Sabi, “Yumaon ka sa iyong mga kapitbahay, manghiram ka ng maraming sisidlan.”

<sup>297</sup> Hayan, tingnan n’yo, pinaghahanda na siya bago pa man mangyari ang isang bagay. Maghanda! Narinig na ni David ang hugong na iyon sa mga puno ng morales. Nakita na ni Eliseo ang isang ulap na kasing liit ng kamay, sabi, “Naririnig ko ang hugong ng kasaganaan ng ulan.” Kung makakakuha lamang ang Diyos ng ilan doong sisidlang walang laman! Siyanga.

Sabi niya, “Punuin mo ang bahay ng kagaya nun.” Amen.

<sup>298</sup> Nakita n’yo na kung ano talagang nais ng Diyos? Kailangan ng Diyos ng mga sisidlang walang laman. Pakinggan n’yo! Nalalamnan tayo ng napakaraming doktrina, napakaraming eklesiyastikal na bagay na wala namang kabuluhan, hanggang sa masaid tayo sa pinaka ilalim ng banga. Iisang bagay na lang ang matitira, ang bumaling sa Diyos at sa Kanyang Salita. At kung gagawin n’yo’yun, kukuha ng ilang sisidlang walang laman. Alisin n’yo ang lahat ng Methodist sa loob nun, ang lahat ng Pentecostal sa loob nun, at ang lahat ng Baptist sa loob nun, at hayaan n’yo silang masaid hanggang mga sisidlan na lamang ang matira, at ilagak mo lang sila sa bahay. At pagkatapos ay kumuha ka mula sa Sisidlang ito at simulan mong isalin, amen, basta simulan mong magsalin.

<sup>299</sup> Nakalikom nga siya nang sapat para makaraos siya at ang kanyang mga anak, at para sa iba pang pangangailangan, at

mabayaran ang lahat ng pagkakautang. Bakit? Bakit? Dahil sa kakarampot na taglay niya, inihandog niya 'yun sa Diyos, at sumunod siya sa salita ng propetang 'yun, hayan nga't naging maayos ang kalagayan niya.

<sup>300</sup> Diyos, magsugo Ka sa amin ng isang propeta na kukunin ang Salita ng Diyos, at hindi kukuha ng anupamang iba, kundi mga sisidlan lamang na walang laman. Kung makakukuha lang sana ang Diyos ng mga sisidlang walang laman, hayan nga't kukunin ang Salita ng Diyos at ibuhos Ito sa taong ito.

<sup>301</sup> Hindi 'yung sinasabi ng iba riyang na, "Oh, nanginig ako noong matanggap ko Ito. Nakapagsalita ako ng iba't ibang wika noong matanggap ko Ito. Nakapagsayaw ako sa Espiritu." Kalimutan n'yo na 'yan, kita n'yo, kalimutan n'yo na 'yan!

<sup>302</sup> Manatili lang kayo riyang hanggang sa dumating Ito, ganun lang, hanggang sa mapuno ang mga sisidlan. Ganun lang ito. Ganun lang ang dapat n'yong gawin. Opo, ginoo, ganoon Itong kasimple! "Hanggang sa mapuno ang mga sisidlan," nawa'y makapanatili tayo sa ganoon!

<sup>303</sup> Ang mga alagad, noong di nila malaman ang gagawin isang araw, sabi ni Jesus sa kanila, sabi, "May limang libong kataong naririto," at sabi, "hilog-hilo na sila, nagugutom na sila." Oh, kahit isang oras ay kaya kong lumagi sa paksang ito. "Limang libong nagugutom," hayan nga't may isang daang bilyon ang nagugutom!

Sabi, "Payaunin Mo na sila."

Sabi, "Hindi n'yo puwedeng gawin 'yan." Sabi, "Pakainin n'yo muna sila."

<sup>304</sup> Oh, naku! Nakikinita ko silang dumidilihensya para lang may maipakain, at alam n'yo noong makuha na nga nila ang lahat (ang lahat) ng puwedeng madilihensya. . . Pasensya na po sa salitang 'yan, "dilihensya." Hayan nga't nakuha na nilang lahat, sabi nila, "Ngayon, heto, ginalugad na namin ang bawat sulok. Wala pa rin kaming nalikom ni isang kusing na pera, kaya hindi natin maaaring idaos ang gawain." Nakita n'yo na? "Heto lang ang nakuha namin, heto nga't ang nahanap lang namin ay limang maliliit na tinapay at dalawang maliliit na isda mula sa isang bulilit" gaya ni David, na nanggaling pa sa ilang. "Iyon lang ang nakuha namin. Iyon lang ang nakayanan namin. Nasa dulo na kami ng aming pag-iisip. Wala na tayong magagawa, Juan." Sabi ni Pedro, "Hanggang doon na lang ang magagawa natin. Hanggang doon na lang ang magagawa natin. Nasa dulo na kami ng aming pag-iisip. Hanggang sa ganoong kakarampot lang ang pagkaing makukuha natin."

<sup>305</sup> Buweno, isang munting Kasulatan lang ang makukuha ko, Mga Gawa 2:38, at 'yun lamang naman ang kailangan natin, basta sumunod lamang Doon. Hindi n'yo kailangang mag-*aral* sa mga seminaryo, patungkol *dito*, *doon*, sa *iba pa*, basta

kunin n'yo lang Iyon. Oo, basta—basta kunin n'yo lang Iyon, 'yun lang ang kailangan n'yo, “Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at kayo ay mapupuspos ng Langis.” Kita n'yo? Maging mga walang laman, maghanda para sa Isang iyon, 'yun lang naman ang kailangan n'yo. Hayaan n'yong masalinan kayo kahit isang patak, at di kalaunan ay makikita n'yong napupuno na pala.

<sup>306</sup> Alam n'yo, hindi naman ganoong kahirap na patakan ang bawat sisidlang naroon. Marahil idadaiti lang niya ang daliri niya, nang *paganito*, tapos papatakan na ang bawat isa nang paganoon; maya-maya hayan nga't puno na pala. Papatakan lang 'yun, kita n'yo, 'yun lang ang kailangan niya, 'pagkat 'yun ay pinagpalang langis.

<sup>307</sup> Huwag kayong kukuha ng kung anong karanasang galing sa seminaryo. Kunin n'yo ang Salita ng Diyos at ipatak n'yo Ito roon, masdan n'yo kung papaano ito unti-unting mapupuno.

<sup>308</sup> Sabi niya, “Buweno, anong klaseng patak ang dapat nating gawin? Marahil maaari tayong kumuha rito sa Mga Awit.”

<sup>309</sup> Sinasabi ko sa inyo ang dapat n'yong kunin, “Mangagsisi kayo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at kayo ay mapupuspos mula sa Patak na iyon.” Hayaan n'yong pumatak 'yun sa loob nun, at mapupuno kayo mula sa Patak na iyon. Iyon ang Patak na ginamit ni Pedro sa Araw ng Pentecostes. Iyon ang Patak na ginamit ni Pablo. Iyon ang Patak na ginamit ng lahat ng mga alagad. Ang iba pa nun ay pawang idadagdag, basta kunin lang n'yo ang Patak na iyon at sundin 'yun, at ang iba pa nito ay magiging maayos.

<sup>310</sup> Maging mahina kayo! Maging pawang mga walang laman! Sairin n'yo hanggang dulo, at mangyaring tuloy-tuloy na ang pagpatak nun, at ang Diyos na nga ang bahala sa nalalabing pagpapatak nun. Basta gawin n'yo lang 'yun. Papatakin n'yo sa pagdulog ang inyong mga tuhod at tanggapin 'yun nang buong puso n'yo. Papatakin n'yo sa pagdulog ang inyong puso ngayon mismo at samitin, “Diyos, sinasampalayanan ko Ito, nang buong puso ko!” Ang Diyos na ang bahala sa ibang mga patak, mapupuno rin ito, “Kayo ay mapupunong muli ng Espiritu Santo.”

<sup>311</sup> Ngayon ang mayroon lang sila dun ay limang maliliit na tinapay at dalawang isda. Ano kayang gagawin nila? Hayan nga't lumapit sila at nagsabi, “Ito lang ang nakayanan naming madilihensya. Nasa dulo na kami ng aming pag-iisip. Wala na kaming mahanap na iba pang piraso ng tinapay saanman, wala nang may dala pa. At ang maliit na paslit na 'yun, siguro isa siyang . . . isa siyang lagalag, pumasok sa paaralan nung umaga, tapos di na rin nagpakita sa paaralan at nangisda na lang. At

naabutan namin siya, doon sa sapa, narito siya para makinig. At, hayan, may dala siyang lima.” Salamat sa Diyos dahil sa maliit na batang ’yun! Siyanga, po. Sabi, “Aming . . . itong kakarampot na patak na ito ang tanging nakuha namin sa aming paghahanap.” Sabi . . .

<sup>312</sup> Sabi ni Jesus, “Sapat na ’yan. Dalhin n’yo ang mga ’yan dito.” Kita n’yo? “Dalhin n’yo ’yan dito, ibigay n’yo sa Akin. Ibigay n’yo sa Akin ang munting patak na ’yan, ako na ang bahala sa dapat gawin dito. Ngayon, basta patuloy lang kayong mamigay habang Ako ang magtutustos mula sa patak na ito.”

<sup>313</sup> At kunin nga ng bawat isa sa inyo ang patak ng Mga Gawa 2:38 ngayong umaga, at ilagay ’yun sa inyong puso, at mula sa pagkuha n’yo dun hayan nga’t masdan n’yo Siyang unti-unting pinagpuputol-putol ang Tinapay ng Buhay sa inyo. Mangagsisi kayo, mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tingnan n’yo nga kung di pa n’yan papatak ang Espiritu Santo, tuloy-tuloy ngang magpapatak sa isang *ito* at magpapatak sa isang *iyon*, magpapatak *dito* at magpapatak *doon*, magpapatak *doon*, at magkakaroon ng pagpupuno ng Banal na Espiritu! Tama!

<sup>314</sup> Hindi n’yo na kailangang pumasok pa ng mga seminaryo. Hindi n’yo kailangang maging matalino. Ang bagay lang na kailangan n’yong gawin ay kilalaning wala kayong nalalamang anuman. Hayaan n’yo ang Diyos na hawakan kayo, Siya na ang bahala sa iba pa nun.

<sup>315</sup> Hayan nga, pagkatapos sinabi ng tinig, “Dalhin n’yo ang mga ’yan dito.” Iyon ang nais ng Diyos ngayong umaga, ang dalhan n’yo Siya ng tumpok ng mga sisidlang walang laman. Siya na ang bahala sa mga ’yun. Siyanga, po.

<sup>316</sup> Ang bulag na si Bartimeo na nakaupo sa tabi ng pintuang bayan, gusgusin, nilalamig, oh, nasa pinakamahinang panahon ng buhay niya, at pagkatapos narinig niya ’yung isang Tinig, na ang sabi, “Dalhin n’yo siya rito.” Siyanga, sa panahong ’yun na pinakamahina ka.

<sup>317</sup> Hayan nga noon si Maria sa libingan, nagdadalamhati, ang kanyang pinakamamahal na anak, ang anak niyang lalaki’y pinatay, at ang lahat, ang lahat ng pag-asa niya’y naglaho. At nagtungo siya roon para gayakan sana Siya ng pabango, pero maging ang katawan Niya’y wala na roon. At nakarinig siya ng isang Tinig na nagsasabi, “Bakit ka umiiyak, babae?”

<sup>318</sup> Sabi niya, “Kinuha nila ang aking Panginoon. At ako’y . . .” Kaawa-awa talaga siya, Anak niya ’yung nilagay sa kahihyan; nilagay nila Siya sa lantad na kahubaran at ibinitin Siya roon sa may Krus, at ibinayubay Siya at ipinako Siya roon sa itaas, pagkatapos Niyang ipahayag na Siya ang Mesiyas, pagkatapos malamang nilimliman siya ng Banal na Espiritu at isinilang ang Anak na ’yun. Iyon nga’y Anak ng Diyos. Sumaksi siya sa

Kanyang mga gawa, at sa lahat, at hayan nga siya sa kanyang pinakamahinang sandali . . .

<sup>319</sup> At doon nga'y nanindigan si Jesus laban sa kasamaan, nanindigan laban sa mga organisasyon dun, nanindigan laban sa mga Fariseo dun; at naging mahina at ipinasakop ang Sarili sa kamatayan, at namatay na gaya ng isang makasalanan doon sa Krus, dala-dala ang ating mga pagkakasala. Ang mismong Mga Awit, ang mismong mga propetang pinaniniwalaan ng mga tao roon, binanggit na ng mga propeta (daan-daang taon bago pa) ang mismong mga Salitang sinabi Niya sa Kalbaryo, pero bigo ang mga taong makita 'yun. Ang dakila kasi nilang ekle- . . .

<sup>320</sup> “Diyos ko,” sabi ni David, “Diyos ko, bakit Mo ako pinabayaan?” Mga Awit 22, “Ang lahat ng aking mga buto, binabantayan nila, wala ni isa man sa mga yaon ang mababali. Umaling-iling ang mga tao at nagsabi, ‘Kanyang isinalba ang iba . . . Kanyang—Kanyang iniligtas ang iba, subalit ang Sarili Niya aba’y di man lang Niya mailigtas.’” Samantalang lahat ng mga bagay na sinabi ng mga propeta noong araw, ay sinambit mismo roon! At si Jesus, noong malapit nang mamatay, pinanghawakan ang Salitang 'yun, hayan nga't ipinasakop ang Kanyang Sarili. Ang Diyos, si Emmanuel, naging lubos na mahina hanggang ipasakop Niya ang Kanyang Sarili sa kamatayan, at sa libingan, at mapunta ang Kanyang kaluluwa sa impiyerno. Kahinaan! Subalit mula sa lubos na pagsukong 'yun. . . pumainlanlang noong umagang 'yun nang Araw ng Pagkabuhay, bumubulusok Ito pataas mula sa pinakamababa.

<sup>321</sup> Siya ang Pinakamataas, at naging pinakamababa. Pumaroon siya sa pinakamababang mga tao, pumunta sa pinakamababang bayan. At kahit 'yung pinakamababang tao sa bayang 'yun ay napakababa ng tingin sa Kanya. At mula sa dakong 'yun nagtungo sa kamatayan, at mula sa kamatayan nagtungo sa libingan, at mula sa libingan nagtungo sa impiyerno; sa pinakamababang dakong maaaring mapuntahan, sa pinakamababang impiyernong maaaring isipin, nagtungo Siya roon.

<sup>322</sup> Ngunit pagkatapos naman, mula roon, hayan nga't itinaas Siya ng Diyos. Nagtungo na sa Paraiso, mula sa isang dako nagtungo—nagtungo sa libingan, at mula sa libingan nagtungo sa Kaluwalhatian, at Napakataas na ngang talaga na kailangan na Niyang tumunghay pababa upang matanaw ang Langit. Itinaas ang Kanyang mga luklukan sa Langit!

<sup>323</sup> Ang munting nagdadalamhating nanay na naroon noon, wala siyang kamalay-malay na ganoon na pala ang nangyayari, nakatayo siya roon, “Kinuha nila ang aking Panginoon, at hindi ko alam kung saan dinala.” Yun nga . . . 'yun na nga ang pinakamahinang oras sa buhay niya. Ang kanyang—kanyang Panginoon ay wala na roon. Kanilang ipinako Siya sa krus, at

pagkatapos hayan Siyang . . . ipinako Siya sa krus at pinadanas ng kahihyan ng pagkakabayubay sa Kanya roon na lantad ang kahubaran sa harapan ng mga taong naroon; at sinibat Siya sa tagiliran, at lumabas ang dugo, at narinig nila Siyang humibik sa Krus, at nakita nilang nayanig ang lupa, at nakilala ng sangkalangitan na patay na Siya. At ibinaba na Siya mula dun, matigas na at malamig na, at inihimlay Siya sa libingan. Sa isip-isip nung nanay, “Ang huling pagpupugay na nga lang na magagawa ko sana para sa aking minamahal na Anak ay pumarito at gayakan Siya ng pabango, tapos ngayon kinuha pa nila Siya.” At nakatayo siya roong umiiyak, ang munting nanay na ’yun ay nakatayo roong umiiyak, humihibik. Oh, ang pinakamahinang sandali!

“Bakit ka umiiyak, babae?” sabi ng Tinig sa likuran niya.

<sup>324</sup> Inakala niyang ’yung tagapangalaga ’yun ng libingan, kaya sabi, “Oh, kinuha nila . . .” Ni hindi siya makaligon, siya’y hinang-hina talaga. Sabi niya, “Wala pa akong tulog hanggang ngayon at mag-tatatlong araw at gabi na. Nakatayo ako roon at pinanood ko ang pagpapako sa krus, pinagmasdan ko ang sarili kong Minamahal na anak na alam kong ang Anak ng Diyos. Alam kong Siya nga! Subalit kanilang . . .” (Nakapaling siya sa kabilang gawi at nasa likod naman Siya.) “At kinuha nila Siya at kanilang ipinako Siya sa krus. Nasaksihan ko Siya noong magbangon ng mga patay mula sa libingan. Nasaksihan ko Siyang gumawa ng mga sunod-sunod na himala. At alam kong ang Espiritu Santo . . . Talos ng Diyos ang puso ko, ako’y birhen noon, at ipinagkaloob sa akin ng Espiritu Santo ang Sanggol nang di sinisipingan ng lalaki. Alam ko ngang totoo ’yun! At nakita ko Siyang ipinahya at . . . hinapak mula sa Kanya ang Kanyang damit, at ibinayubay Siya roon at pinaghahampas pa Siya. Kahindik-hindik ang Kanyang kamatayan. Minamahal ko Siya, di ko na iniisip kung anong ginawa nila sa Kanya. Nais ko pa rin Siyang ilibing, nais ko—nais ko Siyang bigyan ng disenteng libing, pero kinuha nila Siya. Ako’y maraming araw nang, nagdadalamhati. Narito ako sa ganitong kalagayan. Hindi ko alam kung anong ginawa nila sa aking Panginoon.”

<sup>325</sup> Sabi Niya, “Maria.” At pagkatapos lumakas siya. Amen! “Pumaroon ka’t sabihin sa Aking mga alagad na magpapakita ako sa kanila sa Galilea.” Oh, grabe!

<sup>326</sup> Sa kahinaan kayo nga’y nagiging malakas. Kapag kayo’y mahina, hayan nga’t kayo’y nagiging malakas.

<sup>327</sup> Si Pedro, pagkaahon niya sa may laot matapos mangisda, siya’y . . . pangingsda ang ikinabubuhay niya. Parang gusto ko nga ’yung ikinabubuhay niyang ’yun. At hayan nga’t nasa laot siya’t nangingisda, bagbag na bagbag ang kalooban, alam niya kasing ikinaila niya si Jesus. Oh, naku! Narinig nga niya ’yung

propetang tumayo roon at sinabi sa kanya, “Pedro, sinasabi mo bagang iniibig mo Ako?”

328 Sabi niya, “Oh Panginoon, nalalaman Mo na Kita’y iniibig.” Sabi niya, “Iniibig Kita. Nakatalaga akong mamatay para sa Iyo.”

329 Sabi Niya, “Pedro, ang akala mo’y totoo ’yan sa puso mo, subalit ikakaila mo Ako nang maikaitlo bago. . . Ikakaila mo Ako nang maikaitlo bago tumilaok ang manok. Makikita mo, ikakaila mo Ako nang maikaitlo bago tumilaok ang manok.”

330 At pagkatapos ay naganap nga ’yun, nung tumayo nga siya roon ang sabi, “Hindi ko Siya nakikilala. Hindi, wala po akong anumang kinalaman sa kanila dahil mga Pentecostal sila.”

331 Hindi pa po oras para tapusin ang pangangaral, nagloloko lang itong relo ko. [Tumunog ang alarm sa relo ni Kapatid na Branham—Pat.] Kita n’yo? Sabi dun. . . Alam kong—kong—kong puwede na akong—akong huminto ngayon, pero di pa po ako—ako tapos rito, kita n’yo, hayan nga’t matatapos na rin po ito sa ilang sandali na lamang.

332 Sabi, “Akin—akin—akin—akin ngang nalalaman na ikinaila ko Siya. Ikinaila ko Siya sa harapan ni Pilato. Ikinaila ko Siya sa harapan nung munting babaing ’yun na lumapit sa akin, na nagsabi, ‘Hindi ba’t isa ka sa kanila?’ ‘Hindi!’ At nakapagbitiw pa ako ng masamang salita!” Oh, nasa terrible siyang kalagayan noon. Sabi, “Akin—akin—akin. . .” Ikinaila niya. . . Ikinaila niya Siya. At natanaw nga niya si Jesus na nakatayo roon at sumulyap, at noon ngang tumilaok ang manok, sumulyap kay Pedro. Lumabas siya. Oh, sinisi niya ang kanyang sarili, sabi, “Ano pang dahilan para manatili pa akong buhay?”

333 At pagkatapos, maliban pa roon, sabi niya, “Sa palagay ko’y babalik na lang ako’t mangingisda na lang muli. Hindi ko na talaga kayang mangaral pa, kaya babalik na lang ako’t mangingisda na lang.” Inihagis niya ang kanyang mga lambat at magdamag na naghulog ng lambat, walang nahuling isda. At siya ay nasadlak sa isang mahinang kalagayan, walang natira sa kanya, sinisisi niya ang kanyang sarili, humantong siya sa dulo ng kanyang mga kakayahan.

334 Buweno, inakala niyang isa siyang dakilang tao, tinagpas ang tainga ng isang anak ng punong saserdote nang paganoon. Buweno, inakala niyang isa siyang dakilang tao, alam n’yo, na may nalalaman siya. Pero wala siyang nalalaman! Kailangan niya talagang kalimutan ang lahat ng kanyang nalalaman.

335 At hayun nga siya roon, sabi, “Buweno, may isang bagay naman akong nalalaman, isa akong mangingisda. Maaari ko pa rin namang ikabuhay, itong pangingisda.” Magdamag siyang naghulog ng lambat at walang nakuha. Oh, grabeng kabiguan ’yun! Sa tuwing hihilain niya ’yun, walang kalaman-laman ang lambat. At labis siyang napanghinaan ng loob! Humantong siya



sa pinakamahina niyang kalagayan, sabi, “Pakiramdam ko’y mas mabuti pa sigurong tumalon na lang ako mula sa bangka. Wala naman akong halaga, walang silbi.”

Kanyang sinabi, “Mayroon ba kayong anumang isda, mga anak?”

<sup>336</sup> Tumanaw siya sa pampang, at may isang lalaking nakatayo roon. Sabi niya, “Wala, magdamag kaming nagbanat ng buto at wala man lang huli. Akala ko’y mangingisda talaga ako.”

“Ikaw ba ’yan, Simon?”

<sup>337</sup> “Oo. Buweno, magdamag akong nagbanat ng buto at wala man lang huli. Oh, ako—ako . . . Wala kaming isda rito.”

Kanyang sinabi, “Buweno, ihulog n’yo ang inyong lambat sa dakong kabila.”

<sup>338</sup> “Nagawa na naming . . . Ano?” Siya nga’y nagu- . . . Sabi, “Sa dakong kabila? Ginawa na namin ’yun!”

“Ihulog n’yo sa dakong kabila.”

<sup>339</sup> Inihagis niya ang kanyang mga lambat, at hinila niya. Sabi niya . . . Pagkatapos siya’y lumakas. Oh, ang ganda! Dinampot niya ang luma niyang pangisdang tunika at ibinigkis niya ito sa kanya, sabi, “Mga kapatid, ’yun na nga Siya!” At inunahan niya ang iba pa sa kanila sa may pampang bago sila makaabot, nagsasagwan sila nang simbilis nang makakaya nila. Inunahan niya sila sa paglangoy, kahit may suot pang pangisdang tunika, nauna pa siyang nakaabot sa pampang. Bakit? Noong malakas siya. Noong malakas siya’y wala siyang magawang anumang, subalit noong manghina siya saka siya lumakas. Siyanga, po.

<sup>340</sup> Oh, ang pamamaraan nga ng Diyos ay kumuha ng mga sisidlang tao na walang laman at payayanigin ang sanlibutan sa pamamagitan nila. (Ngayon, sandali na lamang po at uuwi na tayo.) Gaya nung Pentecostes, nung Pentecostes, anong ginawa Niya? Umabot muna ng sampung araw para lubusan silang mawalan ng nilalaman. Hayan nga’t nangakatayo silang lahat doon na nakasahod ang mga sisidlan nila, at kinuha ng Diyos ang Sarili Niya at pinuno sila. Ganoon lang! Kanilang niyanig ang sanlibutan; ibinuhos ang Kanyang Sarili sa kanila.

<sup>341</sup> Yan ang kailangan sa panahon ngayon. Yan ang kailangan natin sa panahon ngayon, kailangan ng mga sisidlang walang laman, siyanga, po, upang punuin sila ng Diyos. At hindi nga sila uubra . . . Lalampasan ko na lamang ang iba nito. Hindi sila magagamit ng Diyos hangga’t puno na sila. Kung puno ka ng pagsasanay sa teolohiya, hindi ka magagamit ng Diyos. Ang kailangan ng Diyos ay mga sisidlang walang laman upang mapuno *Niya* sila.

<sup>342</sup> Ngayon, hindi sinabi ni Elias, “Yumaon ka’t kumuha ng ilang sisidlan at manghiram ka ng maraming langis, at tingnan natin kung hindi pa tayo makakakuha n’yan ng magandang

kita sa pagbebenta nito, at kumuha ka nang kaunti mula sa pinagbentahan at bayaran mo ang nakuha mo sa kapitbahay.” Ang sabi niya, “Ang kukunin mo’y ’yung mga sisidlang *walang laman*. Yun lang ang kailangan mo.”

<sup>343</sup> Ganoon nga ang nangyari nung Pentecostes, mga sisidlang walang laman ang dinala nila roon kaya napuno sila ng Diyos. Kapatid, ganyan ang kailangan sa panahong ito. Sa panahong ito; dapat na ganoon tayo. Dapat ganoon o mapapahamak ka. Magtatapos na po ako ngayon, makinig kayo. Dapat na ganoon tayo kundi ay mangapapahamak tayo. Siyanga, po.

<sup>344</sup> Ang mga naglalakihan nating eklesiyastikal na makinarya, naglalakihang simbahang makinaryang nabarahan ng carbon, may espirituwal na pagkalantog ang mga ’yun. (Narito ngayon sina Kapatid na Collins, at Kapatid na Hickerson.) Sa palagay ko’y nagka-dipirensya na ’yung segunyal nun. Nagkaroon ng problema. Maling klase kasi ng gasolina ang ginamit nila, bumara ’yung carbon. Ginamitan kasi nila ng karanasan mula sa seminaryo sa halip na ang Espiritu Santo.

<sup>345</sup> Ang naglalakihang mga rebaybal natin sa lupain, ang mga dakilang tao natin, ang mga pangmalawakang gawain natin ng pagpapagaling, nangabigong lahat ito. Alam nating nabigo nga ito. Tingnan n’yo ang magiting nating ebanghelistang, na si Billy Graham, tinugaygay na ang buong bansa nang pabalik-balik, pabalik-balik, pabalik-balik. Anong mabuti ang naidulot nun? Si Oral Roberts, mga malawakang gawain ng pagpapagaling sa lahat ng dako, at pasama naman ito nang pasama sa tuwina.

<sup>346</sup> Sapagkat itong Baptist, Presbyterian, Assemblies of God, lahat nitong iba’t ibang mga denominasyon, kapag pinagsama-sama mo silang lahat, ano ito? Isang malaking eklesiyastikal na makinarya, at ang Diyos mismo ang nagpuno ng carbon para sa inyo. Pero ngayon siya’y pakarag-karag na lang, “chang,” pum, pum, pum, “chang,” pum, pum, pum, padalas nang padalas. Tapos na siya! Katapusan na niya! Ubos na ang gasolina, tapos tubig ang naisalin n’yo. Wala na ngang pag-asa (siyanga, po), umimpis na ang mga gulong sa magkabilang panig. Terrible ang ating kalagayan. Tumirik na ang eklesiyastikal na makinarya.

<sup>347</sup> At, kapatid, natungkab ang takip ng impiyerno. Siyanga. At nagsilabasang parang baha ang kapangyarihan ng demonyo sa lahat ng dako. Nasakop na nito ang mga bansa. Nasakop na nito ang pulitika hanggang sa mabulok ’yun sa pinakaloob nun. Nasakop na nito ang mga kaiglesyahan hanggang sa wala na silang anumang nalalaman kundi denominasyon.

Sasabihin mo, “Cristiano ka ba?”

“Ako’y Methodist.”

“Cristiano ka ba?”

“Ako’y—ako’y Pentecotal.”

348 Hindi parehas ang bagay na 'yan, gaya nung nabanggit ko nung isang araw, sa pagiging biik, o baboy, o kabayo, o kung anuman. Wala 'yang pagkatulad Dito. Isa kang Cristiano kapag naipanganak kang muli at napuspos ng Espiritu Santo, dapat na maganap muna 'yan, at makapagpasakop nang ganap sa Espiritu. Kung hindi ka pa nakakapag-pasakop sa Espiritu, ibig sabihin hindi ka pa naipapanganak na muli at hindi mo taglay ang Banal na Espiritu. Kahit pa nakapagsasalita ka man ng iba't ibang wika at manginig, at magtatalon at magtatakbo, at gawin ang lahat ng uri ng . . .

349 Sabi ni Pablo, "Kaya ko mang mapalipat ang bundok sa pamamagitan ng pananampalataya, kaya ko mang pagalingin ang mga maysakit, siguro pa nga'y kamit ko ang kaalaman sa Biblia, papasok sa isang seminaryo at matututunan ang lahat ng mga bagay na ito, lahat na," sabi, "wala pa rin akong kabuluhan!" Hallelujah!

350 Oh, naku, hayan nga't parang takip lang ng takureng nabuksan! Gumagala ang mga demonyo, mga kapangyarihan ng diyablo, sa ilalim ng pangalang Cristianismo, "nagtuturo ng kanilang Pinakaaral ang utos ng mga tao," mga aral na galing sa mga seminaryong taguyod ang teolohiya, at itsapuwera ang Biblia.

351 Hallelujah! Sino ang may kakayahan, sino ang may sapat na lakas, sino ang may sapat na karunungan? Sino ang may sapat na kapangyarihan para supilin ang pulutong na ito na halos pinaghuhubad na ang mga kababaihan ng kanilang pananamit, sa pangalan ng mga mangangaral, Methodist, Baptist, at kahit sa mga Pentecostal? Pinagpipinta sila ng mga mukha gaya ni Jezebel, at pinapuputulan ang kanilang buhok, at pinagsusuot ng pantalon gaya ng mga kalalakihan. Ang mga mangangaral natin, walang sapat na sigasig sa kanila upang sabihin ang mga ito sa kanila. Inaalihan ng demonyo! Pulutong nga ang pumunit sa damit nung lalaki roon na inalihan. Sino itong umuungal na diyablong ito?

352 Sino ang may sapat na lakas? May kung anong uri ba ng—ng denominasyon ang makagagapi sa kanya na nagpapalakad-lakad dito sa mga lapida ng mga denominasyon, sumisigaw, "Lumipas na ang mga araw ng himala, hindi na natin kailangan ang Espiritu Santo"?

353 At sino ang makasusupil sa diyablong 'yun? Ang Diyos! Hindi natin magagawa ito sa pamamagitan ng denominasyon. Hindi natin magagawa ito sa pamamagitan ng eklesiyastikal na lakas. Subalit may isang Tinig minsan na gumawa nito, amen, na sumupil sa mga diyablo na 'yun, inilagay ang naturang mga tao sa tama nilang pag-iisip at sinuotan sila ng damit. Ang siya ring Tinig na 'yun ay nangako sa atin, "Gagawin din naman ninyo ang mga gawang Aking ginagawa." Hindi n'yo magagawa

ito kung tatakbo kayo sa eklesyastikal na gasolinang ikinarga sa isang kotseng barado ng carbon. Hindi n'yo magagawa ito sa pamamagitan ng isang organisasyon. Magagawa n'yo ito kung tatanggalin ang lahat ng nilalaman n'yo at manghihina, itatapon ang buong sarili n'yo, at hahayaan ang Espiritu Santo na pumasok at pakilusin ang bawat bahagi n'yo, punuin ang bawat sulok ng inyong katawan. Yun lang ang nag-iisang... makagagawa nito. Hindi natin kailangan ng isang bagong organisasyon.

<sup>354</sup> Ang kailangan natin, Oh Diyos, damang-dama ko nga Itong bumubuhos sa palibot dito ngayon. Ang kailangan natin ay isang propeta ng Diyos na lilitaw taglay ang kulog na may kasamang kidlat ng Diyos, espirituwal na kidlat na yayanig sa sanlibutang ito sa kahihyan! Hallelujah! Sisidlang walang laman ang kailangan Niya, siyanga, isang Iglesyang tinawag-palabas, na kakaunti lamang talaga ang bilang na tatanggap sa kapangyarihan at sa mga pagpapala ng Diyos at sa Kanyang Mensahe. Hallelujah! Iyon ang kailangan natin.

<sup>355</sup> Maging mahina upang lumakas. Gagapiin nito ang bawat diyablo. Hihiyain nito ang marurunong. Dadalhin nito ang mga kalalakihan at mga kababaihan na tinawag ng Diyos, at sa ganoon lamang.

<sup>356</sup> Tandaan n'yo, "Kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Noe, ay gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao, walong kaluluwa ang nangaligtas." Sa panahon ni Elias ay pitong libo lamang ang may taglay Nito. Oh, isipin n'yo na lang ang panahong kinabubuhayan natin. Noon ngang dumating si Juan sa eksena, tunay na kakaunti lamang ang bilang ng munting iglesya, subalit may mga sisidlang walang laman doon na mapagbubuhusan ng Langis. Hallelujah!

Diyos, itulot Mo pong alisin na namin ang laman ng aming mga sarili.

<sup>357</sup> Maging walang laman, mga kabigan. Maging mahina kayo! Huwag n'yong pairalin ang sarili ninyong kakayahan! At kayo man sa radyo... hindi radyo, kundi kayo... na nakakapakinig sa mga teyp na ito, saan man sila naroon, alisin n'yo ang inyong nilalaman. Ibhuhos n'yo ang inyong mga sarili sa altar ng Diyos bilang hain. Hayaan n'yong dumating ang Anghel na may baga ng Apoy, punuin ang sisidlan na iyon ng kapangyarihan ng Diyos na Pinakamakapangyarihan sa lahat. Hayan nga't... Pagkatapos ay Kanya kayong palalakas, Kanyang bibigyan kayo ng biyaya para makatayo.

Iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali.

<sup>358</sup> Oh Panginoon, natapos na naman po ang isang Linggo ng umaga, na nagkatipun-tipon kami sa taimtim na pagtitipong ito, kung saan narito ang mga lalaki't babae na nakakikilala sa Iyo, kung saan tumatahan ang Iyong Espiritu sa kanilang mga puso,

at sila'y sumasampalataya po sa Iyo at kumikilos ayon sa bawat Salita na Iyong—Iyong iniatas na aming gawin. At amin Ka nga pong pinasasalamatang dahil sa mga taong ito.

<sup>359</sup> At siguro'y marami pang iba sa malayo sa ibang lupain na mararating ng mga teyp na ito, kung saan dadalhin ito ng mga munting kababaihan at kalalakihan na may mabababang-loob sa mga tahanan at sa mga tribo at sa iba pang mga lupain. At nawa'y makinig po sila, Panginoon, at maunawaan, tanggalin ang nilalaman ng kanilang mga sarili upang mapuno sila ng Espiritu Santo.

<sup>360</sup> Siguro'y may ilan din dito ngayong umaga, Panginoon, na . . . na tinanggal na nila ng nilalaman ng kanilang mga sarili mula nang mangusap kami kanina, na napag-unawa na nilang masyado na silang umaasa sa sarili nilang mga pag-iisip, sa kanilang sarili, sa . . . sariling kakayahan, umaasa sa—sa husay ng kanilang sarili't lisong kaisipang pantao, na walang anumang kundi karumihan sa harapan ng Diyos. Oh Diyos, nawa'y alisin na nila ang nilalaman ng kanilang mga sarili sa sandaling ito, ipagpasakop nila ang kanilang mga sarili nang may kabataan at magsilapit sila para sa pagpupuno ng Espiritu. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

Sinasabi sa Biblia, “Ang lahat na sumampalataya ay nabautismuhan.”

<sup>361</sup> May nakaupo sa loob ng gusaling ito ngayong umaga, Ama, na isang munting babae, nakaupo riyan sa likuran, at naalala ko ang isang Gng. Hicks na pinasusundan ako isang gabi at nakaratay siya noon na tila wala nang natira sa kanya kundi buto, litid, manipis na litid na lang ng balat sa buo niyang katawan, halos ubusin na siya ng kanser; ang kanyang asawa, ay hindi pa noon isang Cristiano. At naalala ko ang panalangin na idinalangin ko nung gabing 'yun, “Diyos, ipinadala mo ang munting David upang gapiin ang isang leon sa pamamagitan lang ng isang simpleng munting tirador, at inuwi niya pabalik ang tupa.” Sabi ko, “Nasakmal ng kanser na ito ang kapatid kong babae; isa itong diyablo. Alam ko pong Ikaw ay Diyos. Nakita na Kita, Panginoon, at alam ko. Nakausap na Kita, at Ikaw ay tumugon.” “Pumarito ako upang bawiin itong tupa ng Diyos; kanser, pakawalan mo siya!” Pagkatapos ay inatasan ko siya sa Pangalan ni Jesus Cristo na “Umuwi na.” At ang asawa niyang lalaki, na hindi pa noon nagpapasakop, nanampalataya siya sa Salitang 'yun at inuwi na sa bahay ang kanyang asawa. Narito siya ngayong umaga, isang napakalakas at malusog na babae, wala nang kanser, paririto siya ngayong umaga upang magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Oh Diyos, salamat sa Iyo para sa sisidlang walang laman na iyon na nakahandang mapuno. Diyos, dumadalangin po ako na Iyong pagpalain ang kaluluwang iyon.

<sup>362</sup> Panginoon, isang halimbawa pa lamang po 'yun ng marami pang iba. Dalangin ko na bumaba ang Iyong mga pagpapala sa mga tagapakinig na narito, nang may kataimtiman, Diyos, may kataimtiman. Hayan nga't . . .

<sup>363</sup> Isang bagay na lamang ang nakatakdang mangyari, Ama, na nakikita ko, at 'yun ay, alinman sa magbabangon Ka sa isang dako ng ilang mga sisidlang walang laman at ilalagak ang sanlibutan sa sarili nitong kahihiyan, o parirituhin na si Jesus sa madaling panahon. Narito na ang wakas, Panginoon, dalawang bagay na lamang ang nakatakdang mangyari (at tiyak na makikita na namin ito sa madaling panahon) sapagkat alam naming nasa kawakasan na; alinman sa makikita namin ang isang dakilang bagay na lilitaw sa madaling panahon, o makikita namin ang Pagparito ng Panginoon.

<sup>364</sup> Natupad na ang lahat ng propesiya. Ang huling bagay bago buhaying mag-uli ang Iglesya, bago Siya kunin paitaas diyari sa ika-3 kabanata ng Apocalipsis, ay ang pagparito ng isang Mensahero sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, na "papagbabaliking-loob ang puso ng mga tao sa mga naunang magulang," ibabalik sila sa tunay na Pentecostes, na kanilang taglay-taglay. Makailang libong beses na ilang libo, kagaya noong panahon ni Noe, Panginoon, ang mapapahamak. Marami sa kanila ang mapapahamak. Nakikita na naming natutupad iyon, Ama.

<sup>365</sup> Pumarito Ka po, Panginoong Jesus, agawin Mo ang Iyong Iglesya. At kung loobin Mo, Panginoon, bago lamang ang pag-agaw sa Iglesya, may Kapangyarihan nawang magbangon. Oh Diyos, punuin Mo po ang mga sisidlang ito. Ibangon mo sila, Panginoon! Muli Mo pong payanigin ang sanlibutang ito! Alam naming may panahong darating, na huli na para makapagsisi, magiging huli na ang lahat. Subalit ipamalas Mo po muna ang Iyong Kapangyarihan, Panginoon, na mapuno ang mga sisidlan na narito at payanigin ang sanlibutan sa paraang hindi pa ito nayayanig kailanman! Kukunin Mo na ang Iyong Iglesya. Iiwan ang sanlibutan sa kaguluhang kinasasadlakan nito, Oh Diyos, nahihirapan na sila.

<sup>366</sup> Pagkatapos alam naming dadako na ang dakilang Espiritu Santo sa mga Hudyo. Kapag nakita na namin ang sangdaan at apatnapu't apat na libo na nangakatayo sa Bundok ng Sinai, nangakatayong kasama ng Cordero, samantalang ang Nobya naman ay nasa Langit na. Dinala na Siya paitaas, at nagbalik na ang Cordero (si Joseph) upang ipakilala ang Kanyang Sarili sa Kanyang bayan. At sinasabi nga ng Biblia na magkakaroon ng pagtanggap sa gitna nila sa sandaling titingin sila at makikita Siya na nakatayo roon. Sa sandaling ipakikilala na Niya ang Kanyang Sarili, sasabihin nila "Saan mo nakuha ang mga pilat na iyan?"

Sabi Niya, "Sa bahay ng Aking mga kaibigan."

Kaya sasabihin nila, “Siya Yaong ipinako natin.”

<sup>367</sup> At Kanyang sasabihin gaya nung sinabi ni Joseph, “Huwag kayong magulumihan, sapagkat ginawa ito ng Diyos upang iligtas ang buhay ng mga Gentil. Hindi n’yo ito pagkakamali.” Pagkatapos nun gaya ng sinasabi tungkol sa kanila hayan nga’t magkakaroon ng paghihiwalay, pamilya sa pamilya, tatangis sila na gaya ng kukunin ang bugtong na anak mula sa tahanan.

<sup>368</sup> Oh Ama, nalalapit na ang araw na ’yun, kapag humantong na sa dulo ng Pitumpung Sanlinggo. Hayan nga’t nalalapit na ang oras na iyon, Panginoon.

<sup>369</sup> Oh Diyos, sumigaw nawa ang tinig—ang tinig ng mga tunay na propeta laban sa makabagong kababaihan ng panahong ito, laban sa makabagong iglesya, laban sa makabagong teolohiya ng iglesya.

<sup>370</sup> Yanigin Mo ang mga mangangaral na ito na nangatakatok sabihin ang Katotohanan. Oh Diyos, Iyo pong kunin ang mga lalaking ito at yanigin silang gaya ng hindi pa sila nayayanig kailanman, Iyong ilagay sila sa kalagayang mangahihiya sila sa kanilang mga sarili.

<sup>371</sup> Hayan nga’t nalalaman namin ang isang bagay, at aming maisasandig ang buo naming pagtitiwala, na, “Walang taong makalalapit maliban nang ang Ama ang sa kaniya’y magdala. At ang lahat ng ibinigay ng Ama ay magsisilapit.” Makalalapit nga po sila hanggang sa lapit na itinakda Mo. Hayan nga’t Iyo nga ring sinabi, “Huwag kayong mangatakatok, munting kawan, sapagkat nakalulugod na mainam sa inyong Ama ang sa inyo’y ibigay ang Kaharian.” Alam naming totoo Iyon. Sinabi Mo na sa amin sa simula pa lang na kakaunti lamang, ang magiging handa sa pagdating ng oras na ’yun. Pagkatapos nun ay magkakaroon ng isang dakilang pagkabuhay na mag-uli, at ang lahat ng mga tinubos na mga natubos sa lahat ng mga kapanahunan ay magsisibangon. Subalit sa huling araw na ito, sa panahon ng kawakasan, ang Iglesya nga’y tunay na kakaunti ang bilang.

<sup>372</sup> Hayan nga’t nakikita namin ito, Ama, nakikita namin ang Mensahe ng kapanahunan. Nakikita naming tinatanggihan Ito, nakikita namin ang mga pag-iwas Dito, nakikita namin ang ganitong mga bagay.

<sup>373</sup> Nakikita namin ang Iyong mga hinirang na wala sila, sila’y “walang kabuluhan.” Ang ninanais lamang nila’y mapuspos Mo, Panginoon. Ngayon, idinadalangin ko pong payayanigin Mo ang sanlibutan sa pamamagitan nila, sa loob ng kaunting panahon bago ang Pagparito ng Panginoon.

<sup>374</sup> Ngayon sa aming kalagitnaan ay may karamdaman, may mga taong nangangailangan ng pisikal na kagalingan. Hindi namin sila kaliligtaan, Panginoon, sapagkat ang sabi, “Huwag mong kalimutan ang lahat Niyang mabubuting gawa na Siyang nagpapatawad ng iyong lahat na mga kasamaan, na Siyang

nagpapagaling ng ating lahat na mga sakit.” Dalangin namin na ang Kanyang dakilang kapangyarihan ng pagpapagaling ay mapasa bawat isang narito. Kung kaya Mong iligtas ang isang kaluluwa sa isang dako na wala siyang dapat gawin, kundi ituon lamang sa iyo ang kanyang puso, gaano pa kayang mas magagawa mong pagalingin ang isang katawan!

<sup>375</sup> Narito ang mga panyong nakalapag dito. Ipinapanalangin ko po ang mga ito sa Pangalan ng Panginoong Jesus, gaya ng ginawa ng dakilang Apostol Pablo. Nawa’y ang sinuman na magsusuot ng mga panyong ito ay magsigaling. Nawa’y ang mga wasak na tahanan ay mabuong muli. Nawa’y ang batang paslit, na nawalan ng ama, nawalan ng ina, dahil nagkawalay, nawa’y mabuo muli ang tahananang ’yun. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Pagalingin Mo po ang mga maysakit ngayon din, at ang mga nagdurusa, mauwi nawa ang kaluwalhatian sa Iyo.

<sup>376</sup> At, Panginoon, kami na may pagsusumikap na manatiling nakatuon sa itaas ang aming mga sisidlan, nakatuon sa itaas ang aming mga mata, nakatuon sa itaas ang aming mga puso sa Iyo, habang lumalayo sa kalagayang nagdudugtong sa amin sa sanlibutang ito. Sinabi ng Biblia na “Si Abraham ay yumaon mula sa kanyang tahanan at yumaon mula sa kanyang bayan, upang maging manlalakbay sa lupang pangako, ipinapahayag na siya’y ‘hindi taga-sanlibutang ito’ kundi siya ay ‘taga-ibang bayan at isang manlalakbay.’” Sina Abraham at Isaac at Jacob, ang lahat na nagtataglay ng patotoong ito na sila’y “hindi taga-sanlibutang ito,” tahasan lamang nilang ipinapahayag na may isang Bayan na Ang Nagtayo at Ang Gumawa ay ang Diyos, at patungo na sila sa dakong ’yun.

<sup>377</sup> Mabago nawa ang mga puso sa mga oras na ito habang nananalangin ako, Ama, at maglaho nawa ang masasamang ugali. Na sa pagsapit ng gawaing pagbabautismo, magkaroon nawa ng labis na pagkaantig sa gitna ng mga tao, na ang mga taong hindi pa ito napagtatanto dati, nawa’y mahayag na ito. Hayan nga’t sinabi Mong ang lahat ng Iyong tinawag, Iyo—Iyo ngang isusugo.

<sup>378</sup> Ngayon, itinatagubilin ko po itong lahat sa Iyo, Panginoon, sa pamamagitan ng maikling paputul-putol na mensahe mula sa hamak na sisidlan na di katangi-tangi, Panginoon. Dalangin kong sadyang kunin Mo ang mga Salitang ’yun at tunawin ang mga ’yun hanggang sa tumagos sa mga puso ng mga tao, at nawa’y di sila malayo Rito. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Itinatagubilin ko ito sa Iyo ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>379</sup> [Isang kapatid na lalaki ang may ipinahahayag na mensahe—Pat.] Habang nasa pagpapasya kayo, magpasya kayong maigi. “Bakit kayo nag-aalinlangan sa dalawang isipan?” Narinig n’yo na ang Kanyang sinabi. Kung ang Diyos ay



Diyos, maglingkod kayo sa Kanya; kung ang sanlibutan ay diyos, magpatuloy lang kayo dun. Kita n'yo? Kung tama ang daan ng denominasyon, magpatuloy kayo rito; ngunit kung tama ang Biblia, kung ganoon lumapit kayo Rito. Kita n'yo? Piliin n'yo sa oras na ito kung sino ang inyong paglilingkuran.

<sup>380</sup> Samahan n'yo ako, sa kasi ng Espiritu, tayo'y umawit ng isang himno sa mga sandaling ito. Sabi ng Biblia, "Umawit sila ng isang himno at nagsihayo." Awitin natin itong kilalang lumang awitin na ito, *I Love Him*, habang nakayuko ang ating ulo at mga puso sa Kanya.

I love Him,

Ngayon pagpasyahan n'yo kung anong gagawin ninyo.

I love Him

Because He first loved me

And purchased my salvation

On Calvary's tree.

<sup>381</sup> [Sinimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang *I love Him*—Pat.] Buo na ba ang loob n'yong magpasya para kay Cristo? Hindi pagpapasyang, basta salita lang, kundi tanggalin n'yo dapat ang nilalaman ng inyong sarili, "Panginoon, wala akong kabuluhan. Walang magandang makikita sa akin. Itulot Mo pong makalimutan kong lahat ang nalalaman ko. Ngayon pumarito Ka, Panginoong Jesus, huwag Mong itulot na maging lampas-lampasan lang ito sa aking uluhan. Itulot Mong matanggap ko po It at mapuspos ng Iyong Espiritu, Panginoon. Magmula sa araw na ito, ako'y maging ganap na Iyo." Sige manalangin lang kayo ngayon, isang munting panalangin sa Diyos; simpleng, panalangin, mga anak, sige po.

Thou Lamb of Calvary,

Saviour divine; (mangagsisi lamang sa inyong puso)

. . . hear me while I pray,

Take all my sins away,

O let me from this day

Be wholly Thine!

While life's dark maze I tread,

And griefs around me spread,

Be Thou my Guide;

Bid darkness turn to day,

Wipe sorrow, fears away,

Nor let me ever stray

From Thee aside.

<sup>382</sup> [Sinimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang *My Faith Looks Up To Thee*—Pat.] Sa mga nagsisisampalatayang narito, inyo nang tinanggal ang nilalaman ng inyong mga sarili sa harapan ng Diyos, at disididong wala nang makahahadlang pa sa inyo, na di kayo magpapahayag ng anumang kakayahan,

at nais n'yong maging malinaw ito, at kaaya-ayang tapat sa Diyos, may tubig na sa dako ng pagbabautismo, handa na para sa pagbabautismo. Magtungo lang po sa kanan ko ang mga kababaihan, at sa kaliwa ko naman ang mga kalalakihan. Bubuksan na po ang gawain ng pagbabautismo sa ilang saglit. Kayo na mga wala nang nilalaman, nakahanda na kayong di paniwalaan ang sinasabi ng mga ministro, sinasabi ng mga eklesyastikal, sinasabi ng mga denominasyon, bagkus tatahak sa daan ng Panginoon, sasampalataya sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON, magsilapit na po kayo ngayon.

While life's dark maze I tread,

Sa gawing *ito* ang ang kababaihan, kalalakihan sa gawing *ito*. Yan po ang inyong pagtawag sa pagdulog sa altar, "Ang lahat ng nagsisampalataya, ay nagsilapit at nabautismuhan."

. . . my Guide;  
Bid darkness turn to day,  
Wipe sorrow's tears away,  
Nor let me ever stray  
From Thee aside.

<sup>383</sup> Ilan sa kababaihang narito ngayong umaga . . . Sinasabi ko po ito sa Pangalan ng Panginoong Jesus! Ilan sa inyong narito ang ikinahihiya ang kanilang maikling buhok, nagnanais na pahabain ito ng Diyos (sa pamamagitan ng Kanyang biyaya) para sa inyo? Pagpalain kayo ng Diyos.

<sup>384</sup> Ilan sa mga kalalakihan dito ang ikinahihiya nang haya-hayaan lang ang inyong maybahay na manigarilyo, at magsuot ng pantalon na kung tutuusin ay sa inyo?

<sup>385</sup> At ang sabi ng Biblia, "Kasuklam-suklam ito sa paningin ng Diyos." Alam n'yo bang hindi maaaring magpabago-bago ang Diyos? Hindi Siya maaaring magpabago-bago. Iisa lamang ang Kanyang kalikasan, at 'yun ay kabanalan. Hindi Siya maaaring magbago. Kung hindi kayo magiging tulad Niya, ay hindi n'yo Siya makikita, "Kung wala ang pagpapakabanal ang sinuman ay di makakakita sa Panginoon." At kaya nga kung ang pagsusuot ng pantalon ay isang . . . kasuka-suka sa Diyos at ang Kanyang tiyan ay di 'yun masakmura, nasusuka Siya, at *nasusuklam*, "sa karumihan," makaasa pa ba kayo n'yang . . . magtaglay ng ganoong espiritu sa loob ninyo at makapupunta ng Langit? Papaano kayo makapupunta sa Langit na maikli ang buhok, gayong sabi ng Diyos, "Kahiya-hiya sa babae ang magpapatul ng kanyang buhok"? Tinatanggihan ng babae ang mismong kinasasaligan ng pagiging isang—isang asawang babae. Hindi nagbabago ang Diyos. Iyon ang Salita Niya, kaibigan, dapat na makinig ka.

<sup>386</sup> At kayong mga kalalakihan na pinababayaan ang inyong asawa na gawin 'yun, hindi ba kayo nahihiya sa inyong sarili? Hindi ba kayo nahihiya?

<sup>387</sup> Huwag kayong maging gaya ng Unang Ginang ng bansa. Maging gaya kayo ng Diyos! Kita n'yo? Tanggalin n'yo na ang nilalaman ng inyong mga sarili na mga modernong kalakaran ng sanlibutan, upang maibuhos ni Cristo ang Kanyang Sarili sa inyo at mapuspos kayo ng Espiritu Santo.

<sup>388</sup> Hindi Niya magagawa iyon, hindi Niya magagawa ito, ito'y—ito'y laban sa Kanyang mga panuntunan; kakailanganin Niya munang salungatin ang Kanyang Salita, at hindi Niya gagawin 'yun; hindi Niya magagawa iyon hangga't ika'y—ika'y di umaabot sa pamantayan ng Kanyang Salita. Kailangan mong maabot. . . Kailangan nating makaabot Rito bago may ipangyari. Alam nyo 'yan, bawat isa sa inyo'y nalalaman 'yan. Ilan ang naniniwala sa bagay na 'yan, itaas n'yo po ang inyong kamay. Siyanga, naniniwala kayo rito, ngayon gumawa tayo ng bagay ukol dito.

<sup>389</sup> Ang Diyos, ay mahabag sa atin! Higit nga natin Siyang kailangan! Narito nga tayo, sama-sama tayong lahat sa oras na ito. Alalahanin n'yo, sa paghatol, kung ako. . . ako'y kailangan nang tumayo (at maaaring ngayon na 'yan bago sumapit ang gabi) at harapin ang bawat Salitang binitiwang ko. Kita n'yo, kailangan ko 'yung harapin. Ngayon, tandaan 'yong wala na sa mga kamay ko ang kasalanan, hindi ko na ito sagutin pa, wala na ito sa kaluluwa ko, wala na ito sa Diyos.

<sup>390</sup> Kung hindi kayo. . . Kung nariyan kayo sa ganyang kalagayan at hindi n'yo pa rin madamang kinokondena na kayo (whew!), ano—ano—ano pang magagawa n'yo? Hayan nga't mapagtatanto n'yong hindi na nakikipag-ugnay sa inyo ang Diyos, mapagtatanto n'yong napalampas n'yo na Iyon. Kita n'yo? Napalampas n'yo na Iyon. Maaaring napakarelihiyoso n'yo, maaaring kaanib kayo sa mga iglesya at sa kung saan-saan pa, subalit napalampas n'yo na nga Iyon. Pumapasok ang Salita ng Diyos at pinalalapit ang tao. Iyon ang bagay na magpapanumbalik sa kanila. Kita n'yo? Ang Salita nga. Tanungin ko man ang sinumang ministro, sinumang tao, saan man naroon, kung kaya nilang tanggihan Iyon laban sa Salita ng Diyos. Siyanga. Hindi nga maitatangi, kita n'yo.

<sup>391</sup> Kaya sikapin nating maging tunay na mga Cristiano. Kahit nga tayo sa ating pagsusumikap, sa mga nagsusumikap, kailangan tayong maputol at mapakuluan. Siyanga, po, lahat tayo'y kailangang dumaan sa ganoon.

<sup>392</sup> Diyos, mahabag Ka sa akin. Diyos, kunin Mo ako at ihulma ako. Hangad ko, pagkatapos ng sanglinggong ito, na pumaroon sa harapan ng Diyos, upang alamin kung anong susunod kong gagawin. Diyos, kunin Mo po ako. Itong. . . lahat—lahat ng nasa loob ko (at kayrami nito) na walang kabuluhan, Diyos, putulin Mo ito, 'yan nga ang aking panalangin ngayong umaga. Tuliin Mo ang puso ko, mga tainga, ang katauhan ko. Gawin mo ako,

Panginoon, gawin Mo akong maging. . . anuman ang nais Niya sa akin. Iyan ang panalangin ko.

<sup>393</sup> Anupaman ang kailangan kong maging, putulin ito, putulin Mo ako, Panginoon. Ipakita Mo sa akin sa Salita, sabihin Mo sa akin, gagawin ko 'yun. Ang Panginoon nawa ang magsabi, at akin 'yung. . . ako'y lalagak sa dakong 'yun at handang gawin 'yun. Anuman ang sabihin ng Salita ng Diyos, 'yun ang nais kong maging. Nais kong maging isang—isang Cristiano sa Salita ng Diyos, “Mangyaring ang salita ng tao ay sinungaling, at ang sa Diyos ay tapat.” Hindi ba't 'yan dapat ang maging takbo ng panahon, hindi po ba? Na sa ganoon n'yo dapat ito paniwalaan?

<sup>394</sup> Hinahanap mo ba ang lugar para sa pagbabautismo, iho? Sige, sa banda rito, kapatid, huwag ka nang maghintay. Sige, sa gawing ito mismo.

<sup>395</sup> Marami sa inyo ang dapat na pumaparito, mga lalaki at babaing mananampalataya, na kanilang. . . ipinahahayag ang kanilang mga kasalanan, upang mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. (Sa gawing ito, kapatid.) “Sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng kanilang mga kasalanan, at pupuspin sila ng Banal na Espiritu.”

<sup>396</sup> Ngayon, sa mga Katolikong narito, 'yun ang pagpapatawad sa kasalanan. Sinasabi n'yong may kapangyarihan ang iglesya na magpatawad ng mga kasalanan, papaano nagpapatawad ng mga kasalanan ang iglesya? Ang Diyos. . . sinabi nga ni Jesus sa iglesya, “Sinumang inyong patawarin ng mga kasalanan, ay ipinatatawad sa kanila. Sinumang hindi ninyo patawarin ng mga kasalanan, ay hindi ipinatatawad sa kanila.” Papaano silang nagpatawad nung unang panahon, ng mga kasalanan sa unang iglesya? Tinawag nila sila sa pagsisisi, at binautismuhan nila sila sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng kanilang mga kasalanan. Hindi sa pamamagitan ng isang silid-kumpisalan; hindi, talaga. Kundi nagsisi sila sa harapan ng Diyos, sa kanilang mga puso sa pagkakatayo nila roon, at nagsisampalataya sila. “At ang lahat na nangabau-. . . na nanampalataya ay nangabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, at sila ay nangapuspos ng Espiritu Santo.” Amen. Iniibig n'yo ba Siya?

Ngayon magsitayo tayo.

<sup>397</sup> Ngayon, marami ang nais na maghintay para sa gawaing pagbabautismo. May nagnanais pa ba riyang na lumapit, may nagnanais pa ba riyang sumampalataya? Pumarito po kayo, sa alinmang panig; mga kalalakihan sa kaliwa; sa kanan, mga kababaihan. Sampalatayan n'yo ang Panginoong Jesus ng buong puso n'yo, ng lahat ng nasa kaibuturan n'yo.

<sup>398</sup> Ngayon, sama-sama po nating iyuko ang ating mga ulo, habang inuulit nating bigkasin ang huwaring panalanging ito nang sama-sama, dahil nakadarama ako sa mga sandaling

ito ng lubos na pangungunang di ko maipaliwanag. Habang iniyuyuko po natin ang ating mga ulo, samahan n'yo ako sa pananalangin. [Sabay na nananalangin si Kapatid na Branham at ang kongregasyon—Pat.]

*. . . Ama namin Na nasa langit ka, Sambahin nawa ang pangalan mo.*


*Dumating nawa ang kaharian Mo. Gawin nawa ang kalooban Mo, kung paano sa langit gayon din naman sa lupa.*

*Ibigay mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw.*

*At ipatawad mo sa amin ang aming mga kasalanan, gaya naman namin na nagpatawad sa mga nagkasala laban sa amin.*

*At huwag mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama: Sapagka't iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailan man. Siya nawa.*

<sup>399</sup> Manatili po tayo ngayong nakayuko ang ating mga ulo. At hinihiling ko si Kapatid na Neville na pumarito at magbigay ng mga pagbabasbas, para sabihin kung anong nasa puso niya, at pagkatapos ipababatid ang tungkol sa gawaing pagbabautismo na inihahanda na ngayon.

<sup>400</sup> Pagpalain kayo ng Diyos, 'yan ang dasal ko. Idadalangin ko kayo, idalangin n'yo naman ako. Talagang kailangan ko ang inyong mga panalangin. 

*SAKDAL NA KAPANGYARIHAN SA PAMAMAGITAN*  
*NG SAKDAL NA KAHINAAN TAG61-1119*  
(Perfect Strength By Perfect Weakness)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Nobyembre 19, 1961, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)